

Ito ang ISLAM

Isang Nanunuot na Pagtingin
Hinggil sa Pinakamabilis
Lumagong Relihiyon sa Mundo





Isang panghimpapawid na tanawin ng mga Muslim habang patungo sa Ka'bah, na ipinag-utos ni Allāh sa propeta Niyang si Abraham na ipatayo at ipinag-utos naman Niya sa mga Muslim na humarap doon sa pagdarasal nila saanman sila naroon.

THIS IS
ISLAM

دار الدليل المعاصر للنشر والتوزيع ، ١٤٤١هـ

فهرسة مكتبة الملك فهد الوطنية أثناء النشر

باهمام ، فهد بن سالم

هذا هو الإسلام - قلبيني. / فهد بن سالم باهمام - الرياض ،

١٤٤١هـ

١٥٠ ص ، ٢٢ X ١٥ سم

ردمك: ٩٧٨-٦٠٣-٠٣-٢٥٣٢-٠

١- الاسلام - مبادئ عامة أ.العنوان

ديوي ٢١١ ١٤٤١/٢٥٨٠

رقم الإيداع : ١٤٤١/٢٥٨٠

ردمك: ٩٧٨-٦٠٣-٠٣-٢٥٣٢-٠

Ito ang ISLAM

Isang Nanunuot na Pagtingin
Hinggil sa Pinakamabilis
Lumagong Relihiyon sa Mundo

Fahd Salim Bahammam

Unang Edisyon
2021

Modernong Gabay

Ang lahat ng karapatan ay pinangangalagaan



- **Interesado ka ba na magsaliksik** pa tungkol sa ipinapakita o pinalalabas ng media bilang isang kontrobersyal na relihiyon?
- **Naisip mo ba kung bakit marami ang yumayakap** sa Islam? At kung bakit ito ang isa sa pinakamabilis na dumami o lumagong paniniwala o relihiyon?
- **Naisip mo din ba ang ibang kultura** at kung paano naaapektuhan ng kanilang pananampalataya ang kanilang pamumuhay at pananaw sa buhay at sa mundo?
- **Nais mo bang magkaroon ng malinaw** na pag-unawa sa relihiyong Islam sa pamamagitan ng pagbabasa ng tama at hindi kulang o sobra na mga impormasyon?

Kung, 'Oo' ang sagot mo sa mga katanungang ito, kung gayon, isinulat namin ang aklat na ito para sa iyo.

Saan Nagmula ang Qur'an?

86

Ito ay isang lohikal na tanong na agad na sumasagi sa isipan ng tao kapag unang tinalakay ang banal na aklat ng mga Muslim - ang Qur'an - at si Muhammad (s). Bakit dapat nating tanggapin ang pananaw ng mga Muslim tungkol sa kanyang isyu? Hindi ba tayo karapat-dapat na magtanong?

Mga nilalaman



Mga Katanungang Mapapa-isip ka _____ 12

- Ang Relihiyon ng Islam
- Ang Kahulugan ng Salitang '*Islam*'
- Islam ang Relihiyon ng Lhat ng Sugo ng Panginoon



Ang Islam ay Pangkalahatan _____ 16

- Ang Pangangalaga sa Kapaligiran ay Bahagi at Kalakip sa Pananampalataya
- Ang Islam ay Nagpapalaganap ng Kaalaman at Agham
- Ang Islam ay Sumasaklaw sa Lahat ng Aspeto ng Pagpupunyagi ng Tao
- Nagtataguyod ang Islam ng Komunikasyon sa Pagitan ng Magkakaibang Lahi



Ang Nag-iisang Tagapaglikha na Tanging Kaparat-dapat Sambahin _____ 32

- Ang Pagkakaisa sa Pagitan ng Mga Batas ng Sansinukob at Batas sa Islam
- Walang Pagiging Pari sa Islam
- Paano Nagiging Isang Muslim ang Isang Tao?



Ano Ang Katotohanan Tungkol Sa Mga Sugo Ng Allah? _____ 42

- Sila ay Mga Tao
- Ang kanilang mga Antas o Posisyon ay Hindi Dapat Dinaragdagan o Inieksahirado
- Ang Pananaw ng Islam sa mga Propeta at mga Sugo



Ang Pananaw ng Islam kay Hesu-Kristo (AS) _____ 46



Sino ang Sugo o Mensahero ng Islam? _____ 52

- Ang Pangalan ng Sugo ng Islam
- Siya ay isang Sugo sa buong sangkatauhan
- Ang Qur'an ay Ipinahayag sa Kanya
- Siya ang Kabuuan o Selyo ng mga Propeta at mga Sugo
- Isang Maikling Kasaysayan ng Sugo ng Islam - si Muhammad (Sumakanya Nawa ang Kapayapaan)

 Walang kinikilingang Pag-aaral kay _____ **58**
Propeta Muhammad (s)

 Ang ilang mga Aspeto ng Buhay ni Propeta Muhammad at Mataas na Pamantayang Moral _____ **64**

- Kapakumbabaan ● Awa o Habag at Kabaitan ● Katarungan
- Kawang-gawa at Kabutihang-Loob ● Ang Pagtititis at Pagpapaubaya
- Pag-iwas mula sa Makamundong Karangyaan ● Katapatan at Katatagan

 Ang Ilan sa mga Kasabihan ni Propeta Muhammad (s) _____ **74**

 Ang Qur'an: Ang Walang Hanggang Himala ng Islam _____ **80**

- Hindi Mapapantayan sa Dami ng Nagsasaulo
- Retorikal at Sikolohikal na Di-matutularan

 Saan Nagmula ang Qur'an? _____ **86**

- Kasalukuyang mga Paratang
- Bakit Hindi Nalang Natin Ituring na Isang Uri ng Kahenyohan?
- Maari kayang Mula ito sa mga Sinaunang Kasulatan at Binuong Muli
- Isang Mahalagang Makasaysayang Katotohanan
- Ang Bawat Tao Ay May Sariling Pagpapasya

 Ang Pagsamba sa Islam _____ **96**

- Ang mga Haligi ng Islam ● Bakit Moral na Responsibilidad at Sakit
- Panalangin ● Ang Ipinag-utos na Kawang-gawa ● Pag-aayuno
- Ang Peregrinasyon o Pagbisita sa Bahay ng Allah (*Haji*)

 Ang Pamilya sa Islam _____ **112**

- Pinahalalagahan sa Islam ang alituntunin ng pag-aasawa na kinakailangan sa pagbuo ng isang pamilya.
- Ito ay nagpapakita ng paggalang sa bawat miyembro ng pamilya, parehong lalaki at mga babae.
- Hinihikayat nito ang mga bata na bigyan ng karangalan ang kanilang mga magulang at utusan sila na magpakita ng paggalang at pagpapahalaga sa kanila, alagaan sila at ipakita sa kanila ang angkop na pagsunod hanggang sa kanilang kamatayan.
- Ang Islam ay nag-uutos sa mga magulang na pangalagaan ang karapatan ng kanilang mga anak at pilitin sila na gumugol sa kanila ng pantay at pakitunguhan sila ng tama sa lahat ng kalagayan.
- Inuutusan nito ang mga Muslim na panatilihin ang pagkakaisa ng magkakapamilya.

Ang Pamilya sa Islam

112

Ang pagkakaisa ng pamilya ay nanganganib sa maraming mga kadahilanan, at minsan ang isang pamilya ay binubuo ng isang grupo ng mga tao na walang kaugnayan sa isa't-isa na may maraming susi ng iisang bahay.



Meron Nga Bang Pagkakaiba / Salungat Sa Pagitan Ng Relihiyon at Rason

138

Napapagkamalan ng iba ang paniniwala na ang relihiyon ay salungat sa rason at siyensya dahil ang tingin nila sa relihiyon ay ilusyon, haka-haka at hindi makatotohanan ang paniniwalang pinag uugatan, samantalang ang Siyensya at Pilosopiya ay resulta at saligan ng sistematikong kaalaman.



Mga Kababaihan sa Islam ————— 118

- Mga Halimbawa ng Mga Probisyon sa Paggalang sa mga Kababaihan sa Islam
- Ang Islam ay Nagbigay Halaga na ang Kababihan ay Mabigyan ng Ibayong Pangangalaga
- Walang Lugar sa Islam ang Digmaan o Kumpitensya sa Magkaparehong Kasarian
- Ang Relasyon sa Pagitan ng Babae at Lalaki
- Ang Uri ng Relasyon sa Pagitan ng Kalalakhian at Kababaihan sa Islam
- Mga Panuntunan sa Pamamahala ng Relasyon sa Pagitan ng Isang Lalaki at isang Babae na Maaaring Magpakasal
- Bakit Inuutusan ng Islam ang mga Kababaihan na Magsuot ng *Hijab* sa Harap ng mga Lalaki na *Di-Mahram*?



Islamikong mga Tuntuning Pandiyeta — 128

- Ang Baboy ● Mga Nakalalasing
- Ano ba ang Panuntunan ng Qur'an sa mga Inuming Nakalalasing



Kasalanan at Pagsisisi ————— 134



Meron Nga Bang Pagkakaiba / Salungat Sa Pagitan Ng Relihiyon at Rason — 138

- Mga Balakid sa Malinaw na Kaisipan Ayon sa Qur'an



Islam Ang Relihiyon Ng Kapayapaan — 144

- Sa kasalukuyan ang Islam ang pinakamabilis na lumalagong relihiyon sa mundo
- Pinipilit Ba Ang Mga Tao Na Yakapin Ang Islam?



Ang Islam at ang Masamang Pag-uugali ng Ibang Muslim — 150

- Panibagong Pananaw

A person in a dark jacket and pants stands with their back to the camera on a weathered concrete pier. The pier extends into a calm blue sea under a vast, overcast sky with soft, grey clouds. In the distance, some dark, rectangular structures are visible in the water. The overall mood is contemplative and serene.

Mga Katanungang Mapapa-isip ka

Sino Sino ba sa atin ang hindi nagtanong sa ating sarili, "Sino Ako? Saan ako nagmula? Saan ako patungo? Ano ang nangyayari matapos mamatay ang tao? Ano ang layunin ng ating pag-iral? Bakit ako nagsusumikap sa pansamantalang buhay na ito kung sa kaduloduluhan, kamatayan, alikabok at kawalan naman ang hantungan?"

Ang mga Muslim, at mag-ing ang mga tagasunod ng ibang Abrahamic na relihiyon ay naniniwala na ang buhay ay nabibigyan ng kahulugan ng pananampalataya at pagti-wala sa makatarungan na Tagapaglikha at ang buhay sa kabilang buhay ay pinagpala sa mga matuwid at kaparusa-han naman sa mga masama.

Ang salimuot at pagsubok sa buhay ay parte ng plano ng makatarungan at higit na maalam na Panginoon at Tagapaglikha, na Siyang nagsisiguro na ating matatamo ang gantimpala sa kabilang buhay.

Kami ay naniniwala na bukod tang-ing sa pananampalataya lamang sa kataas-tasang Tagapaglikha tayo ay totoong malayang makakapamuhay nang makatarungan, may pagmamahal, pagdadamay, makatotohanan, pagpapasensya at habag, at matatagpuan ang tunay na kahulugan ng ating buhay.

Ang Qur'an, ang Banal na Aklat ng Islam, ay nag sabi sa atin sa 3:191 na yaong mga biniyayaan ng pang-unawa **"...nagmumuni-muni at pinag-iisipan ang mga nilikha mula sa kalangitan at sa kalupaan, at nag sasabi, 'O aming Panginoon, hindi mo ito nilikha para sa wala. Ang papuri ay Sumaiyo!..."**



Ang Arabik na salitang 'Islam' ay binubuo ng maraming kahulugan kasama na ang pagsumite, pagsunod, katapatan, debusyon, kapayapaan at katahimikan.



Hindi maaaring maunawaan ang pagkakasalungat sa buhay, ang tama at mali at ang tunay na layunin ng paghihirap, mga pagsubok at mga pagdurusa ng hindi naniniwala sa isang pantay at matalinong Nag-iisang Tunay na Panginoon at Tagapaglikha na nagsasa-ayos ng lahat ng mga bagay at pangyayari.

Ang Relihiyon ng Islam

Kadalasan ng relihiyon sa buong mundo ay ipinangalan o isinunod sa tao, sa nasyon o bansa kung saan ito nag simula. Halimbawa, ang Kristiyanismo ay ipinangalan mula kay Hesu Kristo, ang Judaismo ay mula sa tribu ni Judah, ang Buddismo ay mula sa titulo o katawagan sa kanilang tagapagtatag at ang Hinduismo ay mula sa India, at iba pa.

Ang Islam, ay hindi hango sa pangalan ng tao, tribu, o grupo. Ito ay hindi para sa partikular na grupo ng sangkatauhan o tinatag ninuman upang magtaglay ng kanilang pangalan. Ito ay tinawag na Islam, na ang kahulugan ay pagsunod, pagsuko at pagtalima sa kagustuhan ng nag-iisang Dakilang Tagapaglikha.

Ang Kahulugan ng Salitang 'Islam'

Ang Arabik na salitang 'Islam' ay nagtataglay ng maraming kahulugan kabilang dito ang pagsuko, pagsunod, taus-puso, pagtangi, debusyon kapayapaan at katahimikan.

Ang *Islam* ay nangangahulugan ng kabuuang pagsuko sa Panginoon, ang Tagapaglikha, ang tunay na Hari at malaya mula sa ibang anyo ng pananampalataya liban pa sa Kanya.

Ito ang kahulugan na ipinaliwanag sa maraming talata ng Qur'an.

Sa 31:22, halimbawa, nabasa natin na sinuman ang sumuko ng taos at buong puso sa dakilang Panginoon, sumusunod sa Kanyang ipinag-uutos at umiwas sa Kanyang mga ipinagbabawal ay katotohanang **"may matatag na pananampalataya o paniniwala"** at kung magkaganun ay makakarating ng ligtas.

Ang Islam ay nangangahulugan ng buong pusong pag suko sa Panginoon, at pagtakwil sa pananampalataya sa iba maliban lamang sa Kanya. Samakat'wid ang tagasunod ng Islam, Ang Muslim ay tumutukoy sa sinuman na sumusuko ng buong puso sa Panginoon, taus-pusong sumasamba sa Kanya, namumuhay ng mapayapa at nagpapalaganap ng kapayapaan.

Subalit, ito ba ang mensahe ng lahat ng Sugo ng Panginoon?

Islam ang Relihiyon ng Lahat ng Sugo ng Panginoon

Sa Qur'an ay malinaw na nakasaad na ang Panginoon ay nagpadala ng mga Sugo / Mensahero sa lahat ng mga nasyon sa magkakaibang panahon upang ituro ang relihiyon ng Diyos. Patungkol kay Propeta Muhammad (s), ang Qur'an (35:24) ay nasasaad na, **"Ipinadala namin sa inyo ang katotohanan bilang tagapagdala ng mabuting balita at magbigay ng babala. Walang nasyon na hindi pinadalhan ng tagapagbigay ng babala."** Kung ganon, ang lahat ng Sugo ng Diyos ay dumating na may parehong relihiyon at hindi sila magkakaiba sa mga prinsipyo ng pananampalataya at moral.

Ang mga Muslim ay naniniwala, kung saan ang huling Propeta na si Muhammad (s) ay sinugo, mahigit 1400 taon na ang nakalipas, at ang

pagkumpleto sa relihiyon na ipinahayag sa lahat ng Sugo at Propeta na nauna sa kanya. Kinikilala at nirerespeto ng mga Muslim ang mga Sugo at Propeta na binanggit sa Bibliya at sa Torah. Sa Qur'an (2:136) obligado sa mga Muslim ang maniwala sa lahat ng kapahayagan na ipinadala sa mga naunang Sugo ng Diyos, gaya nina Abraham, Isaac, Jacob, Moses at Hesus.

Sa Qur'an (2:132) nakalahad sa atin ang kautusan ni Abraham sa kanyang mga anak bago ang kanyang kamatayan, katulad ng paglalahad ng kay Jacob sa kanyang mga anak, sinabi sa kanila na ang Diyos ay pinili ang tunay na relihiyon para sa kanila at nagbigay ng babala na huwag silang abutan ng kamatayan maliban na nasa ganap na pag sunod / pagsuko sa Diyos. Kagaya mismo ng Muslim (na ganap na sumusuko).

Ang mga Muslim ay naniniwala na ang kahalagahan o hilagyo ng Abrahamic na relihiyon ay pareho, may pagkakaiba lamang dahil sa kultura, kaugalian, pagkakaiba ng salin o interpretasyon ng tao, subalit si Muhammad(s) ay ang huling Sugo sa lahat ng mga Sugo, ay ipinadala sa lahat ng sangkatauhan na may kumpleto at huling banal na batas (Ang Qur'an 3:19).

Kaya naman ang Qur'an (3:19) ay malinaw na nagpahayag na iisa ang relihiyon, at ito ay ang Islam, At ang pagkakaiba-iba na ating nakikita mula sa mga taga sunod ng ibat-ibang relihiyon sa larangan ng paniniwala ay malinaw na pagbaluktot na naglalayo sa kanila mula sa tunay na mensahe na dinala sa kanila ng kanilang mga Sugo.



Ang Islam ay Pangkalahatan


Salungat

Salungat sa paniniwala ng karamihan, wala sa 20 porsyento ang populasyon ng mga Muslim sa buong mundo ang Arabo. Kahit ang Qur'an ay ipinahayag sa wikang Arabik, hindi ito nangangahulugan ng pagkakakilanlan sa mga Arabo o nagbabanggit ng anumang pagkiling sa kanilang lahi o etnikong grupo. May mga Muslim mula sa ibat-ibang rehiyon at itnikong pinagmulan; sa ngayon ang may pinakamalaking bilang ng populasyon ng Muslim ay Indonesia, at tulad ng mga Muslim sa India, doon ang bilang ng minorityang relihiyon ay higit na mas malaki pa sa pinakamalaking bansa ng mga Arabo.

Kami ay naniniwala na Ang Islam ay dumating bilang habag at gabay sa sangkatauhan. Tulad ng nababanggit sa Qur'an (21:107) Ipinadala ka namin [O Muhammad] bilang habag sa mundo." Ang Islam ay nagpapamalas ng malawakang pananaw sa pagkakaiba-iba at pagkakapantay-pantay ng mga tao na hindi mapapantayan ng ibang sistema.

Sa Qur'an, binabanggit ang kabuuang saklaw ng Islam kahit ano pa ang relihiyon o lahi. "O sangkatauhan nilikha namin sa inyo ang lalaki at babae at ginawa kayong mga nasyon at tribu upang kayo ay magkakilanlan. Katotohanan, ang pinaka kagalang-galang sa inyo sa paningin ng Panginoon, ay yaong mga relihiyoso at masunurin. Ang Panginoon ang Pinaka-Maalam, ang higit na Nakababatid." (49:13)

Binibigyang diin ng talata na ito na tayo ay magkakapatid mula kay Adan at Eba, nakatakda at tinipon upang magtulungan sa isat-isa. At sinasabi din nito na ang tanging paraan upang iangat ang ating antas ay ang sambahin ang Panginoon at mamuhay nang naaayon sa pagsunod, pagsuko at pagtalima sa Kanya lamang.



Si Muhammad (saw), ang Sugo ng Islam.

"O sangkatauhan! Ang iyong Panginoon ay Nag-iisa at ang iyong ama [Adan] ay nag-iisa. Ang mga Arabo ay hindi nakatataas sa isang hindi Arabo, o ang isang di-Arabo ay hindi nakatataas sa isang Arabo; ang isang puting tao ay hindi nakatataas sa isang maitim na tao, o ang isang maitim na tao ay hindi nakatataas sa isang maputing tao maliban na lamang sa kabanalan.

Taong
630 CE

Itinuturo din ng Qur'an na ang pagkakaiba-iba ng wika, kulay at kultura ay isang regalo, at isa sa mga simbolo ng malikhaing kapangyarihan ng Diyos, katulad sa kadakilaan sa paglikha ng kalangitan at kalupaan. Sinasabi din nito na tanging ang mga mapang-unawa lamang ang nakakakita at nakaka-unawa sa ganitong mga palatandaan.

Ang ating modernong lipunan ay nagbibigay ng mga karapatang pantao sa mga kasunduan at organisasyon. Sa Artikulo 1 ng Universal Declaration of Human Rights (UDHR) na pinagtibay noong 1948 ay nagsasaad na "Ang lahat ng tao ay malaya at magkakapantay ang dignidad at karapatan." Subalit sa Islam ay matagal nang nakasaad at nakapaloob ang prinsipyong ito sa nagdaang 1400 na taon. Sinabi ni Propeta Muhammad(s) sa kanyang pananalita, "O mga tao, ang Panginoon ninyo ay isa at ang inyong ama [Adan] ay isa. Ang Arabo ay hindi nakahihigit sa sinumang hindi Arabo at gayon din ang hindi Arabo sa isang Arabo. Ang isang maputi ay hindi nakahihigit sa maitim at ganun din ang maitim sa maputi, maliban sa kanilang pagkatao." (Ahmad: 23489)



Ang Pandaigdigang Deklarasyon ng Karapatang Pantao (UDHR)

Kung saan itinalaga na "ang lahat ng mga tao ay ipinanganak na malaya at pantay sa dignidad at mga karapatan."

Taong
1948

Ang Pangangalaga sa Kapaligiran ay Bahagi at Kalakip sa Pananampalataya:

Itinuring ng ilang mga pilosopo na ang tao ay ganap na Panginoon o nagmamay-ari ng sansinukob na ito, na kumikilos para sa sarili niyang kapakanan ayon sa kanyang mga ninanais, na siya'y walang tagasubaybay, na siya'y hindi mananagot, kahit na kung ito ay humantong man sa pagkasira ng bahagi ng kalikasan o kasiraan ng ibang nilalang. At kabaliktaran nito, itinuturing naman ng ilang mga pilosopo na ang tao ay walang ikinahihigit sa iba, na ito ay isa lamang sa milyonmilyong uri ng mga nilalang. Kaya ano naman ang pananaw ng katuruang Islam tungkol sa kaugnayan ng tao sa uniberso?

Ang pananaw ng Islam sa ugnayan ng tao sa sansinukob ay pag-unawang pang-relihiyon at teoretikal na mga pananaw, at ang Qur'an ay nagpapaloob ng detalyadong mga alituntunin upang matumbok ang kaugnayan sa tao, hayop, lupain, at mga yaman ng kalikasan.

Ang Qur'an ay malinaw na nagpahayag na ang ang Panginoon ay pinarangalan ang tao at nakikilala siya mula sa iba pang mga nilalang (17 Isra: 70) at nilikhang tagaserbesyo sa kanya ang uniberso at mga nilalang sa paligid niya ay nilikha upang pakinabangan niya, at kanyang pangalagaan (14 Ibrahim: 32-33) Kaya ang tao ay hindi

basta-bastang uri mula sa milyonmilyong iba pang uri ng mga nilalang na walang ipinagkaiba, kundi siya ay isang nilalang na pinarangalan at kagalang-galang, ginawang mapagkumbaba para sa kanya ang kapaligiran upang kanyang pakinabangan (2 Baqarah: 29).

Kasabay nito, binigyang diin sa atin ng Qur'an na ang tao ay hindi Panginoon ng sanlibutan na aasal sa kung ano nalang ang ninanais, at ang kanyang katayuan at karangalan ay hindi nagbibigay sa kanya ng karapatang sumira sa kapaligiran at umabuso sa yaman ng kalikasan, binibigyang diin nito na ang Soberano ay ang Tunay na Diyos, ang Tagapaglikha, ang gagampanan at posisyon ng tao ay namalagi sa pagiging kahalili sa salit-salitang pamamahala sa kalupaan, na ginawa siyang tagapag-alaga, may karapatang gumamit at makinabang, at inutusan magpatuloy sa pagpapaunlad at pagpapalago, nang walang kapinsalaan at kasiraan sa tao at sa iba pang nilalang (Hud 11 :61, 2 Al-Baqarah: 30)

Ang batas Islamiko, o Shari'ah, ay mahigpit na nagtagubilin sa mga tao ukol sa relasyon ng bawat isa at sa uniberso na nakapaligid sa kanila.

Ang ilang mga mga halimbawa ay narito.

1. Pangangalaga Sa Mga Hayop:

Maraming mga pahayag na nagsulong sa karapatan ng mga hayop na nagmula kay Propeta Muhammad sumakanya nawa ang kapayapaan, ipinangako niya na ang sinumang magpapamalas ng kabutihan sa mga hayop ay may nakalaang gantimpala sa kabilang-buhay, samantalang may matinding kaparusahan sa mga nagmamalupit sa mga ito.

Habang ang unang asosasyon para sa karapatan ng mga hayop ay itinatag sa Britanya noong 1824 na pinangalanang Royal Society for the Prevention of Cruelty to Animals (RSPCA), at ang unang batas na kilala sa modernong panahon na kinilalang krimen ang pang-aabuso sa hayop ay sinang ayunan sa Britanya noong 1949. Ang Islam noon pang higit sa 1400 taon na ang lumipas. Maraming mga kasabihan ang galing kay Propeta Mohammad (s) na nagbabawal sa pang-aabuso sa

mga hayop, gaya ng di pagpapakain sa kanila at pagmamalupit. Pag-talaga sa kanila ng mga gawain na di nila kaya, o pagpapahirap sa kanila para sa kasiyahan ng mga tao. Ang mga nakagawiang ito ay bantog at makikita sa mga aklat na para sa batas pang Islamiko.

Ang isang mambabasa ay maaaring magkaroon ng kamalayan sa lawak ng pagpapahalaga ng Islam sa kabutihang ukol sa hayop kapag natung-hayan niya ang pahayag ni Propeta Muhammad –sumakanya ang Kapayapaan – tungkol sa isang babaeng baryan (napakalubhang kasalanan ang prostitusyon), nakakita ito ng isang aso na halos mamatay na sa uhaw, at siya'y naawa, tinanggal niya ang kanyang sapatos, at pinuno ng tubig mula sa balong malalim, at pinainom mula rito ang aso. Pinatawad ng Diyos ang kanyang kasalanan nang dahil sa kabutihang ito (Al-Bukhari: 3280).

2. Pangangalaga sa mga Hala-man at Agrikultura

Hinihikayat ng Islam ang pangangalaga sa mga halaman at agrikultura, maging para sa sariling kapakanan man o para pakinabangan ng kapwa tao o para sa iba pang nilalang sa kapaligiran!

Halimbawa nito ay ang ipinabatid ng Propeta Muhammad – sumakanya ang Kapayapaan – na walang sinumang nagtanim o tumulong sa pagpatubo ng itinanim, na pinakinabangan ng mga nilalang, kaya kumain mula rito ang ibon, o kapwa tao, o mga hayop, liban nalang na ito ay para sa kanya ay tinuturing na isang gawaing kawanggawa na kanyang nagawa (Al-Bukhari: 2320).

Higit pa rito, ang Propeta Muhammad – sumakanya ang Kapayapaan - ay nanawagan sa mga Muslim na kahit na sa pinakamadilim at pinakamahirap na mga kalagayan ay walang sasayanging pagsisikap para sa pangangalaga ng kapaligiran, at pagpapalago ng lupain at pagpapaunlad ng agrikultura, kahit na kung nasa katiyakang hindi na niya mismo ito mapakinabangan. Sinabi ng Propeta (o ayon sa salin ng kanyang sinabi): Kapag nagsisimula na ang kaganapan ng Araw ng Paghuhukum, at ang isa sa inyo ay may hawak-hawak na punla, ay madaliin niyang ito ay maitanim hangga't maaari, upang ang gawaing ito para sa kanya ay mai-bilang na kawanggawa (Ahmad: 12981).

Nangangahulugan ito na ang pag-sasaayos ng lupa at pagpapabuti nito ay isang layunin ng Islam at kabilang sa mga gawaing pagsamba, kahit na sa pinakamahirap na kalagayan, ay walang makakapigil sa pag papaunlad ng kapaligiran natin.


3. Pangangalaga sa Likas na Yaman

Ang Islam ay nagbigay-diin sa pangangalaga sa kapaligiran, at hindi

pag-aaksaya ng mga pinagkukunan ng yaman nito, o pagdudungis at pagsira ng mga ito, at naglahad ng kompletong programa hinggil dito para sa tao, na naaayon sa prinsipyong “Ang pag-iwas ay mas mahusay kaysa sa lunas”. Kabilang dito: ang pagsisigurado sa personal na kalinisan at paglililaw sa mga detalye ukol dito; ang pag iwas na magkaroon ng kontaminasyon sa mga pinagmumulan ng likas na yaman; ang hindi pag-aksaya; at ang pagbabawal sa mga sanhi ng kasiraan at pagkamadungis. Ang mga halimbawa nito ay ang sumusunod:

- Ang Islam ay nagbabawal sa pag-aaksaya sa mga likas na yaman, lalong-lalo na ang tubig, kahit na sa paggamit nito sa gawaing pagsamba, sa paghuhugas bago manalangin.
- Pinagbawalan ang mga tao sa pag monopolisa sa mga likas na yaman sa paraang magdudulot ng pinsala sa iba. Kaya ipinagbawal nito ang pagharang sa iba sa patubig (halimbawa ng likas na yaman), at apoy (halimbawa ng enerhiya) at pastulan (bilang halimbawa ng pinagmumulan ng pagkain) (Abu Dawood 3477).
- Ipinagbabawal ang lahat ng bagay na nakakapinsala sa kapaligiran. Halimbawa, ipinagbabawal ang pag-ihi sa mga hindi gumagalaw na tubig, at ito ay maaring maging sanhi ng polusyon. Ipinagbabawal ang pagtugon sa tawag ng kalikasan sa mga daan at mga lilim dahil ito ay daanan ng tao at ang lilim ay lugar na ginagamit sa pagpapahinga.

Ang mga ito ay iilan lamang sa mga halimbawa na hindi kakaiba sa pamamaraang iginabay ng Islam, ang pangangalaga at kalinisan ng kapaligiran, at ang pakikilahok sa kaayusan nito, maging ang pagtanggap ng mga maliliit na nakakasagabal sa kalsada, ay itinuturing na marangal ng Sugo na hindi lamang mabuting gawa bagkus bahagi at kalakip ng tunay na paniniwala (Muslim 35).



Ang maayos na pag-aalaga sa kapaligiran tulad ng minsang ipinahayag ng Sugo (s) ng Islam, na ito ay parte at isang bahagi ng pananampalataya.

Ang Islam ay Nagpapalaganap ng Kaalaman at Agham:

'IQRA' (Basahin), ang siyang unang salita na ipinahayag ng Qur'an kay Propeta Mohammad (s). Ang mga naipahayag sa Qur'an at ang mga sinabi ng Propeta Muhammad – sumakanya ang Kapayapaan – ay nagbigay diin na ang Islam ay sumusuporta sa lahat na larangan ng Agham na kapaki-pakinabang sa sangkatauhan. At naipaliwanag na ang landas tungo sa pagsaliksik ng kaalaman na tatahakin ng isang Muslim ay siyang landas na maghahatid sa kanya sa Harden sa Kabilang-Buhay, tulad ng sinabi ng Sugo – sumakanya ang Kapayapaan – (ayon sa salin ng kahulugan) : “Sinuman ang tumahak sa landas upang magsaliksik ng kaalaman, papadaliin ng Diyos para sa kanya ang landas tungo sa Harden sa Kabilang-Buhay” (Muslim 269g).

Sa isang kahanga-hangang paghahambing ipinaliwanag ng marangal na Sugo (s): na ang pangunguna sa kahusayan ng isang taong maalam kung ikumpara sa isang debotong tagapagsamba ay tulad ng pangunguna ng marangal na Sugo na si Muhammad (s) kung ikumpara sa taong may taglay ng pinaka-mababang kahusayan (Tirmidhi 2685).

Dahil dito, walang naging pagtatalo sa pagitan ng Islam at Agham, hindi tulad sa nangyari sa ibang mga relihiyon. At hindi nangyaring may isinakdal na maalam ng dahil sa kanyang siyentipikong pananaw at konklusyon, hindi tulad ng kaso sa 'Dark Ages' sa maraming mga bayan sa Europa . Bagkus kabaliktaran nito, ang Islam ang siyang ilaw ng kaalaman, tagapagsuporta, at tagapag-anyaya tungo dito, sa mga nagtuturo at mga gustong matuto, ang mga masjid na bahay-dasalan ay naging parola ng iba't ibang larangan ng Agham at Kaalaman, hangga't itong mga 'to ay kapaki-pakinabang sa sangkatauhan.

Hindi kataka-taka kung gayon, na ang karamihan sa mga Muslim na tanyag sa siyentipikong kaalaman ay nagsimula sa kanilang buhay sa pagsasaulo at pag-aaral ng Qur'an, at pag-uunawa sa mga alituntunin ng Islam, at pagkatapos ay nagpatuloy at nangunguna sa kani-kanilang mga naging larangan sa siyensya.

Pinarangalan ng Diyos ang taong maalam na nagturo sa mga tao; Si Propeta Muhammad, sumakanya ang Kapayapaan ay nag sabi (ayon sa salin ng kanyang sinabi): Tunay na ang lahat ng mga nilalang ay nananalangin para sa nagtuturo ng kabutihan sa mga tao. (Tirmidhi 2685).

“

Ang karamihan sa mga siyentipikong mga Muslim at mga manggagamot ay nagsimula sa kanilang mga buhay sa pamamagitan ng pag-aaral at pagsasaulo ng Qur'an, na humimok sa kanila na maging magaling sa ibat-ibang uri ng agham at iba pang mga larangan.

Ang Ibang Mga Muslim na Syentipiko

1. **Si Al-Khawarizmi** (Baghdad, 850-790): Ang isang bantog na dalub-agbilang (daluhasa sa math), astronomo at geometriya, sa kanya ay walang kumontra, ang orihinal na imbentor ng algebra. Sa kanya nagmula ang mga salitang Arabe na tulad ng algebra at zero at kalaunan ay hiniram naman ng mga European.




2. **Si Ibn Al-Haytham** (Cairo, 965-1040): Mas madalas na kilala ng Latinised na bersyon ng kanyang unang pangalan, Alhazen, siya ay isang pisiko, isang dalub-agbilang at isang astronomo na gumawa ng malaking kontribusyon sa mga prinsipyo ng optika, astronomiya at matematika, bukod sa iba pang mga agham. Ang mga prinsipyo ng pag-imbento ng camera ay maiuugnay sa kanya. Sa katunayan, ipinakita ng mga linguista na ang salitang camera ay nagmula sa Arabik na qumra, o madilim na silid, na imbento niya. Ginawa ni Ibn al-Haytham ang camera obscura upang ilarawan ang prinsipyo na ang liwanag ng ilaw, na nakalarawan mula sa isang naipaliwanag na bagay ay dumadaan sa isang maliit na butas sa isang madilim na silid at ipapalabas ang isang imahe ng bagay na baligat.



3. **Si Al-Biruni** (Chorasmia, 973-1048), na kilala bilang Alberonius sa Latin at Al-Biruni sa Ingles: Siya ay isa sa mga pinakadakilang iskolar ng medyeal na kapanahunan ng Islam at mahusay na dalubhasa sa pisika, matematika, astronomiya at likas na siyensiya, bukod sa iba pang mga larangan ng interes. Inilarawan niya ang grabitasyon ng Daigdig at ang unang siyentipiko na nagsabi na ang lupa ay umiikot sa paligid ng aksis nito habang iniikotan ang araw.



4. **Si Az-Zahrawi** (Andalusia, Muslim Spain, 936-1013), kilala sa Kanluran bilang Albucasi: Siya ay isang Muslim na siruhano na inilarawan ng marami bilang ama ng modernong operasyon. Ang kanyang mga gawa, na kung saan ay isinalin sa maraming mga wika, ay nagsilbi bilang pangunahing mga libro ng sanggunian sa medisina at operasyon sa maraming mga siglo. Sa katunayan, ang kanyang mga nangunang kontribusyon sa larangan ng mga pamamaraan ng pag-opera at instrumento, na inilarawan sa kanyang mga libro, ay nagkaroon ng malaking epekto sa Silangan at Kanluran na rin sa modernong panahon.




5. **Si Ibn Sina** (Bukhara, Uzbekistan, 980-1037), karaniwang kilala sa pamamagitan ng kanyang ginawang Latin na pangalan na Avicenna: Siya ay isang kilalang doktor at pilosopo na ang mga talento at kasanayan ay pinaka makabago para sa kanyang panahon. Inilarawan niya ang maraming mga medikal na phenomena at inireseta ang kanilang paggamot. Nagtaguyod din siya ng siyentipikong pananaliksik sa kanyang mga medikal na pag-aaral at natamo ang markadong mga natuklasan na balido pa rin magpahanggang ngayon. Ang kaniyang *The Canon of Medicine* ay isang pamantayan sa medikal na awtoridad sa loob ng maraming siglo, at ginamit bilang isang pamantayan sa medikal na teksto sa Europa hanggang sa kalagitnaan ng ika-17 siglo.



Bilang isang nangungunang tao sa larangan ng medisina, nagbigay siya ng libheng medikal na pangagamot sa mga pasyente, kapwa bilang isang makataong kilos at bilang isang paraan ng pagpapahayag ng pasasalamat sa Diyos sa iginawad na regalo ng kaalaman sa kanya.

6. **Si Ibn An-Nafees** (Damascus, 1213-1288): Siya ay isang bantog na iskolar ng batas ng Islam at isa sa mga pinaka-kahanga-hangang doktor at Physiologist sa kasaysayan ng tao. Siya ay kilala bilang unang nakatuklas at naglarawan ng sirkulasyon ng baga. Isinulong din niya ang ilang medikal na mga teorya na balido pa rin magpahanggang ngayon.



Ang Islam ay Sumasaklaw sa Lahat ng Aspeto ng Pagpupunyagi ng Tao

Ikinagulat ng karamihan, na ang Islam ay hindi lamang isang hanay ng mga ritwal, gawain at pangkalahatang mga aral na moral, katulad ng maraming iba pang mga pananampalataya.

Sa katunayan, ang Islam ay hindi limitado sa nakasanayang pagpunta sa mga Moske upang magdasal at manalangin.

Hindi lamang ito mga pananaw at paniniwala na isinulong ng mga tagasuporta nito, ni ito ay isang komprehensibong sistemang pang-ekonomiya at pangkapaligiran lamang, o ito lamang ay isang hanay ng mga alituntunin at prinsipyo para sa pagtatayo ng lipunan at isang sistema, o ito ay isang hanay lamang ng mga kabutihang asal at mga kaugalian.

Ang Islam ay isang komprehensibong paraan ng pamumuhay. Hindi nito pinigilan ang kalayaan ng mga tao dahil ito ay nagpapaluwag sa kanilang buhay upang ang mga pag-sisikap ay nakatuon sa pagkamalikhain at pagbuo ng sibilisasyon. Sa katunayan, ito ay isa sa mga pinakadakilang biyaya, tulad ng itinuturo ng Qur'an (5: 3), na ibinigay ng Diyos sa sangkatauhan.

Si Salman Al-Farisi, isa sa mga kasamahan ng Propeta (s), ay minsang sinabihan ng isang di-Muslim na, "Ang Inyong Propeta ay nagturo sa inyo ng lahat, kahit na ang tamang pamamaraan ng pag-ihi at pagbabawas." Sumagot si Salman, "Oo, ginawa niya talaga" pagkatapos ay ipinaliwanag sa kanya ang tuntunin ng magandang asal ng paggamit ng banyo (Muslim: 262).



Ang Islam ay isang komprehensibong paraan ng pamumuhay, kung saan sumasaklaw ito sa lahat ng aspeto at lawak ng buhay ng walang pagtatangi.

Ang Islam sa Buhay na Ito at sa Kabilang Buhay

Ang mga sinaunang taga-Ehipto ay ginagawang momya (mummy) ang kanilang mga patay at inililibing ang mga ito kasama ang pinakamahahalagang mga ari-arian dahil iniisip nila na kakailanganin nila ang mga ito sa kabilang buhay.

Ang mga Budhistang Tibet ay nagsasagawa pa rin ng libing sa kalangitan, kung saan ang bangkay ng isang tao ay pinaghihiwa-hiwalay at pagkatapos ay ikinakalat sa tuktok ng mga bundok para sa mga buwitre at mga mangangain ng karne.

Ang mga Hindu ay nag-kecremate (nagsusunog) pa rin sa kanilang mga patay dahil naniniwala sila na ang pagsunog ng isang patay na katawan ay nagpapahiwatig ng pagpapalaya ng espiritu.

Ang mga ito ay ilan lamang sa mga halimbawa kung paano nagpapaalam sa mga patay ang mga tao. Ang lahat ng kultura ay nagtanong, mayroon bang buhay pagkatapos ng buhay? Ano ang kailangan natin doon?

Ang mga sagot sa mga tanong na ito ay mahalaga sa lahat; Ang kamatayan ay ang tanging may katiyakan lamang sa buhay, at dumarating sa lahat, anuman ang relihiyon o estado ng paghahanda.

Kahit na subukan nating kalimutan ang ating hantungan na panghabangbuhay, madalas kaparing mapapa-isip kung ang kamatayan ba ay ang tunay na katapusan, o ang ating pag-iral ba ay walang halaga.

Ang Qur'an ay tumutukoy dito sa maraming paraan, at nagpapa-alala na sa Araw ng Paghuhukom ay marami ang magsisisi sa hindi pagsunod at paghahanda bago lumisan sa mundong ito, at sasabihin, "O, kung nakapaghanda lamang ako ng mas maaga para sa buhay ko! (89:24); ang ilan sa kanila



Ang kamatayan ay tunay at totoo na dapat tanggapin ng pangkalahatan ng walang pag-aalinlangan at naghihintay sa ating lahat na walang makakaligtas – naniniwala man tayo sa buhay sa kabilang buhay, o kahit na ang ating mga paniniwala ay limitado lamang sa makamundong bagay na nararamdaman ng ating mga isipan.

ay mananangis sa kanilang kapalaran, sasabihin, "O, kung ako lamang sana ay isang Alabok!" (78:40)

Hindi lihim na ang relihiyon ni Abraham ay naniniwala sa hinaharap, at sa gantimpala at kaparusahan. Ito ay tunay na isa sa pinakatapat na mga mensahe kung saan pinadala ito sa lahat ng mga Sugo. Dagdag pa dito, sinabi sa atin na ang buhay, relihiyon at kabuti-

Ang lahat ng mga tagasunod ng dakilang relihiyon ay naniniwala sa buhay sa kabilang buhay at sa gantimpala at kaparusahan.

hang asal ay walang kahulugan kung wala ang buhay sa hinaharap, kung saan ang mga tao ay gagantimpalaan at parurusahan sa kanilang mga gawa.

Ang ilan ay nagkakamali sa paniniwala na ang relihiyon at pagsamba ay hindi maaaring pagsamahin, ang kasiyahan, libangan, pag-unlad at pagtamo ng kayamanan, at ang tao ay dapat lamang na mabuhay kung hindi para sa buhay na ito o di kaya ay para lamang sa hinaharap.

Mahirap para sa ilan sa kanila na maniwala na ang hadlang sa pagitan ng pagsamba at kasiyahan, o sa pagitan ng pagsamba at kayamanan ay hindi umiiral sa Islam. Sinabi sa atin ni Propeta Muhammad (s), na ang isang tao ay gagantimpalaan sa lahat ng gawaing ginawa na may mabuting layunin, kahit na ito ay isang maliit na gawain tulad ng pag-alis ng isang matulis na bagay mula sa daanan, o paglalagay ng isang subong pagkain sa bibig ng kanyang asawa. (Al-Bukhari: 56).


Nang minsang sinabihan ni Propeta Muhammad (s) ang kanyang mga kasamahan na ang paraan sa paggawa ng mabuti ay iba-iba at walang katapusan, nagbigay siya sa kanila ng isang halimbawa, na nagdulot sa kanila ng higit na pagkamangha. Kanyang (s) sinabi, "...At ang sekswal na gawain ng bawat isa sa inyo ay isang kawang-gawa." Sila ay nagtanong, "Paano kami gagantimpalaan sa pagpawi ng aming sekswal na hangarin? Kanyang (s) sinagot, "Kung papawiin mo ito ng labag sa batas, magkakaroon ka ba ng kasalanan?" "Oo, kanilang sinagot. "Gayundin, kanyang (s) sinabi, sa pamamagitan ng pagpawi nito ayon sa batas (kasama ng iyong asawa), tiyak na ikaw ay gagantimpalaan para dito." (Muslim: 1006).

Binibigyang-diin ng Islam ang kahalagahan sa pagkakaroon ng isang mahusay na balanseng buhay. Habang mahigpit nitong ipinag-uutos sa mga tao na magmadali sa pagsamba sa Allah upang magantimpalaan sa kabilang buhay, kasabay nito, ay ang paghimok sa kanila na magsumikap sa mundong ito na hingin ang biyaya ng Allah at kumita ng ikabubuhay.

Sa mga nag-aaral tungkol sa Islam ay maaaring mapansin ang balanseng katuruan ng relihiyon sa pagitan ng kasalukuyan at sa susunod na buhay. Habang ang Qur'an ay inuutusan ang mga tao na magmadali sa pagsamba sa Allah upang magkamit ng gantimpala sa kabilang-buhay, binibigyang-diin nito ang kahalagahan ng pagsusumikap sa mundong ito, at upang hingin din ang pagpapala ng Allah (62:9-10). Yamang ang Islam ay sumasaklaw sa lahat ng aspeto ng buhay, ang lahat ng gawain ng mga tao ay itinuturing na gawaing pagsamba hangga't ito ay ginagawa ng may malinis na hangarin. Ang isang Muslim ay kailangang sumamba sa Allah sa pamamagitan ng maayos na pagsasagawa ng kanyang trabaho upang kumita ng ikabubuhay, pagpapalaki ng kanyang mga anak, pag-iingat sa kanyang kalusugan at kanyang kapaligiran at pagpapaunlad ng lipunan sa abot ng kanyang makakaya, tulad ng pagsamba niya sa Allah sa pamamagitan ng mga pagdarasal, pag-aayuno at pagbibigay ng kawang-gawa.

Ito ang isang lihim sa likod ng pangkaisipang kabutihan at panloob na kapayapaan na mararanasan ng isang Muslim pagkatapos maramdaman ang pagkakaisa sa umiiral sa Islam sa pagitan ng buhay dito sa mundo at buhay sa hinaharap, at sa pagitan ng kasiyahan at pagsamba. Walang anumang pagkakasalungat sa pagitan ng mga ito; sa halip, ay pinupunan nila ang bawat isa.

Ang Qur'an ay nagbibigay ng kasabihan sa isang Muslim tulad ng mga sumusunod: Itinatalaga ko ang aking sarili sa lahat ng aspeto ng pagsamba sa Allah, at hindi lamang mga panalangin at ang aking mga debosyon, at ako ay umaasa sa gantimpala na mula sa Kanya sa pagsasagawa ko ng mga ito. Siya lamang ang tanging hahatol sa aking mga gawain at magbibigay sa akin ng gantimpala para sa mga ito pagkatapos ng kamatayan, gayundin sa pagsunod sa kautusan ng Allah at Kanyang relihiyon, ang Islam (6:162).



Nagtataguyod ang Islam ng Komunikasyon sa Pagitan ng Magkakaibang Lahi

Ang isang manuskrito na isinulat ni Ahmad ibn Fadhlān, ang kilalang Muslim na manlalakbay, ay kumakatawan sa pinakaunang kilalang saksi ng buhay at lipunan ng mga Ruso at Viking. Sa ganitong manuskrito, inilarawan niya ang malinaw na mga detalye ng mga pangyayari na naganap sa mga bansang ito sa kanyang panahon.

Noong 921 CE, sinimulan ni Ahmad ibn Fadhlān ang maaaring ituring na pinakamahalagang paglalakbay sa pangkulturang komunikasyon sa Gitnang mga Siglo. Iniwan niya ang Baghdad, ang dating kabisera ng agham at sibilisasyon, bumisita sa maraming bansa at nakatagpo ng maraming mga tao. Itinala niya ang lahat ng mga pangyayari na nasaksihan niya sa isang manuskrito, na natagpuan sa Russia. Ang kanyang mga karanasan ay nailathala sa unang pagkakataon sa anyong libro noong 1923.

Sa kanyang aklat na, "Eaters of the Dead," ang may-akda na si Michael Crichton ay muling naikwento ang bahagi ng kuwento ni Ahmad ibn Fadhlān, at sinabi na ang mga Arabo ng Baghdad ay mga "Muslim at mahigpit na nagsasabuhay sa relihiyon na iyon. Ngunit sanay din sila sa mga tao na tumitingin, kumikilos at naniniwala sa iba mula sa kanila. Ang mga Arabo ay, sa katunayan, ang may pinaka mababang taga lalawigang mga tao sa mundo ng panahong iyon, at ito ay napakaganda sa pag obserba ng mga taga ibang bansa." (HarperCollins publishers, 1976, p. 10)



Ang Islam ay nag-utos na ang mga tagasuporta nito ay makipagtulungan sa ibang mga tao at magkaroon ng aktibong partisipasyon sa reporma ng pagtatatag ng sibilisasyon. Tinawag tayo upang makipagtulungan at makipag-usap sa mga nasa paligid natin na may pinakamataas na antas ng etikal na pag-uugali sa kabila ng kultura at pagkakaiba sa relihiyon. Ang pagbubukod at paglayo sa lipunan ay hindi isang katangian ng totoong Islam. Sa kadahilanang ito na ang Propeta Muhammad (s) ay minsan naobserbahan na ang isang tao na nakikipag-ugnayan sa mga tao at nakararanas ng pasakit ay mas mabuti kaysa sa isa na hindi (Ibn Majah: 4032).



**Ang Nag-iisang Tagapaglikha
na Tanging Kaparat-dapat
Sambahin**

Binibigyang-diin

Binibigyang-diin ng Islam na ang panteyorya o huwad na mga paniniwala ay hindi sapat upang maging isang tunay na mananampalataya. Samakatuwid, kung ang isa ay naniniwala na ang Panginoon at ang Tagapaglikha ay lisa, kasunod nito, kung gayon, ang taong ito ay walang dapat na sasambahin maliban sa Kanya (Allah).


Ang salitang Arabik na 'Allah', ay ang tamang pangalan ng Nag-iisang Diyos, na nangangahulugan ng tatlong saligan:

- Ang Nag-iisa na karapat-dapat sambahin, ang Nag-iisa na tapat na pinag-aalayan ng tao ng mga panalangin, at pag-aayuno, at ang Nag-iisa na binabalikan ng kanilang mga puso, at sa Nag-iisa na tapat na iniaalay ang lahat ng kanilang ginagawang pagsamba.
- Ang Pinakadakila sa Kanyang Pagka-Panginoon, mga katangian, at kaluwalhatian sa sobrang lawak na ang limitadong kaisipan ng tao ay hindi kayang sukatin ang Kanyang kadakilaan at maunawaan ang katotohanan nito.
- Ang Nag-iisakung saan malapit ang mga puso at siyang hinahangad, at kung kanino sila humihiling, at ang Nag-iisa kung saan matatagpuan ang kapayapaan at kapanatagan ng kanilang mga puso kapag naaalala nila ang Allah at maranasan ang malaking kagalakan sa pagiging malapit at pagsamba sa Kanya.

Ang Qur'an ay binibigyang-diin ang kahalagahan ng pagwawasto sa pagkilala sa Allah at pagsisikap na alisin ang lahat ng mga pagkakabaluktot at mga pagkakamali na nagtatangkang sumira sa kadakilaan at kaluwalhatian ng Allah.

Kaya naman ang Allah, tulad ng ipinaliwanag sa Qur'an, ang Naglikha atang may likha ng mundong ito, at ang mabilis na pagtakbo ng mga minuto pati narin ng mga batas na Kanyang inilagay dito. Siya ang Nag-iisang Tagapaglikha, at ang lahat ng bagay na dumating ay nagmula sa Kanyang ganap na kapasyahan. Walang babaeng magbubuntis o manganganak maliban sa Kanyang kaalaman at kapasyahan. Walang babagsak na mga ulan, o isang pagbabago na magaganap sa gabi o sa araw, maging ito ay maliwanag o nakatago, ang anumang aspeto sa malawak na mundong ito, maliban na lamang kung ito ay sumasaklaw sa Kanyang kakayahan, kaalaman, habag at natatanging kapangyarihan (41:47; 6:59).

Sinabi sa atin ng Qur'an na ang Allah ay may 99 na mga pangalan, kabilang dito:



Binigyang-diin ng Qur'an na ang lahat ng mga nangyayari ay ayon sa kaalaman at kalooban ng Allah; kahit na ang pagbagsak ng ulan at mga dahon mula sa puno.



Ang pangangailangan ng tapat na pagsamba lamang sa Allah ng walang pagtatambal sa Kanya ay ang pahayag na higit na binibigyang-diin sa Islam at ginagawang mas malinaw. Sa katunayan, ang lahat ng mga Sugo ay nanawagan sa kanilang mga Tao sa napakahalagang bagay na ito.

Ang Pinaka-Makapangyarihan sa lahat kung saan nabibilang ang perpektong kapangyarihan at kailanman Siya ay hindi malulupig; ang Pinaka-Mahabagin, kung saan ang habag ay sumasaklaw sa lahat; at ang Tanging Kataas-taasan, kung saan walang anumang pagkakamali na maaaring ikabit.

Bagama't may ilang nagsasabi na nilikha ng Allah ang kalangitan at kalupaan sa loob ng anim na araw at sa ikapitong araw Siya ay namahinga, sinabi sa atin ng Qur'an (50:38), "Nilikha Namin ang mga kalangitan at kalupaan, at kung ano man ang nasa pagitan ng mga ito sa loob ng anim na araw; at walang pagod ang nakapinsala sa Amin." Ang nakaraang pagpapakahulugan ay ginawa lamang bilang isang resulta ng paghahalintulad sa Allah sa mga nilalang kung saan ang isipan ng tao ay pamilyar, nguni't wala ng hihigit pa mula sa katotohanan, dahil ang Allah ang tanging Tagapaglikha at ang lahat ng bagay maliban sa Kanya ay Kanyang mga nilikha. Kaya paanong ang tanging Tagapaglikha ay katulad ng Kanyang nilikha? Tulad ng binanggit sa Qur'an, "Walang kahit na anumang bagay na tulad Niya, at Siya ang Nakakarinig ng Lahat, ang Nakakakita ng Lahat." (42:11)

Ayon sa Islam, ang Panginoong makapangyarihan ay makatarungang tagahatol na hindi nagkakamali sa sinuman kahit na ito ay kasingbigat ng isang atom. Anuman ang

nararamdaman natin sa buhay na ito ay nagpapatunay sa Kanyang lubos na karunungan at walang katapusang biyaya. Tanging ang isang bata ang walang kaalaman sa karunungan sa likod ng ilang mga gawain ng kanyang mga magulang at marahil hindi mauunawaan o maipaliwanag sa kanila, ang pag-unawa ng tao ay maaaring hindi maramdaman ang karunungan at layunin ng Allah tungkol sa ilang aspeto ng Kanyang paglikha at kapasyahan.

Sa Islam, kung ang isa ay naniniwala na ang Panginoon at ang Tagalikha ay lisa, kung gayon ay nararapat na sambahin lamang Siya. Walang anumang gawaing pagsamba ang dapat na ialay maliban sa Allah, o hindi dapat mag-alay ng anumang panalangin maliban sa Kanya. Sa halip, ang isang tao ay dapat na tapat sa pagsamba sa Allah ng walang anumang tagapamagitan o tagapagtanggol, dahil ang Nag-iisang Tagalikha ang pinaka-mataas sa lahat ng ito.

Samantalang ang mga Hari o mga Pangulo ay hindi malalaman at makakaresponde sa pangangailangan ng mga mahihirap at mahihina ng walang tulong mula sa kanilang mga kawani at mga kasamahan, alam ng Makapangyarihang Allah kung ano ang nakikita at kung ano ang nakatago. Siya ang Pinaka-Malakas sa Lahat at ang Nag-iisang Tunay na Pinaka-Mataas, ang may kapangyarihan sa lahat ng bagay.

Ang buong sansinukob ay nasa ilalim ng Kanyang kapangyarihan at kapag iniatas Niya ang isang bagay, sasabihin lamang Niya dito na, “Maging,” at ito ay magiging. Kung gayon bakit bumabaling sa iba maliban sa Kanya?

Malinaw na ipinahayag ng Qur'an na ang kapanatagan at kaligayahan ay hindi ganap na mapagtatanto maliban na lamang kung ang isang Muslim ay magbabalik-loob sa kanyang Nag-iisang Panginoon at mananalangin sa Kanya. Tunay na may kapangyarihan ang Allah sa lahat ng bagay at Siya ang Dakila at ang Maluwalhati sa Lahat na nagmamahal at nagpapakita ng napakalawak na kabutihan sa Kanyang mga nilalang sa paraan na hindi nila nauunawaan. Ginagantimpalaan din Niya ang mga ito ayon sa kanilang pagbabalik-loob sa Kanya at pagpapakita ng pagpapakumbaba sa Kanya. (2:28; 27:62-63).

Samakatuwid, ang paksa na labis na pinahalagahan ng Islam at ginawang likas na malinaw – ay ang paksa kung saan ang lahat ng Sugo ng Allah ay nanawagan sa kanilang mga tao. – Ang pangangailangan ng taos-pusong pagsamba sa Nag-iisang

- Ang isang sibilisado at nilinang na lipunan sa kanyang palagay ay isa sa kung saan ang mahina ay maaaring kunin ang kanilang mga karapatan nang walang takot o pag-aatubili. “Nawa’y ang bansang iyon ay hindi malinis,” isang beses siya ay nagbigay ng babala, “na kung saan ang mga miyembrong mga mahihirap ay hindi nakukuha ang kanilang mga karapatan na walang problema” (Ibn Majah: 2426).

Kawang-gawa at Kabutihang-Loob

- Sa ibang okasyon, isang lalaki ang lumapit sa kanya at humingi ng salapi. Sinabi sa kanya ng Propeta (s), “Wala akong anumang bagay sa ngayon, ngunit maaari kang bumili ng isang bagay sa aking pangalan, at tiyak na babayaran ko ito kapag nagkaroon na ako ng salapi.” Lumington sa kanya si Omar (r) at sinabi, “Hindi ginawang sapilitan sa iyo ng Allah na gumawa ng isang bagay na higit sa iyong kakayahan.” Ang pahayag na ito ay labis na nakasakit sa Propeta (S). Sinabi ng lalaki sa kanya, “Gumugol sa kawanggawa ng hindi natatakot sa kahirapan, sapagkat ang Nag-iisang Panginoon ng Makapangyarihang Trono ay hindi babawasan ang iyong kayamanan.” Ang Propeta (s) ay ngumiti at ang kanyang mukha ay nagliwanag sa kaligayahan (Al-Ahadith Al-Mukhtarah: 88).
- Minsan nakatanggap siya ng 80,000 dirhams, kaya inilagay niya ang salapi sa isang banig at ibinigay ito sa kawanggawa, hindi tumatalikod sa sinumang humihiling sa kanya ng isang bagay hanggang sa ang buong halaga ay maipamahagi na (Mustadrak Al-Hakim: 5423).

Binabanggit sa mga Islamikong mapagkukunan na ang Sugo ng Islam ay hindi kailanman nagtago o nagtabi ng anumang uri ng kayamanan.

Ang Pagtitiis at Pagpapaubaya

- Nilisan ng Sugo ng Allah (s) ang Ta'if, isang bayan sa kabundukan na may 90 kilometro ang layo mula sa Makkah, pagkatapos niya itong bisitahin upang ipangaral ang Islam sa mga tao rito. Sa kanyang paglalakbay pabalik sa Makkah, siya ay nakaramdam ng labis na kalungkutan kasunod ng pananakit at pang-aabuso na ibinigay sa kanya ng mga ito, nagpadala ang Allah ng isang anghel na nagtanong sa kanya kung nais niya na ang mga tao ng Ta'if ay mawasak. “Hindi,” ang kanyang sagot, “Mas gugustuhin kong umasa na ibabangon ng Allah mula sa kanilang mga inapo ang mga sasamba sa Nag-iisang Diyos lamang at hindi magtatambal ng anuman at sinuman sa Kanya sa pagsamba” (Al-Bukhari: 3059).
- Ang kanyang pagtitiis at pagpapaubaya ay pinakamahusay na ipinakita sa pamamagitan ng kanyang pakikitungo sa mga tao ng Makkah na nagpalayas sa kanya sa kanyang katutubong lungsod, nagbigay ng masasakit na salita at pisikal na pinsala sa kanya at hindi nag-iwan ng bato na hindi nabaliktad sa pagtatangkang sirain siya at ang kanyang mga tagasunod. Nang ipagkaloob sa kanya ng Allah ang tagumpay laban sa kanila sa kanyang matagumpay na pagbabalik sa Makkah, tumayo siya at nagsalita sa harap ng napakaraming tao na mga pagano ng Quraysh na nagtipon upang makita kung ano ang gagawin niya tungkol sa mga kasamaan na kanilang ginawa laban sa mga Muslim sa loob ng maraming taon. “Mga tao ng Quraysh” kanyang sinabi. “Ano sa palagay niyo ang dapat kong gawin sa inyo ngayon?” “Kabutihan,” ang kanilang sagot. “Ikaw ay isang marangal na kapatid na lalaki, anak ng isang marangal na kapatid.” Pagkatapos ay kanyang sinabi, “Dapat ko bang sabihin sa inyo kung ano ang sinabi ng aking kapatid na si Joseph (tinutukoy

si Propeta Joseph (as), ang anak ni Jacob, na ang mga kapatid ay itinapon siya sa isang balon) sinabi niya sa kanyang mga kapatid, ‘Walang sisisihin sa inyo ngayong araw na ito. Patatawarin kayo ng Allah, at Siya ang Pinakamaawain sa mga nagpapakita ng awa (12: 2). Humayo kayo, sapagkat lahat kayo ay Malaya’ (Al-Bayhaqi: 18275-18276).

Pag-iwas mula sa Makamundong Karangyaan

- Ang Sugo ng Allah (s) ay palaging tinatandaan ang sumusunod na talata ng Qur'an: “Huwag mong pigilan ang iyong mga mata sa pagnanais sa mga bagay na aming ibinigay para sa kasiyahan upang ipagdiwang ito, ang karangyaan ng buhay sa mundong ito, na sa pamamagitan ng mga ito sinusubok Namin sila, ngunit ang biyaya ng iyong Nag-iisang Panginoon ay mas mabuti at mas nananatili” (20: 131).
- Minsan binisita siya ng kanyang kasamahan na si Umar ibn Al-Khattab (RA) habang siya ay nakahiga sa isang banig na gawa sa mga dahon ng puno ng datiles, kung saan nag-iwan ng mga nakikitang marka sa gilid ng kanyang katawan kung saan siya natulog. Sinabi ni Omar (ra), “Sinulyapan ko ang silid ngunit wala akong makita na anumang bagay na mahalaga, kaya sinabi ko sa kanya, ‘Manawagan kasa Allah na gawing masagana ang iyong mga tagasunod, sapagkat ang mga Persiano at Byzantino ay naging maunlad at binigyan ng mga makamundong kasiyahan, kahit na hindi nila sinasamba ang Allah.’ ‘Pagkatapos ay kanyang sinabi, ‘Mayroon ka bang alinlangan, anak ni Al-Khattab, na ang hinaharap ay mas mabuti kaysa sa mundong ito? Ang mga taong ito ay binigyan ng gantimpala sa kanilang mabubuting gawa sa mundong ito lamang’” (Al-Bukhari: 2336).
- Sabi niya, “Ano ang gagawin ko sa mundo? Ako ay tulad ng isang mangangabayo na huminto sa ilalim ng lilim ng isang puno sa loob ng maikling panahon at, pagkatapos makapagpahinga, ay magpapatuloy sa kanyang paglalakbay at iiwanan ang puno sa aking likuran” (At-Tirmidhi: 2377).
- Umaabot ng tatlong magkakasanod na mga buwan ang minsang lumilipas na walang pagkaing niluluto sa kanyang bahay, siya ay nabubuhay sa datiles at tubig lamang (Al-Bukhari: 2428). Kadalasan ay wala rin siyang mahanap na mas mababang uri ng datiles upang ilaman sa kanyang tiyan (Muslim: 2977), at hindi niya kinain ang kanyang tinapay na gawa sa sebada sa loob ng tatlong magkakasanod na araw hanggang sa kanyang kamatayan. (Muslim: 2976)



Katapatan at Katatagan

- Ang katapatan at katatagan ay kabilang sa pinakamamahal at pinakamarangal na mga aspeto ng mabuting pag-uugali, naminamahal kung gagawin upang suklian ang kabutihan ng walang kasamang anumang umiiral na kasunduan sa pagitan ng dalawang partido. Sa katunayan ito ay kinaugalian ng Sugo ng Allah (saw), na magbalik ng kabutihan ng higit pang kabutihan, kahit na walang anumang umiiral na mga kasunduan, lalo na kung mayroong anumang katulad na mabigat na mga pangako.
- Nang mag imbistiga tungkol sa mga katangian ni Propeta Muhammad (s), si Heraclius, ang Romanong Emperador sa Silangan, siya ay nagtanong sa mga pagano ng Quraysh, “Nagtaksil ba siya sa sinuman?” “Hindi,” ang kanilang sagot. “Gayundin ang mga Sugo ng Allah ay hindi kailanman nagtaksil sa sinuman” (Al-Bukhari: 7).
- Ginawa niya ang pinakamataas na antas ng katapatan at debosyon sa kanyang unang asawa na si Khadija (ra). Kinikilala niya ang kanyang katayuan, pinahahalagahan ang dakilang tungkulin na kanyang

ginampanan sa kanyang buhay at ang mga serbisyong ibinigay niya sa pananampalataya ng mga Muslim, at laging masigasig na pinarangalan ang kanyang mga kababaihang kamag-anak at kaibigan.

- Si A’ishah (ra) isa sa kanyang mga maybahay, ay minsang binanggit ang isang pangyayari na nagpapatunay sa kanyang katapatan kay Khadijah (ra) na namatay sa panahon na nagsisimula pa lamang ang kanyang tungkulin at hindi alam ni A’ishah (ra). Kanyang sinabi, “Hindi ako nakakaramdam ng selos sa sinumang maybahay ng Propeta (s) na tulad ng pagseselos ko kay Khadijah (ra) kahit na hindi ko ito nakita. Madalas siyang binabanggit nito, at sa tuwing siya ay magkakatatay ng isang tupa, ay puputul-putulin niya ito sa ilang bahagi at ipadadala ang mga ito sa kanyang mga babaeng kaibigan. Nang minsang sinabi ko sa kanya, “Pinakitunguhan mo si Khadijah sa isang paraan na parang walang ibang babae sa mundo maliban sa kanya, kanyang sasabihin, “Si Khadijah ay ganito at ganyan, at magsisimulang iisa-isahin ang kanyang maraming mabubuting katangian” (Al-Bukhari: 3607)

- Si Negus, ang Hari ng Abyssinia na nagbigay ng kanlungan sa mga Muslim ng nagsisimula pa lamang ang Islam, ay minsang nagpadala ng isang delegasyon kay Propeta Muhammad (s). Sa pagdating ng mga kasapi nito, siya ay bumangon upang siya mismo ang maglingkod sa mga ito. Sinabi sa kanya ng kanyang mga tagasunod, “Kami na ang maglilingkod sa kanila.” Siya ay nagpumilit, “Mainit nilang tinanggap ang aking mga tagasunod at pinakitunguhan sila ng mabuti,” siya ay nagpumilit, “at nais kong ibalik ang kanilang kabutihan” (Shu’ab Al Eeman: 8704).

Naipakita ni Propeta Muhammad (s) ang pinakamahusay na mga halimbawa ng mabuting pag-uugali sa lahat ng larangan ng buhay, alinsunod sa ipinag-utos ng Allah, at pagsunod sa mga mararangal na mga naunang Propeta.

Ang masjid ng Propeta (saw), na kanyang itinayo sa Madinah, isang banal na lungsod na pumapangalawa lamang sa Makkah. Si Propeta Muhammad (saw) ay lumipat at itinayo ang kanyang masjid dito, at sa kalaunan siya ay inilibing doon. Ang masjid ng Propeta ay binibisita ng milyon-milyong mga Muslim kada taon.



Ang Ilan sa mga Kasabihan ni Propeta Muhammad (s)

Pinahalagahan ng mga Muslim ang pag-preserba sa mga kasabihan ni Propeta Muhammad (s) sa paraan ng pagsasalaysay at pagsusulat, nakilahok ang mga mahuhusay sa memorya at mga dalubhasa sa kaalaman sa pangangalaga na maging tumpak at eksakto ang mga talata, nailahad sa mundo ang kamangha-manghang kaayusan ng paninigurado sa pagtanggap ng impormasyon, at kaalaman sa kung ano ang tiyak na nasabi at kung ano ang hindi, kahit na sa pinaka kaliit-liitang detalye ng mga pangungusap at salita, at sinasala sa kung ano ang mga salitang nadagdag lamang at kung ano ang orihinal..

Itong mga sumusunod ay mga halimbawa ng mga ilan sa mga naisalaysay hinggil sa Propeta (s) na kanyang mga sinabi:

- “Ang mga gawa ay nakadepende sa layunin, at kung ano man ang layunin ng tao sa kanyang ginawa ay siya’ng kanyang mapapala” (Al-Bukhari: 1).
- “Ang pagsagawa ng kabutihan ay mabuting kaugalian, at ang kasalanan ay yaong gumagambala sa iyong sarili at ayaw mong malaman ng mga tao” (Muslim 2553).
- “Magtaglay ka ng takot sa Diyos saan ka man naroroon, at sundan mo ng mga mabubuting gawa ang mga pagkakamali at ito’y makakapagbura, at pakitunguhan mo ng mabubuting pag-uugali ang mga tao” (At-Tirmidhi: 1987).
- “Maging iba ka sa mundo at mamahalin ka ng Allah, at awatin mo ang iyong sarili sa kung ano man ang nasa pag-aari ng mga tao at mamahalin ka ng mga tao” (Ibn Majah: 4102).
- Ang aking pagkakatulad kung ihahambing ako sa mga propetang nauna sa akin ay tulad ng isang tao na nagtayo ng isang gusali, na lubos na kahanga-hanga at maganda at ginawa itong kumpleto liban nalang sa pag-iwan ng isang gilid upang lagyan ng brik. Ang mga tao ay inikot ang paligid nito, hinahangaan ito at sinasabing, ‘Kung ang isang brik sana ay nailagay sa lugar nito.’ Ako ang brik na yon at ako ang panghuli sa mga propeta” (Al-Bukhari: 3342).



“

“Hindi kabilang sa atin ang sinuman na hindi nahabag sa mga nakababata sa atin, at gayon din ang hindi gumagalang sa karapatan ng mga nakatatanda sa atin” (At-Tirmidhi: 1920).



”

Hindi kayo makakapasok sa hardin sa kabilang-buhay hangga’t hindi kayo tunay na naniniwala, at hindi kayo magiging tunay na naniniwala hangga’t hindi kayo nagmahalan. Ituturo ko ba sa inyo ang mga bagay na kapag ginawa niyo ay magmamahalan kayo? Ipalaganap ninyo ang pagbati ng As-Salaam - o panalangin ng kapayapaan bilang pagbati sa isa’t-isa” (Muslim: 54).

- Sinuman ang nagbigay ginhawa sa isang mananampalataya sa oras ng kagipitan dito sa mundo, pagiginhawain siya ng Allah mula sa kanyang kagipitan sa Araw ng Paghuhukom. At sinuman ang nagpagaan sa pasan ng isang nahihirapan, gagawing magaan para sa kanya ng Allah ang dito sa mundo at sa Kabilang-buhay. At sinuman ang nagtakip sa kamalian ng isang Muslim, tatakpan ng Allah ang kanyang kamalian dito sa mundo at sa Kabilang-buhay. At patuloy na tinutulungan ng Allah ang kanyang tagapagsamba hangga’t tinutulungan ng tagapagsamba ang yaong kanyang mga kapatid. At kung sinuman ang tumahak sa landas ng pagsasaliksik ng kaalaman, gagawing madali para sa kanya ng Allah ang landas tungo sa hardin sa Kabilang-buhay...” (Muslim 2699).
- “Walang sinuman ang tunay na mananampalataya sa inyo hangga’t di niya mamahalin para sa kanyang kapatid ang anumang kamahal mahal para sa kanya” (Al-Bukhari: 13).
- “Ang tunay na muslim ay siya na maingat sa salita at kilos upang hindi makakasakit ng mga Muslim. At ang tunay na nangibang-bayan [maliban sa umalis sa kanyang bansa para sa pagbagong-buhay] ay siya na nilisan ang mga ipinagbabawal sa kanya ng Allah” (Al-Bukhari: 10).
- “Huwag mong abusuhin ang hindi muslim, o pilitin mo siyang magtrabaho ng lampas sa kanyang kakayanan, o kukuha ka ng bagay na karapatan niya na hindi niya ipinahintulot. Pag ginawa mo ito, ako ang mangangatwiran para sa kanya sa Araw ng Paghuhukom” (Abu Dawud: 3052).

- “Ang mga nagtataglay ng habag ay kahahabagan ng Pinaka-Mahabagin, kahabagan ninyo ang mga nasa lupa at kahahabagan kayo ng nasa langit” (Abu Dawud: 4941).
- “Sinuman ang nandaraya ay hindi kabilang sa atin” (At-Tirmidhi: 1315).
- “Ang kahalintulad ng pagkakaisa ng mga mananampalataya sa Islam, at pagtaglay nila ng habag, at pakikiramay nila sa isa’t isa, ay tulad ng isang katawan, na kapag nagkasakit ang isang bahagi na-aapektuhan ang buong katawan ng puyat at lagnat” (Muslim: 2586).
- “Lahat kayo ay tagapag-alaga at lahat kayo ay may pananagutan sa araw ng paghuhukom hinggil sa inyong mga pinangangalagaan. Ang Pinuno ay isang tagapag-alaga sa kanyang pinamamahalaan at may pananagutan patungkol sa kanyang nasasakupan; ang padre de pamilya ay tagapag-alaga at may pananagutan patungkol sa kanyang pinangangalagaang pamilya; ang asawang babae ay tagapag-alaga sa bahay ng kanyang asawang lalaki at may pananagutan tungkol sa kanyang pinangangalagaan. Kaya, lahat kayo ay tagapag-alaga at lahat kayo ay may pananagutan tungkol sa inyong pinangangalagaan” (Al-Bukhari: 4892).
- “Ang may taglay ng mas ganap na paniniwala sa mga mananampalataya ay sila na may taglay ng mas mahusay na pag-uugali, at ang mas mabuti sa inyo ay yaong mas nakikitungo ng mabuti sa kanyang may-bahay” (At-Tirmidhi: 1162).
- “Ang pinakamainam sa inyo ay yaong may mas mabuting pakikitungo sa kanyang asawa, at ako ang huwaran ninyo na may mas mabuting pakikitungo sa aking mga asawa” (At-Tirmidhi: 3895).
- “Tunay na mahal ng Diyos ang pagkamahinahon sa lahat ng bagay.” (Al-Bukhari: 5678); “Siya na pinagkaitan ng pagkamahinahon ay pinagkaitan ng kabutihan” (Muslim: 2592).
- “Ang mga palatandaan ng isang mapagkunwari ay tatlo: Kapag nagsasalita ay nagsisinungaling; Kapag nangako ay hindi tinutupad; Kapag pinagkatiwalaan ay nagtataksil” (Al-Bukhari: 33).
- “Kabilang sa pagiging mahusay na pagsunod ng tao sa katuruang Islam ay ang hindi niya pakiki-alam sa mga hindi naman niya kinakasangkutan” (At-Tirmidhi, 2317).
- “Habang naglalakad ang isang lalaki sa isang daan, siya ay lubhang nauhaw, di nagtagal ay natagpuan niya ang isang malalim na balon, bumaba siya rito at uminom at pagkatapos ay umakyat, at nang siya ay lumabas nadatnan niya ang isang aso na uhaw na uhaw, at sabi niya: itong aso na ito ay sobrang uhaw na uhaw na tulad ng aking pagkauhaw. Kaya’t bumaba siyang muli sa balon at pinuno niya ng tubig ang kanyang suot sa paa na sapatos, at pinainom niya mula rito ang aso, kaya’t tinanggap ng Allah ang kabutihang ito at siya ay pinatawad.” Sabi ng mga nakinig: “O Sugo ng Allah, Meron ba tayong gantimpala sa pakitungo sa mga hayop?”, Kaya’t kanyang sinabi: “Oo” “Gagantimpalaan kayo sa pag-aalaga ng anumang may buhay” (Al-Bukhari: 2466).

Paglalarawan ng Qur’an sa Sugo ng Allah na si Muhammad (s)

Ang Qur’an ay naglahad ng kahanga-hangang aspeto ng pagkatao ng Propeta (s) at ang kanyang pakikipag-ugnayan sa mga nakapaligid sa kanya, kung saan ang kanyang pag-uugali, katangian at pakikipagkapwa ay ipinahayag na ang lahat ay kahanga-hanga:

- Siya ay habag sa lahat ng sangkatauhan (Q:21:107), at hindi lamang para sa mga Muslim.
- At taglay niya ang pinakamahusay na pag-uugali (68:4).
- Siya ay masigasig na ginagabayan ang mga tao sa katotohanan, at nararamdaman niya ang labis na pamimighati sa kanilang pagkaligaw, hanggang sa binigyang diin ng Qur’an ng paulit-ulit na ang kanyang misyon lamang ay ang pagpa-anyaya sa Islam at paghatid ng mensahe ng Diyos sa kanila, at tunay na tanging ang Diyos lamang ang tuluyang gagawad ng patnubay (Q:11:12), (Q:6: 107) (Q:18: 110).
- Inuunawa niya ang mga kadahilanan ng kapwa, at mapagpaumanhin siya sa kanilang mga pagkakamali (Q:9:43).
- Patuloy niyang hinihiling na patawarin ng Diyos ang kanyang mga kaaway hanggang sa ipinahayag sa kanya na tigilan na ang pag-gawa nito (Q:9:80).
- Siya ay namimighati sa pagdurusa ng mga mananampalataya, at siya ay napakabait sa kanila at napaka-mahabagin sa kanila (Q:9:128).
- May mga pagkakataon na siya ay nagagambala sa matagal na pananatili ng ilang tao sa kanyang bahay ngunit ang kanyang pagkamahiyain ay pumipigil sa kanya na banggitin ito sa kanila (Q:33:53).
- Siya ay may taglay na kagandahang loob, malambot na puso, nakikitungo ng labis na kahinahunan sa kanyang mga kasamahan, kumukunsulta sa kanilang mga opinyon kahit na sa pinakamahirap na kalagayan (Q:3: 159).



Ang Qur'an: Ang Walang Hanggang Himala ng Islam

Ano

itong Qur'an, na madalas nangunguna sa listahan ng may pinakamaraming taga-pagtangkilik, ang may pinakamalawak na naipamahagi na libro sa buong mundo? at pinaniniwalaang ng higit sa isang bilyon at kalahati ang debutong mga Muslim?

Ang Qur'an ay ang banal na aklat ng Islam, at pinaniniwalaan ng mga Muslim na ito ay may mga sumusunod na katangian:

- Ito ay Salita ng Diyos, kung saan ay ipinahayag Niya sa Kanyang Mensahero na si Muhammad (s) bilang gabay at liwanag ng sangkatauhan.
- Ito ang panghuling Banal na aklat na inihayag.
- Ito ay banal na prinoprotektahan laban sa mga pagbabago at kurapsyon.
- Ang pagbabasa o pagbigkas nito ay kinokonsiderang uri ng pagsamba, gaya din sa pagsasaulo at pagpapatupad ng mga batas nito.


Ang Qur'an ay ipinahayag kay Propeta Muhammad (s) sa pamamagitan ni Anghel Gabriel (as) ng siya ay dumating na sa edad na 40. Ang unang berso na inihayag ay, "Bumasa sa pangalan ng iyong Panginoon na Tagapaglikha" (96:1) Ito ay inihayag ng paisa-isa na nag dedepende sa mga pangyayari kung kinakailangan.

Ang Qur'an ay binubuo ng 114 na bahagi o kabanata (suwar, surah sa pang-isahan), na sinasakop ang malawak na usapin na kung saan ibat-iba ang paggagamitan, depende kung saan aakma. Ang mga muslim ay sumasang-ayon na ito ay isinasalarawan sa kagandahan o sa husay ng pananalita sa pagpapahayag at ito ay nakatuon sa paggabay sa mga tao upang sumamba sa Panginoon lamang.

Ang pangunahing tema ng Qur'an ay kasama ang mga sumusunod:

1. Pagpapatunay at pagtatatag sa kaisahan ng Panginoon at pagpapatunay at paglililaw sa mga maling pag-aakala, ng iba na sumasamba sa iba maliban sa Kanya (Allah).
2. Nagbibigay ng salaysay sa mga Propeta sa nagdaang mga nasyon.
3. Nag-iimbata sa mga tao na magmuni-muni sa napakalawak na sanlibutan at napakaraming mga nilalang sa ating kapaligiran na tumatawag sa atensyon sa ating Panginoon at sa kanyang walang hangganang mga biyaya.
4. Pagpapaliwanag sa mga batas pang relihiyon at pagdedetalye sa mga pinahintulatang mga Gawain.
5. Pagpapakita sa mga katangian at magagandang kaugalian, pagiging matapat, pagbibigay babala laban sa mga masasamang kaugalian.
6. Pagtalakay ukol sa Araw ng Paghuhukom at sa pabuya para sa mabubuti at kaparusahan sa mga masasama.
7. Pagbibigay linaw at pagtuturo sa mga mananampalataya sa pamamagitan ng pagbibigay ng komentaryo sa mga pangyayari na naganap kay Muhammad (s) at sa kanyang mga kasamahan.

Ito ay pangkalahatang ideya sa ilan sa mga kakaibang katangian ng banal na Qur'an



Hindi Mapapantayan sa Dami ng Nagsasaulo



Tinawag ng Diyos ang Kanyang huling inihayag na aklat na "Ang Qur'an" (literal sa 'ang pagbigkas', 'ang pagbabasa') sapagkat ito ay nakatuon sa pagsasa-ulo. Katotohanang ang Qur'an ay napanatili sa pamamagitan ng pagsasaulo at pagsusulat. Sa tuwing ang Propeta Muhammad (s) ay nakakatanggap ng rebelasyon, ito at kinakabisado niya mismo, at ito ay sinusulat sa harap niya. Ang mga nakakasaulo at bumibigkas, gaano man sila kadami, ay hindi pinahihintulutan maliban na lang kung napagkasunduan ng lahat sa kung anuman ang nakasulat, o kung anuman ang nakasulat na naaprobahan hanggat ito ay kapareho sa kung anuman ang nakabisado mula mismo sa Propeta.

Kahit na kinikilala nila ang banal na gabay sa sangkatauhan maging ang mga Kristyanong dalub-bathala (nag-aaral ng teolohiya) ay inaamin na ang mga kontradiksyon sa Gospels (ebanghelyo) ay nag resulta mula sa maraming pinagmulan at manunulat, ang magkaka-ibang petsa at ang katangian ng kanilang hindi direktang rebelasyon.

Sinumang walang kinikilingang tao ang mag-aral sa Qur'an ay makikita na ito ay walang kontradiksyon or di nagbabago-bago, ang mga Muslim ay naniniwala dito sapagkat ito at salita ng Diyos. Ito ay kinabisado mismo ni Propeta Muhammad (s) at handang isulat sa harap niya kaagad pagkatapos

ng rebelasyon, na walang dagdag o binura. At sa karagdagan, ang mga Muslim kahit na iba-iba ang paaralan at pinanggalingan, hindi sila nagkakaiba pagdating sa pagkakasundo sa nilalaman nito.

Ang Qur'an ay pinangalagaan at ipinalalat ang mga salita mula sa isang henerasyon patungo sa isa pa sa buong kasaysayan na may pinakamataas na antas ng kasipagan, katumpakan at kaeksaktuhan sa pagsulat nito, mga pamamaraan ng pagbigkas at pagbibigkas nito. Kung ang isang tao ay bumili ng isang kopya ng Qur'an ngayon mula sa malayo na abot ng Tsina o Central Africa at ihambing ito sa mga manuskrito ng Qur'an na nakasulat nang 1400 taon na ang nakakaraan, matutuklasan ng isang tao na ang pagbigkas ng mga titik at mga salita nito pati na rin ang mga patakaran ng pagbasa nito ay magkapareho sa kabila ng pagkakaiba ng oras. Ito ang mangyayari ngayon kung maririnig ito mula sa isang bata na binibigkas mula sa Indonesia o mula sa isang Muslim na iskolar na nagpapatakbo ng isang sirkulo sa pag-aaral sa Makkah 1400 taon na ang nakakaraan. Tulad ng sinasabi ng Qur'an, "Hindi ba nila paginilayan ang Qur'an? Kung ito ay mula sa iba bukod sa Diyos, tiyak na masusumpungan nila dito ang maraming kontradiksyon" (4:82); "Kami ay nagpadala ng Paalala (ie ang Qur'an), at tiyak na babantayan Namin ito mula sa kurapsyon" (15: 9).

Retorikal at Sikolohikal na Di-matutularan

Ang isang tao na maingat na nagbabasa ng Qur'an ay malalaman na ito ay direkta at personal na naka direkta sa kanya at hindi ito hihinto sa pagkompronta at pakikipag-ugnayan sa kanya. Higit pang mga kahanga-hanga, na pinangungunahan nito ang mga saloobin ng mambabasa at pinatatamaan sila, na para bang binabasa niya ang mga ito bago pa niya mismo ipahayag ang mga ito!

Kahit na ang isang pintor ay maaaring gumuhit ng mata upang ito ay tila sundan ang nagmamay-ari nito saanman siya magpunta, paanong ang isang libro ay posibleng nasusundan at nahuhulaan ang mga ideya ng mambabasa at sagutin ang kanyang mga katanungan kahit pa bago magtanong? Ang phenomena (kababalaghan) na ito ay nangyayari sa maraming mga mambabasa, anuman ang pagkakaiba ng kanilang kultura at ang mga kalagayan ng kanilang buhay.

Ang Qur'an ay nagtataglay ng nakamamanghang kakayahan na suriin ang ugali ng tao, mga lihim at kahinaan, na sa umpisa ay tila masakit sa mambabasa. Gayunpaman, sa lalong madaling panahon ito ay nagpapalakas sa kaluluwa ng mambabasa na harapin ang isip at puso na may mga tanong na maaaring ang isa ay ipinagpapaliban sa mahabang panahon at tinangka na iwasan ang pagsagot.

Kapag seryoso nating binasa ang Qur'an at natutunan ang tungkol sa iba't ibang uri ng mga tao, napag-alaman ang kanilang mga lihim na iniisip, mga kalagayan ng pag-iisip at mga katangian, pati na rin yaong mga naligaw ng landas at yaong mga ginabayan ng tama, hihinto tayo pansamantala upang paghandaan ang ating buhay. Tulad ng iba't ibang mga bersikulo ng Qur'an, ang mga imahe at mga halimbawa na naglalarawan ng estado na ito ay unti-unti ng nagtagumpay at lubos na nakakaapekto sa puso, ang Qur'an ay naging tunay na salamin ng kaluluwa, na nagpapakita ng tunay na kalikasan nito, mga pagkukulang, mga pagkakamali, mga potensyal at mga oportunidad. Sa ganitong paraan, ang Qur'an ay labis na tumatagos sa kaluluwa, na nakakakumbinsi ito na walang ibang Diyos kundi ang Allah.

Kaya, kapag natuklasan natin ang ating mga sarili na lubos na naubusan ng kawalan ng pag-asa, mababasa natin, "Sabihin, O Muhammad, sa Aking mga alipin na nagmalabis sa paggawa ng mga kasalanan laban sa kanilang mga sarili, "Wag kayong mawalan ng pag-asa mula sa habag ni Allah. Katotohanan pinatatawad ni Allah ang lahat ng kasalanan. Katiyakan, Siya na lagi nang Mapagpatawad ang Maawain"" (39:53)

Bilang karagdagan, kapag natagpuan natin ang ating sarili sa isang estado ng pagkalito, nakakaranas ng isang matinding pansariling pakikipaglaban o kalituhan at tayo ay lubos na naghahangad ng kaginhawahan o pang-aamo mula sa isang tao na bigyan tayo ng seguridad, matatagpuan natin ang matagal na nating hinahanap sa talatang: "At kapag ang Aking mga alipin ay magtatanong sa iyo tungkol sa Akin, Ako ay malapit. Tinutugon ko ang panalangin ng bawat dumadalangin kapag siya ay nananalangin sa Akin. Kaya hayaan silang tumugon sa Akin at maniwala sa Akin, upang sila ay magabayan sa matuwid na landas. (2: 186).

Kapag sa tingin natin na ang buhay ay hindi na kontrolado at hindi na natin ito maibabalik o ma-kontrol muli, natatagpuan natin ang kagalingan at patuloy na suporta sa taludtod: "Ang Allah ay hindi magbibigay-pasanin sa isang kaluluwa maliban sa abot ng kakayahan nito. Makakamit nito ang bunga ng anumang [buting] pinagsumikapan nito, at papasanin nito ang bunga ng anumang kasamaang pinagsumikapan nito. Aming Panginoon, huwag mo pong ipapataw ang sumbat sa amin kung kami man ay makalimot at magkamali. Aming Panginoon, huwag mo pong iatang sa amin ang isang pasaning katulad ng pasaning iniatang Mo sa mga nauna sa amin. Aming Panginoon, huwag Mo pong ipapasan sa amin ang anumang mga pasanin na wala kaming kakayahang magpasan para dito. Ipagpaumanhin Mo po, patawarin Mo po kami sa aming mga kasalanan, at kahabagan Mo po kami. Ikaw ang aming tagapagtanggol, kaya igawad Mo po sa amin ang tagumpay laban sa mga taong di-naniniwala. (2:286).

Ang Amerikanong manunulat, ang mananaysay at pilosopo na si Will Durant ay kinikilala ang epekto at ang natatanging posisyon ng Qur'an. Sa kanyang aklat na *The Story of Civilization, IV, The Story of Faith, (New York: Simon and Schuster, 1950)*, pp. 183-4). Naisulat niya,

"Pinagpipitaganan o iginagalang sa kasagsagan ng idolatriya (pagsamba sa mga diyos-diyosan), kinopya at sinundan at nagpaliwanag ng may pagmamahal at pagmamalasakit na kasanayan at ginamit bilang aklat kung saan natuto ang mga Muslim na bumasa, at muli bilang sentro at nasa rurok ng kanyang pag-aaral, ang Qur'an sa loob ng labin tatlong siglo ay pinuno ang memorya, pinukaw ang imahinasyon, hinubog ang pagkatao, at marahil ay pinahinto ang pag-iisip, ng daang milyong mga tao. Ibinigay nito sa mga simpleng kaluluwa ang pinakasimple, pinakamababang hiwaga, pinakamababang ritwalista, ng lahat ng mga paniniwala, na malaya sa idolatriya (pagsamba sa diyos-diyosan) at makapari ... Nagbigay ito sa mga tao ng mati-yagang pagtanggap sa mga paghihirap at mga limitasyon ng buhay, at gayundin ay nagpasigla sa kanila sa pinaka-kahanga-hangang paglago ng kasaysayan. At tinukoy ang relihiyon sa mga tuntunin na maaaring tanggapin ng sinumang orthodox Christian o Hudyo: 'Hindi isang pagiging mabuti at matuwid ang pagbaling ng iyong mukha sa dakong silangan at kanluran [sa pagdarasal] bagkus, ang pagiging matuwid at mabuti ay ang paniniwala kay Allah, sa Huling Araw, sa mga anghel, sa mga Aklat, sa mga Propeta at ang pamamahagi ng yaman sa kabila ng pagmamahal dito, sa mga kamag-anakan, sa mga ulila at sa mga dukha at sa mga manlalakbay at sa mga humihingi ng tulong at ang pagpapalaya ng mga alipin, pagsasagawa ng pagdarasal at ang pagbibigay ng kawanggawa at ang pagpapatupad ng kanilang mga kasunduan kapag sila ay nakipagkasundo at ang pagtitiis sa gitna ng pagdarahap at malubhang karamdaman at sa panahon ng pakikipaglaban. Sila yaong (kabilang sa) mga makatotohanan at sila yaong mga tunay na natatakot kay Allah. "(2:177).

Isinulat ni Will Durant na, "Ang Qur'an ay may labing-tatlong siglo na puno ng ala-ala, pumukaw ng imahinasyon, hinubog ang mga pag-uugali at pinakalma ang pag-iisip ng daan-daang milyong mga tao. Nagbigay ito sa pangkaraniwang mga kaluluwa ng pinakamadali, pinaka-mababang limitasyon, seremonya sa lahat ng mga pananampalataya..."



Saan Nagmula ang Qur'an?

Ito ay isang lohikal na tanong na agad na sumasagi sa isipan ng tao kapag unang tinatalakay ang banal na aklat ng mga Muslim - ang Qur'an - at si Muhammad (s). Bakit dapat nating tanggapin ang pananaw ng mga Muslim tungkol sa kanyang isyu? Hindi ba tayo karapat-dapat na magtanong?

Ang mga sekular na mananalaysay sa pangkalahatan ay nagkakasundo na ang Qur'an ay pinalaganap ng isang Arabong hindi maalam na ang pangalan ay Muhammad ibn Abdullah, na ipinanganak sa Makkah noong ika-anim na siglo CE. Ito ay isang pare-parehong patotoo ng kasaysayan. Ang mga Muslim ay naniniwala na hindi ito gawa ni Muhammad (s), ngunit sa halip ay isang marangal na pananalita na ipinahayag ng Diyos sa kanya, at ang gawain lamang ni Muhammad ay upang maihatid ito at ipaliwanag ito sa mga tao sa kung anumang ito, nang walang pagdaragdag o pagbabawas ng anumang bagay mula rito.

Maaari kaya na si Muhammad (s) - ang Sugo ng Islam – ang nag-imbento nito o natutunan mula sa iba at pagkatapos ay ipinahayag ito sa mga tao pagkatapos baguhin ang mga pangungusap at inangkin ang gawa nila na kanya?



Kung nais talaga ng Sugo ng Islam na makisali sa panlilinlang upang palawigin ang kanyang kapangyarihan sa mga tao sa pamamagitan ng pagpapahiwatig ng Qur'an sa Nag-iisang Panginoon, kung gayon ay bakit hindi niya inangkin na ang kanyang mga sariling pahayag ay nagmula sa Allah?!

Ang mga ito ay mga lehitimong katunungan para sa isang taong nag-aaral pa lamang tungkol sa Islam.

Siyempre, sa buong kasaysayan maraming mga manunulat at mga intelektuwal ang nangopya sa gawain ng iba at iniugnay ito sa kanilang sarili. Si Muhammad (s) ay hindi kailanman inangkin ang pagiging akda, gayunpaman, sa halip ay iginigiit na ang Diyos ang may-akda ng Qur'an.

Narito ang isang katanungan: Kung talagang nais niyang palawakin at palawigin ang kanyang impluwensya sa mga tao, bakit niya sinabi na ang lahat ng kanyang mga salita ay mula sa Diyos, hindi lamang sa Qur'an?

Sa kabaligtaran, nakakakita tayo ng ilang mga pagkakataon sa parehong aklat mismo kung saan ito ay banayad at direktang pinagsabihan si Muhammad (s), pinapatnubayan siya at itinutuwid ang kanyang mga pagkakamali.

Tulad ng pagkaka-alam ng mga taong nakabasa ng Qur'an, ito ay namumukod mula sa pagsaway sa pribado o pampublikong usapin man. Sa katunayan, sinaway at pinayuhan si Muhammad (s) sa mga bagay na may kinalaman sa buhay ng kanyang pamilya, at itinuro sa kanya ang mga pagkakamali na ginawa niya sa kanyang mga desisyon sa pamumuno, at kahit na sa paraan ng pagtawag niya ng mga tao sa Islam.

Halimbawa, minsan si Propeta Muhammad (s) ay taimtim at masigasig na nakikibahagi sa pag-imbata sa may paganong pinuno sa Islam, nang may isang bulag na lalaki na naghahanap ng kasiyahan para sa kanyang espiritwal na pangangailangan, siya ay ginambala sa pagsasabing, "Turuan mo ako ng ilan sa kung ano ang itinuro sa iyo ng Allah." Ang Propeta (s) ay masyadong abala sa pakikipag-usap na hindi niya ito pinagtuunan ng masyadong pansin. Inulit ng bulag na lalaki ang kanyang kahilingan ng higit sa isang

beses. Likas na hindi gusto ng Propeta (s) ang maabala at ninais na ang bulag na lalaki ay maghintay hanggang sa matapos siya sa pakikipag-usap sa mga pinuno ng pagano. Samakatuwid, siya ay sumimangot at tumalikod mula sa kanya ng walang anumang salitang sinabi. Nakasaad sa Qur'an ang pangyayaring ito sa kasaysayan, inilarawan ito ng tama at detalyado at ipinakita kung paano sumimangot si Muhammad (s) sa bulag na lalaki at tumalikod mula sa kanya, at siya ay pinagsabihan ng Allah at tinuruan na huwag ng ulitin ang ganoong pag-uugali. Ang pangyayaring ito ay nakasaad sa isang Surah (isang buong bahagi ng Qur'an), na nagtataglay sa pangalan ng mismong pangyayari, na tinawag na, "Ang Kanyang Pagsimangot" (Qur'an - 80:1-11). Ang pangyayaring ito ay sumalamin sa pinakamataas na karangalan ng katapatan ng Propeta (s) sa kapahayagan (rebelasyon) na ipinadala sa kanya. Pagkatapos nito, ang Propeta (s) ay binansagan na ang taong ito na may mataas na karangalan at pagpapahalaga, at makikita siya na may isang mapag-anyaya at nakangiting mukha, sinasabi sa kanya, "Maligayang pagdating sa kanya kung saan pinagsabihan ako ng aking Nag-iisang Panginoon," at ilalatag kahit na ang kanyang balabal sa sahig at pauupuin siya dito bilang isang pagpapahayag ng paggalang.

Naitala sa Qur'an ang mga bilang ng mga pangyayari na nagtuturo sa Propeta (s) at kahit na ang pagsaway sa kanya sa isang paraan na isa man sa atin ay hindi tatanggapin na banggitin ang tungkol sa kanya sa harapan ng lahat ng tao. Paano pa kaya ang isang taong naghahangad ng katanyagan at karangalan para sa kanyang sarili, ay naghayag ng kanyang mga pagkakamali at isinulat ang mga ito sa kasaysayan sa ganitong paraan?



Pinatunayan rin sa atin ng kasaysayan sa maraming pagkakataon kung paano nakaranas si Muhammad (s) ng mga panahon ng paghihirap kung saan ninais niya ngunit walang nangyari sa banal na kapahayagan na patunayan ang kanyang katapatan at kalagayan o ang kanyang kawalan ng kasalanan at nang kanyang pamilya.

Sa isang tulad na pangyayari, ang kanyang sariling mga tao, na matagal na sumalungat sa kanya at nagnais na pinsalain siya, ay humingi ng tulong sa ilang may mga kaalamang Hudyo sa kanilang pakikipaglaban sa kanya.

Iminungkahi sa kanila na tanungin siya tungkol sa tatlong mga bagay. Kung masagot niya ito sa kanila ng tama, kanilang sinabi, siya ay isang Propeta, ngunit kung hindi niya masagot ang mga ito, siya ay hindi. Umakto gaya ng sinabi ng mga Hudyo, ang mga tao mula sa Makkah ay nagtanong ng tatlong mga katanungan sa Propeta (S), at may katiyakan niyang sinabi na sila ay sasagutin sa susunod na araw.

Walang pahayag na dumating sa kanya sa mga sumunod na 15 araw, at siya ay pinagtatawanan ng kanyang mga kaaway sa tuwing sila ay dumaraan sa kanyang harapan. Likas na nakaramdam ng labis na pagdadalamhati si Muhammad (s) dahil sa pangyayaring ito. Makalipas ang 15 araw, ang kasagutan sa mga katanungan ay inihayag. Kasama rin sa mga pahayag na ito ang kautusan ng Allah kay Muhammad (s) na huwag wag magsalita ng seguridad na siya ay may gagawin sa susunod na araw ng walang pagsasabi ng “Kung ipahihintulot ng Allah”, Kaya naman, ang pagsasagawa ng kanyang mga pagkilos ay nakabatay sa kapasyahan ng Allah, at ipinaalam sa kanya na ang pagkaantala sa pahayag ay sinadya ng Allah para sa layunin ng pagtuturo (18:23-24).

Kasalukuyang mga Paratang

Ang talambuhay ni Muhammad (s) ay hindi pangkaraniwan at maaaring ipagpalagay na isa sa pinaka kapani-paniwalang mga patunay na siya ay matapat.

Ito ay isang katotohanan na si Muhammad (s) ay isang mangmang na tao na naninirahan kasama ang mga mangmang na tao. Nakibahagi siya sa kanilang buhay, dumalo sa kanilang mga konseho ng walang kahit na anong ginawang kasalanan o mga masamang ginawa, at naging abala sa paghahanap-buhay upang itaguyod ang sarili at kanyang pamilya – bilang isang tagapastol o isang mangan-galakal. Paano ba siya, pagkatapos ng 40 taon na walang pakikipag-ugnayan sa mga taong may kaalaman, ay bigla na lang sasabihin sa kanila ang mga bagay na hindi pa nila kailanman narinig at gayong sila mismo ay walang pansariling kaalaman tungkol sa kanilang sariling mga ninuno? Isinilaysay niya sa kanila ang kasaysayan ng mga sinaunang tao, sinabi sa kanila ang tungkol sa simula ng paglikha at detalyadong inilarawan ang pamumuhay ng mga nakaraang Propeta kabilang ang iba pang mga bagay. Nagkaroon din siya ng mga bago, detalyado at komprehensibo o ganap na batas sa lahat ng aspeto ng buhay.

Ang katotohanang ito ay labis na nagpasindak at nagpamangha sa kanyang mga kaaway, kaya’t hindi nila alam kung anong paratang ang kanilang iisipin upang balaan ang mga tao laban sa kanya.

Kaya mahirap ipagpilitan na ang Qur’an ay gawa-gawa lang ni Muhammad (s), hindi ito makatwiran para sa isang bumabasa ng Qur’an nang may pag-unawa. Imposible rin ang kanilang

iginigiit na natutunan niya ito mula sa iba, dahil siya ay naninirahan sa pagitan nila, alam nila ang pinakamaliit na detalye ng kanyang buhay... Kaya’t pinagbibintangan nila siya ng mga kontradiksyon, minsan sinasabi nilang kinuha daw niya ito mula sa mga nauna, minsan naman kanilang sinasabing imben-to lamang daw niya ito, minsan naman ay sinasabi nilang: pinagsasabi lamang niya ito mula sa kanyang mga napapanaginipan... At kapag bigo na sila sa pagpapatunay nitong kanilang mga iginigiit, ay sasabihin nila: salamangkero, manunula, o kaya’y baliw!

Parehong kwento sa magkaibang mga pangalan... Hindi ba’t si Moses – sumakanya ang Kapayapaan – ay inakusahan din na siya raw ay salamangkero? Hindi ba’t si Hesus – sumakanya ang Kapayapaan – ay inakusahan din na siya raw ay baliw?

At gayon din ang kalagayan ng lahat ng mga naunang Propeta, sumakanila nawa ang kapayapaan, kapag sila ay nalagay na sa alanganin at nakakahiyang sitwasyon at alam na ang kanilang mga ebidensiya ay mahina, naghahanap sila kung saan-saan para sa kahit na anong posibleng akusasyon para maisalba ang kanilang sarile sa kahihyan.



Ang lahat ng mga Propeta, sumakanila nawa ang kapayapaan, ay sumailalim ng higit o hindi gaano sa parehong mga akusasyon na kinaharap ni Propeta Muhammad (saw). Nang ang kanilang mga kaaway ay walang makita na anumang pagkakamali na maibibintang sa kanila, ay ipinahayag nila na sila ay mga mahikero o mga baliw.


Bakit Hindi Nalang Natin Ituring na Isang Uri ng Kahenyohan?

Pinagkalooban ng Diyos ang tao ng utak na may hindi mailalarawang mga kakayahan at pagkamalikhain. ngunit gayunpaman hindi ba’t likas din na ang isipan ay may limitasyon sa pagpataw ng konklusyon at paghugot ng pag-unawa... Kaya kahit na ang isipan ay nagpapatunay sa pagkakaroon ng Panginoong Tagapaglikha, at nakakaunaw. Ang hustisya ng Panginoon ay nag-gagarantiya ng pagkakaroon ng kabilang-buhay, na matatamo ng bawat isa ang nararapat sa kanila sa nagawang kabutihan man o kasamaan, ngunit kaya ba ng isipan na patunayan ang mga kaliit-liitang detalye ng buhay na ito?

Natutunghayan ng mga may kama-layan sa Qur’an na ito ay nagpapabatid sa atin ng masusing paliwanag sa mga limitasyon ng paniniwala, inilarawan sa atin ng detalyado kung paano sinimulan ang paglikha, at kung paano ito magugunaw. At deskripsyon ng hardin sa kabilang-buhay at mga biyaya nito, at ang impyerno at mga kalagayan ng kaparusahan, at ang bilang ng mga tarangkahan, at bilang ng mga inata-sang anghel doon, at naglahad ng detalyadong mga isyu sa katotohanan ng sansinukob at sangkatauhan... Kaya sa anong lohikal na teorya ang lahat ng mga naturang detalye ibinatay?

Ang mga impormasyon na ito ay hindi maaaring makuha gamit ang katalinuhan o kahenyohan. Maaaring ito ay alinman sa kasinungalingan at hula, o ito ay tunay na katotohanang maaaring makukuha lamang sa pamamagitan ng banal na paghahayag.

Kung napatunayan man ng mga natuklasan ng modernong Agham ang mga katotohanang nailahad nito na hindi sumalungat sa taglay nitong kaalaman, ay gayon ding ito ay sumang-ayon sa mga impormasyong nabanggit sa mga naunang rebelasyon hinggil sa mga di nakikita.




Maari kayang Mula ito sa mga Sinaunang Kasulatan at Binuong Muli:

Hayaang magnilay tayo ng sandali at tingnan kung maaari bang ang mga impormasyon sa Qur'an ay nagmula ng kahit bahagya man, buhat sa kasulatang naisalaysay mula sa naunang mga Propeta?

Kung gayon, ay nakalagpas sa atin ang katotohanang si Muhammad – sumakanya ang Kapayapaan - ay hindi marunong magbasa at sumulat, at gayon din ang lipunang kanyang kinabibilangan. Hindi nila kagawian ang pagbabasa at pagsusulat. At hindi kilala sa kanila ang mga ganitong salaysay, at walang sinuman na taong maalam sa mga banal na kasulatang nauna – liban sa isang saglit na pagkakataon noong kanyang kamusmusan sa paglalakbay kasama ang ilan sa kanyang mga kamag-anakan. At ang mga katunayang nailathala sa kasaysayan na ang mga may taglay ng kaal-

amang mula sa kasulatan sa panahon na yaon ay naglilihim ng kaalaman, sinasarili nila ito upang mapanatili nila ang kanilang mga posisyon. Kaya ang ganitong kaalaman ay hindi basta-basta na makukuha at makakamtan.

Kahit na laktawan muna natin ang lahat ng ito, tunay na ang katotohanan ay nasa harap ng sinumang mananaliksik, na ang Qur'an ay hindi sumasang-ayon sa marami sa mga nabanggit sa mga kasulatan na iyon sa kapanahunan na yaon. Sa halip, ito ay dumating upang itama ang ilan sa mga maling impormasyon na isinama ng mga manunulat sa ibang relihiyon. Dumating din ito upang matustusan ang nawawalang impormasyon sa ilang mga kuwento, nagbigay-alam sa madla kung ano yaong mga inilihim ng mga nakakaalam, naglantzad ng mga ligaw na pag-uunawa sa paniniwala, o ligaw na paglalarawang ipinaratang ng mga manunulat sa mga naisalaysay patungkol sa mga naunang propeta – sumakanila ang kapayapaan – na hindi totoo tungkol sa kanila. Sa katunayan, ang Qur'an ay puno ng mga halimbawa na nagpapatotoo sa katotohanang ito. Kaya sa lahat ng mga ito, makatarungan bang ipagpalagay na siya ay naging estudyante nila, na tagasalo ng kaalaman mula sa kanila?



Isang Mahalagang Makasaysayang Katotohanan:

Ito ay isang mahalagang kasaysayan na napapaloob at dapat na ikonsidera tungkol sa Sugo ng Islam, si Muhammad (s) bilang isang Arabo.

Hindi ba't naihatid sa atin ng kasaysayan na ang lipunan ng mga Arabo na iyon sa panahon na yaon ay hindi nagtataglay ng anumang ipinagmamalaking sining liban nalang sa kahusayan sa pasasalita at pagkamakata? At wala silang anumang produkto liban nalang sa mga tula at makakatang salita. Ginaganap nila para dito ang mga pagtitipon, kapulungan, at kongregasyon. Itinataas nila o ibabagsak ang reputasyon ng isang tribu sa pamamagitan ng mga binibitiwang taludtod sa tula!

Ipinabatid sa atin ng mga aklat ng kasaysayan at panitikan na kapag nagbitiw na ng tula o salitang makata ang isang Arabong manunula, halos hindi pa niya ito matapos ay babatikusin na ng iba ang mga pagkukulang nito, kaya pupunan nito ang mga kakulangan at inihahabol ang mga nakaligtaan, at sasagutin ito ng sariling estilo ng patula rin. At ito ang larangan na sila'y nag-uunahan at nakikipagpaligsahan, kung saan itinatanghal nila ang kanilang lakas at kahusayan.

Hinawakan ni Muhammad (s) ang kanyang mga mortal na kaaway – mga kaaway na walang iniwang batong hindi binaliktad sa pagsusumikap na kalabanin siya, nagparanas sa kanya ng malupit na pagtrato at nagbabala sa mga tao laban sa kanya. At nang sila'y hinamon na maglahad ng katulad ng Qur'an, o katulad ng maikling bahagi nito, natahimik sila't bigo sa pagharap sa naging hamon, kaya sila'y umatras sa kanilang pakikipagsagupa!

Hindi ba nangamba si Muhammad (s) sa hamon na ito na baka pukawin nito ang kanilang kahusayan sa nakahiligan nilang larangan, sa pinaka-kabisado nilang kalakasan, at susugod sa hamon ang mga indibidwal o mga grupo, upang labanan siya, at patunayan sa mga tao ang iginigiit nila na walang-bisa raw ng kanyang dinadala?

Ipagpalagay natin na nakayanan niyang lagpasan ang ganoong hamon dahil kabisado niya ang kakayahan ng kanyang lipunan. Ngunit paano ang kanyang pagtayo sa naturang hamon na permanenteng bukas para sa lahat na mga susunod pang henerasyon hanggang sa araw ng paghuhukom. Na hindi nila kayang maglahad ng katulad ng Qur'an, o maliit na bahagi nito, kahit pa pagtulong-tulong nila!

Ang hakbang na ito ay lubhang mapanganib, hindi ito magagawa ng isang tao liban na lamang kung puno ang kanyang puso ng buong tiwala at kasiguraduhan sa kanyang ipinaparating. At ganun na nga ang nangyari, kaya hindi nakayanan ng buong tribu ng Quraysh, at hindi nakayanan ng mga dalubhasang makata ang mag-akda ng salitang katulad ng Qur'an, at kahit pa bahagi man lang nito. At ito ay katotohanang pinagdaanan ng panahon at nananatili hanggang ngayun. Sinuman ang magtangkang harapin ang hamon na ito, o kaya'y sa pagpapalano pa lamang ng pagtangka, pinatunayan ng kasaysayan na siya ay aatras na may malalang pagkabigo. Siya'y magiging katatawanan sa kanyang lipunan, sasalo ng pangungutya, at magiging salungat sa kanilang pamantayang pampanitikan.

Surah Al- Fatihah (Ang Pambungad na Kabanata)

Ito ang pinaka-dakilang kabanata (*surah*) sa Banal na Qur'an, kung saan lagi itong binibigkas ng isang Muslim sa kanyang mga panalangin. Ang kahulugan nito ay ang mga sumusunod:



Ang kahulugan ng Surah Al-Fatihah



"Sa ngalan ng Allah, ang Pinaka-Mapagbigay, ang Pinaka-Mahabagin."

Ang kahulugan: Ako ay nagsimula sa ngalan ng Allah, ng may paggalang at pagpipitagan, ang Mahabagin na ang awa ay sumasaklaw sa lahat ng mga bagay.

"Ang pagpupuri ay sa Allah lamang, ang Nag-iisang Panginoon ng buong sandaigdigang."

Ang kahulugan: Pinupuri ko ang Allah kasama ang lahat ng Kanyang mga Katangian, ginawa, malinaw at nakatagong mga biyaya, ng dahil sa pagmamahal at paggalang. Siya ang Tagapaglikha, nagmamay-ari, nagbibigay, nag-aayos ng mga pangyayari at nagkakaloob ng lahat ng mga tulong sa lahat ng mga nilikha ng walang pagtatangi.

"Ang Mapagbigay, ang Mahabagin."

Ang kahulugan: Nasa Kanya ang lahat ng mga katangian ng awa sa lahat ng anyo at mga pagpapahayag. Nasa Kanya ang isang pangkalahatang habag na sumasaklaw sa lahat ng bagay sa mundong ito, gayundin ang isang natatanging habag na Kanyang inilalaan lamang para sa Kanyang masunurin, naniniwalang mga tagapaglingkod.

"Nag-iisang Panginoon sa Araw ng Paghuhukom."

Ang kahulugan: Siya lamang ang Hari at Tagahatol sa Araw ng Paghuhukom.

"Ikaw lamang ang aming natatanging sinasamba, at Ikaw lamang ang hinihingan namin ng tulong."

Ang kahulugan: Wala kaming ibang sinasamba kungdi Ikaw, ang aming Nag-iisang Panginoon, at wala kaming ibang sinasamba maliban sa Iyo sa anumang paraan. Ikaw lamang ang aming hinihingan ng tulong at suporta sa lahat ng mga nangyayari sa aming buhay, ang Kapangyarihan ng pagpapasya ay nakasalalay sa Iyo lamang, at walang sinuman ang may bahagi sa Iyo sa bagay na ito na kahit na kasing-bigat ng atom.

"Patnubayan kami sa tamang landas."

Ang kahulugan: Gabayan tayo sa tamang landas at tulungan tayo na sundin ito hanggang sa Ikaw ay aming makilala.

"Ang landas ng mga taong lyong pinagpala --"

Ang kahulugan: Ang landas kung saan ginabayan Mo ang mga Propeta at ang mga taong matuwid na nakakaalam ng katotohanan at sumunod dito.

"Hindi ang mga tao na nagtamo ng lyong galit, maging ang mga taong papasok sa Impiyerno."

Ang kahulugan: Ilayo kami mula sa landas ng mga taong nagtamo ng lyong galit dahil sa pagkakaroon nila ng kaalaman sa katotohanan nguni't pinili na huwag sundin ito; ilayo din kami mula sa landas ng mga taong hindi ginabayan sa katotohanan dahil sa kanilang kamangmangan at kapabayaang sa paghahanap nito.

"Ameen"

Ang kahulugan: O aming Nag-iisang Panginoon, tugunin mo ang aking panalangin.



Ang Bawat Tao Ay May Sariling Pagpapasya:

Ang bawat tao ay aabot sa punto na bubuo ng kanilang sariling pagpapasya. Ang kanilang mga hatol at saloobin tungkol sa Qur'an ay sa wakas ibabata nila sa kanilang personal na karanasan sa maingat na pagbabasa at pag-unawa at pagmumuni-muni sa mga kahulugang taglay nito. Kasama ang maingat na pagpili ng angkop na pagkakasalin sa sariling wika kung hindi alam ang wikang Arabik.

Ang Qur'an ay malinaw na nagsasaad na ang isa sa mga pinakadakilang mga katibayan ng katapatan ng pagkapropeta ni Muhammad (s) – sumakanya ang Kapayapaan - ay nakadepende sa kalalabasan ng ating mga puso at isipan matapos mabasa ang Qur'an at maunawaan ito. Tulad ng sinasabi ng Qur'an: "Hindi ba sapat para sa kanila na Kami ay nagpadala sa iyo ng Aklat na binabasa sa kanila? Tiyak na sa gayon ito ay habag at isang paala-ala sa mga taong naniniwala" (Q:29:51).

Inaanyayahan ng Qur'an ang lahat na basahin ito at pag-isipan ito upang maunawaan ito, na malinaw na nagsasabi na tanging ang mga may kandado sa kanilang mga puso at isipan ang siyang tatanggi na gawin ito (Q:47:24).





Ang Pagsamba sa Islam

Kailangan

Kailangan Ba Ng Diyos Na Siya'y Sambahin?

Hindi kailangan ng Diyos ang ating pagsamba, o ang ating mga mabubuting gawa, para sa bagay nayan. Sa totoo lang, ang kaligtasan sa Islam ay di matatamo sa simpleng ritwal lamang, kapormalan at panalaping maiaambag. Bagkus, ito ay makakamtan, maliban dito, sa pamamagitan ng kanyang antas ng katapatan at paniniwala sa Panginoon, na mapapamalas sa katotohanan sa pagsusumikap na mapabuti ang sarile at ang kanyang pag-uugali at pagsusumikap na maglingkod para sa kabutihan at kaunlaran ng lipunan.

Kailangan Ba Ng Diyos Na Siya'y Sambahin?

Hindi kailangan ng Diyos ang ating pagsamba, o ang ating mga mabubuting gawa, para sa bagay nayan. Sa totoo lang, ang kaligtasan sa Islam ay di matatamo sa simpleng ritwal lamang, kapormalan at panalaping maiaambag. Bagkus, ito ay makakamtan, maliban dito, sa pamamagitan ng kanyang antas ng katapatan at paniniwala sa Panginoon, na mapapamalas sa katotohanan sa pagsusumikap na mapabuti ang sarile at ang kanyang pag-uugali at pagsusumikap na maglingkod para sa kabutihan at kaunlaran ng lipunan.

Ang Qur'an (51:56-8) ay nagsabi, "Nilikha Ko lamang ang tao at jinn upang Ako ay sambahin, di Ko kailangan ng kahit na ano mula sa kanila, Katotohanan, Ang Panginoon ang Tagapagtustos, ang Panginoong Malakas, ang Pinakamakapangyarihan."

Kung ang ibang tao ay nagtataka kung ano ang tamang direksyon ng pagdarasal - para sa mga Muslim sila ay haharap sa Makkah sa pagdarasal - ilang mga berso sa Qur'an ang naihayag kay Propeta Muhammad (s), na nagsasaad na ang tunay na realidad ng relihiyon ay nakasalalay sa kapatapatan at paniniwala, paggawa ng kabutihan na makakabuti sa sangkatauhan, hindi lamang sa pagharap sa kanluran tuwing magdarasal. Ang Qur'an ay nagsabi, "Ang Kabutihan ay hindi lamang dahil sa pagharap sa silangan o kanluran. Ang mabuti ay yaong naniniwala sa Panginoon at sa Huling Araw, sa mga anghel, sa mga banal na aklat, mga Propeta, na kahit na gaano man nila kamahal ang kanilang kayamanan ay ipinamimigay nila ito sa kanilang


mga kamag-anakan, sa mga ulila, sa mga mahihirap, sa mga nagbibiyah na kapos, sa mga namamalimos, at sa pagpapalaya ng mga bihag; yaong ginagawa ang kanilang pagdarasal at nagbibigay sa kawang-gawa; sa mga tapat sa kanilang mga pangako at matatag sa mga pagsubok at kahirapan at sa oras ng digmaan. Ang mga ito ang mga tunay na mananampalataya; sila ang mga may takot sa Diyos" (2:177).

Ang Qur'an ay nagpatuloy sa paglilinaw na yaong mga nagsusumikap sa usaping pagsamba at deboto ay ginagawa ito para sa kanilang sarileng kapakanan, at yaong mga umayaw sa Islam ay ang tunay na talunan, sapagkat ang Diyos ay walang pangangailangan mula sa ating lahat, gaya ng nasasaad sa Qur'an, "Sinuman ang nagsusumikap [para sa Panginoon] ay ginagawa lamang ito para sa kanyang sarileng kabutihan; sapagkat, katotohanan, ang Panginoon ay walang pangangailangan mula sa Kanyang mga nilikha" (29:6).

Kapag ang ilang tao ay nagtanong at nagtaka kung saan ang tamang direksyon ng panalangin, ay may ilang taludtod sa Qur'an na ipinahayag kay Propeta Muhammad (saw), binigyang-diin na ang tunay na relihiyon ay nakabatay sa katapatan ng pananampalataya, paggawa ng mga mabubuting gawain at nagbibigay ng pakinabang sa mga tao, hindi lamang ang pagharap sa Silangan o sa kanluran sa kanilang panalangin.

Ang mga Haligi ng Islam

Ito ang mga pinaka importanteng pinag-utos na uri ng pagsamba sa Islam. Ito ay ang mga sumusunod:



1

Matatag at tapat na paniniwala at pagsamba sa Diyos at pagtanggap at pagsunod sa Kanyang Propeta na si Muhammad (s). Sa Arabik, ang pangunahing basehan sa pagpapahayag ng paniniwala (Shahadah sa Arabik) ay sinasabi ng ganito: Ash hadu an la ilaha ill-Allah, wa ash hadu anna Muhammadan Rasulullah. Sa pagkakasalin sa tagalog ay: "Ako ay sumasaksi na walang ibang Diyos maliban kay Allah (Diyos), at ako ay sumasaksi na si Muhammad (s) ay Propeta ng Diyos." (Tingnan sa pahina 33)




2

Pagsagawa ng mga ipinag-uutos na pagdarasal (tingnan sa pahina 102)



3

Pagbibigay sa ipinag-utos na kawang-gawa (zakat) (tingnan sa pahina 106)



4

Pag-aayuno sa buwan ng Ramadhan, ang ika-siyam na buwan ng Kalendaryong lunar (tingnan sa pahina 108)



5

Pagsasagawa ng paglalakbay sa Banal na Bahay ng Diyos sa Makkah (hajj, o paglalakbay) para sa mga may kakayahang pinansyal at kaya ng katawan (tingnan sa pahina 110)

Bakit Moral na Responsibilidad at Sakit

Maaaring maitanong natin, bakit ba tayo biniyayaan ng Diyos ng pagkain at ang pakiramdam ng pagkagutom ngunit tayo ay inutusang mag-ayuno? Paanong nilikha niya ang kagandahan at ang pagnanasa at tayo ay inutusang ibaba ang tingin o huwag tumitig at pangalagaan ang ating puri? Maaari ding maitanong ng isa sa atin, bakit tayo binigyan ng lakas at pinagbawalan tayo na manakit at maging mapang-api sa iba?

Mula sa Islamikong perspektibo, Biniyayaan tayo ng Diyos ng mga yaong kakayanan at abilidad upang kontrolin ang mga nabanggit at hindi upang tayo ang makontrol ng mga ito. Halimbawa, biniyayaan tayo ng Panginoon ng mga Kabayo upang ating sakyan at kontrolin, hindi upang sumakay tayo at sila ang mag kontrol kung saan nila tayo dadalhin. Sa katunayan, ang ating katawan at lakas ang nagsisilbing kabayo sa atin, na nilikha para sa atin upang ating masakyan, patigilin, at gamitin sa tamang oras, lugar at pamamaraan hindi ang kabaliktaran.

Ang tunay na halaga ng tao ay nakasalalay sa kanyang kakayanan na kontrolin ang kanyang mga nais at luho, at gamitin ang mga ito sa kapakipakinabang na pamamaraan. Sa pamamaraan na ito, napagkikilanlan ng Diyos ang mga tao at naihahanda sila sa mga pagsubok. Ito sa katotohanan ang dahilan kung bakit tayo nilikha ng Diyos.

Katulad sa nasasaad sa Qur'an, "Nilikha Namin ang tao mula sa pagsasama ng dalawang kasarian, na maaari Naming gawin silang patunay. Pinagkalooban Namin sila ng pandinig at paningin. Itinuro Namin sa kanya ang

kaparaanan, kung siya man ay nagpasalamat o hindi" (76:2-3).

Kung kaya ang lahat ng sakit o hirap, kalamidad at pagdurusa na ating naranasan bilang tao, ay mga pagsubok lamang upang patibayin ang ating ispiritwal at moral na paglago, tumaas ang pananampalataya at alalahanin ang ating layunin at posisyon sa buhay na ito. Katulad sa nakasaad sa Qur'an, "Susubukin Namin ang inyong pagiging matuwid sa pamamagitan ng hirap o sakit na may pagkatakot, pagkagutom, at pagbagsak ng kayamanan, pagkamatay ng mahal sa buhay at kakulangan sa mga prutas. Mag bigay ng magandang balita doon sa mga matatag na nagtiis, at yaong mga nasa gitna ng pagsubok ay nagsabi 'Kami ay sa Diyos nagmula at sa Kanya kami muling babalik' (2:155-6).

Ang buhay na ito kung gayon, ay nagbibigay ng oportunidad sa atin upang magtagumpay o mabigo sa larangan ng pananampalataya at kaugalian. Ang Dakilang Panginoon ay nagbibigay sa atin ng permanenteng oportunidad upang sundin ang landas ng kabutihan at ayusin ang ating mga gawi. Hindi Niya tayo inobliga; bagama't binigyan tayo ng laya na pumili ayon sa ating naisin at binigyan Niya tayo ng gabay upang pagyamanin ang mundo, bumuo ng sibilisasyon, at pakinabang sa sangkatauhan. Sa kabila nito, hinimok Niya tayo na tumawag sa Kanya, at ayusin ang ating mga gawi sa tuwing tayo ay nagkakamali. Si Propeta Muhammad (s) ay nagsabi "Kung hindi kayo magkakamali, ang Diyos ay papalitan kayo ng mga tao na magkakasala at hihingi ng kapatawaran mula sa Diyos; at katiyakan sila ay patatawarin" (Muslim: 2749).



Ang tunay na halaga ng kalalakihan at gantimpala ay nakasalalay sa kanyang kakayahan na pigilan ang kanyang nakasanayan at ninanais at sa paggamit sa nasabing pasilidad sa kapaki-pakinabang na mga paraan.

Panalangin

Walang dudang mga Muslim nakita ng personal o napanood sa telebisyon, kung saan ang isa o maraming mga Muslim na nagtutungo sa isang direksyon, nag umpisa sa pagtayo, pagyuko at pagpatirapa na kung titingnan mo ay animo tumigil ang mundo sa kanilang paligid.

Ano ang Panalangin ng mga Muslim?

Ang panalangin ay nagtataglay ng pinakamahalagang posisyon sa Islam sapagkat ito ang pinaka mahalagang paraan upang lumapit sa Panginoon, ang manalangin at sumunod sa Kanya. Inatasan ng Panginoon si Propeta Muhammad (s) at ang lahat ng mga Muslim, na magpatirapa at lumapit sa kanya (96:19). Sa dahilang ito kung kaya ang Panalangin o Pagdarasal ay ang pangalawang haligi ng Islam matapos ang pag bigkas ng pagpapahayag ng pananampataya.

Si Propeta Muhammad (s) ay nagsabi, "Ang Islam ay binubuo ng limang mga haligi: Pagpapatotoo na walang ibang diyos kung hindi ang Allah at si Muhammad (s) ay Sugo ng Panginoon, pagsagawa ng obligadong panalangin, pagbigay ng zakat, at paglakbay sa landas tungo sa Sagradong Bahay at pag ayuno sa buwan ng Ramadan" (Al-Bukhari:8).

Ang Islam ay nagtuturo na ang Muslim ay gagantimpalaan sa kanyang panalangin ayon sa bigat ng kanyang pagpupursige na dalisayin ang kanyang puso, pag iwas sa mga maaaring maka agaw ng konsentrasyon sa panalangin, taus-pusong pagpapakita ng buong kababaang loob sa harap ng Panginoon at paglapit sa Kanya. Sa ganitong estado mararanasan niya ang kapayapaan at katahimikan sa Kanyang presensya. Sa katunayan, panalangin ang pinagkukunan ng kaligayahan ni Propeta Muhammad(s).

Kaya naman, ang Qur'an ay nag uutos sa mga Muslim na magsagawa ng panalangin sa pamamagitan ng pagsasagawa ng buong katawan, kasama ang puso, ang isip at ang kaluluwa at hindi nilimitahan sa ilang pisikal na pagkilos. Kung isinagawa sa ganitong paraan, ito ang pinaka mainam na kaparaanan sa pag gawa ng mabuti at pag iwas sa kasalanan. Samakat'wid, ang pag-alala sa Panginoon at pag-tawag sa Kanya ang pinaka mainam na maaari at posible na magawa ng isang nilikha.

Nasasaad sa Qur'an, "Bigkasin ninyo ang mga ipinahayag sa inyo ng Aklat, at itayo ang obligadong pagdarasal. Katotohanan, ang panalangin ang magpipigil sa sinuman mula sa kawalan ng kahihiyan at kasamaan, ang pag-alala sa Panginoon ay lubos na nakahihigit. Alam ng Panginoon ang ginagawa mo" (29:45).

Sa mga nag-aakala na ang panalangin ay isa lamang na pisikal na ehersisyo matapos ang pag huhugas at kalinisan ay nabigo na mapag-tanto na ang mga galaw at pagbigkas ng maikling mga talata na kung saan pinapupurihan ang Diyos ay paraan ng pagdakila at pagkilala sa Kanyang Kadakilaan. Katulad halimbawa, sa mga salita na binibigkas ng nananalangin kapag siya ay nakatayo, sa pag-galang at pagpapakumbaba sa panalangin habang itinataas ang kanyang kamay ay Allahu akbar (Ang Allah ang Pinaka-Dakila).

At siya ay yuyuko, nagpapakita ng buong kababaang loob at pagkilala sa Kanyang Kadakilaan, binibigkas ang Subhana rabbiy-al-adheem (Papuri sa aking Panginoon, ang Pinaka Makapangyarihan) at siya ay magpapatirapa, nag aasam na mapalapit sa kanyang Panginoon at sa pagtugon nito sa kanyang panalangin, sa pamamagitan ng pag daiti ng kanyang mga tuhod, kamay, nuo at ilong sa sahig binibigkas ang Subhana rabbiyal-a'la (Papuri sa aking Panginoon, ang Kataas-taasan). Kung kaya ang lahat ng galaw sa pagdarasal ay hindi lamang basta pagkilos at pagbulong; kung hindi ito ay mga mabiyaya na sandali, na nag-uugnay sa mananampalataya sa kanyang Panginoon at Tagapaglikha kung saan nagmumula ang kanyang kaligayahan at kanyang pag-iral.

Inuutusan ng Panginoon ang mga Muslim na mag dasal ng limang beses araw-araw sa takda nitong oras. Maaari nilang isagawa ang pagdarasal saan mang lugar, ngunit hinihimok ang mga ito na sa Mosque ito isagawa upang pagtibayin ang ugnayan ng kumunidad, mapalalim ang kanilang relasyon at magtulungan ang bawat isa sa mga usaping pangrelihiyon at pagtutulungan dito sa mundo.



“

Ang panalangin ang pinagkukunan ng dakilang kaligayahan ni Propeta Muhammad (saw).



Ang malaking Masjid sa Makkah ay ang pinaka-Banal na masjid sa Islam. Ito ay nagsisilbing tahanan ng ka'abah, isang hugis-kuwadrang istrakturang bato. Ang ka'abah ay orihinal na itinayo ni Propeta Abraham (as), at ang mga Muslim ay inutusan na humarap dito sa tuwing siya ay mananalangin kahit na sila ay naniniwala na di ito maaaring magdulot ng pinsala o kabutihan.

Hinihimok din sila na magsagawa ng mga pili o boluntaryong panalangin hanggat maaari.


Ang mga Muslim ay nagdarasal sa direksyon ng Ka'bah, ang malakwadrado na istruktura na matatagpuan sa loob ng banal na Mosque sa Makkah sa kanlurang bahagi ng Arabian Peninsula. Ang Ka'bah ay orihinal na itinayo ng 'Ama ng mga Propeta', katawagan kay Abraham (as), at lahat ng mga propeta ay naglakbay papunta dito. Ang Ka'bah ay isa lang istrakturang bato, ngunit ang Panginoon ay nag utos sa mga Muslim na humarap dito sa oras ng pagdarasal upang mag silbing sentro (iisang direksyon) ng lahat.

Ang Panawagan Ng Mga Muslim, Para sa Panalangin

Ang adhan ay ang panawagan ng mga Muslim na nagpapa batid na ang oras ng ipinag-utos na dasal ay nagsimula na at nararapat na sila ay pumunta sa Mosque.

Ito ay uri ng pag-alala at pag-galang sa Panginoon, at para din sa pag hahanda ng mga Muslim na dumalo sa pagdarasal sa Mosque. Ang pagtawag ng Adhan (ang salin sa tagalog) ay ganito:

- 1- Ang Allah ay Dakila ang Allah ay Dakila. Ang Allah ay Dakila. Ang Allah ay Dakila.
- 2- Ako ay sumasaksi na walang ibang Diyos maliban kay Allah. Ako ay sumasaksi na walang ibang Diyos maliban kay Allah.
- 3- Ako ay sumasaksi na si Muhammad ay Sugo ng Allah. Ako ay sumasaksi na si Muhammad ay Sugo ng Allah.
- 4- Halina sa panalangin. Halina sa panalangin.
- 5- Halina sa tagumpay. Halina sa tagumpay.
- 6- Ang Allah ay dakila. Ang Allah ay dakila.
- 7- Walang ibang Diyos maliban kay Allah.



Ang Ipinag-utos na Kawang-gawa

Mayroong pandaigdigang hiling ang sangkatauhan para sa sulusyon ng pagkakahiwalay ng labis na kayamanan at abang kahirapan. Alam natin ang malawak na agwat sa pagitan ng mayaman at mahirap, sa pagtanggihan at pag-iwas ng lipunan lalo itong naghihiwalay. Maraming beses ng sinubukan ng mga sestimang pang ekonomiya, napapanahong idolohiya at ang pamahalaan para maresolba ang problema. Paano ba ito pinakitun- guhan ng Islam?

Ang Islam ay inobligang ang mayay- amang Muslim na magbayad ng 2.5 na porsyento ng kanilang taunang kita para sa mahihirap, nangangailangan at sa mga kagaya nila, ginawa ang ob- ligasyon na ito na pangatlong haligi ng Islam.

Ang obligadong kawang-gawa ay binibigay ng mayayaman, hindi bilang pabor para sa mahihirap, kundi ito ay karapatan ng mahihirap na tuman- ggap ng benepisyo mula sa mayay- aman na di kailangang ikahiya ang paghingi.

Ang mayamang Muslim ay hindi ki- nakailangang magbigay ng sobra sa nasabing porsyento. Ang Islam din ay nagbigay ng oportunidad sa maram- ing tao na magpaligsahan sa pag- gasta sa magagandang adhikain. Ito ay nagresulta upang makamitan ang kayamanan pa lalo, kalusugan, tagum- pay at kaligayahan sa buhay na ito. Sa kabilang buhay, doon sa mga nagbi- gay ay makakasumpong ng maraming pabuya at walang hanggang kasaga- naan.

Ang Qur'an ay inihalintulad yaong mga nagbibigay ng kanilang kay- amanang para sa landas ng Diyos na

gaya ng butil ng mais na namumunga ng pitong tainga ng mais na may ma- higit sa isang daang butil ang bawat isa, na mapaparami pa ng pitong daang beses. Ang Diyos ay nagdagdag ng kanilang pabuya dahil sa kanilang katapatan at mabuting layunin doon sa mga gumagasto ng kanilang kay- amanang; Dahil Siya ang labis na ma- pagbigay at nakakaalam ng lahat ng mga layunin ng mga tao:

Ang kahalintulad ng yaong mga gumagasto ng kanilang kayamanan sa landas ng Diyos ay kagaya ng bu- til na namumunga ng pitong tainga, sa bawat tainga ay may mahigit na isang daang butil. Ang Diyos ay nag- dadagdag ng maraming beses doon sa gustuhin Niya. Ang Diyos ay maka- pangyarihan at nakababatid ng lahat" (2:261).

Ang Qur'an ay nagpabatid din sa atin na ang pagbibigay sa mga mahi- hirap at nangangailangan ay naglilinis sa puso ng nagbibigay mula sa pagig- ing makasarile at kasakiman. Ito ay nagsasaad, "Kunin ang zakat mula sa kanilang mga kayamanan upang ma- linis sila mula dito..." (9:103).

Ang obligadong kawang-gawa o zakat na binabayaran ng mga mayayaman, hindi bilang isang tulong, kundi ito ay isang kara- patan ng mahihirap na kinukuha mula sa kayamanan ng mayaya- man ng walang nararamdamang pagpipilit ng paghingi sa parte ng mahihirap o maging dahilan ng kanilang kahihiyan.

Ito ay patuloy na nagpabatid sa atin na ang kakuriputan na pumipigil sa ka- nila na gumasto mula sa kanilang kay- amanang upang tumulong sa mahihirap at nangangailangan ay ang tunay na pagkatalo, dahil sa paggawa nito ipi- nagkait nila sa sarile nila ang kaligaya- han sa buhay na ito at kaginhawaan sa kabilang buhay.

Ang Qur'an ay nagsabi, "Dito ay tinawag ka na gumasto sa landas ng Diyos, at ang ilan sa inyo ay kuripot; at siya na kuripot ay pinagdamutan lamang niya ang kanyang sarileng kaluluwa, subalit ang Diyos ay may- aman at ikaw ay mahirap; at pag di ka tumalima, ay papalitan Niya ng ibang tao, at sila ay di kagaya mo" (47:38)

Ang pagpapatupad sa dakilang tungkulin sa Islam ay makakatulong na maunawaan ang konsepto ng pan- lipunang seguridad at tungkol sa pag- kakapantay-pantay ng bawat miyem- bro ng lipunan. Sa pamamagitan ng pagbabayad ng Zakat sa mga taong

may karapatan dito, ang pinansyal na kayamanan ay titigil sa pag-usbong sa ilang mga kamay sa lipunan. Dahil sa kadahilanang ito, sinasabi sa atin ng kasaysayan, na ang mga naunang Muslim ay madalas na naghahanap sa mga mahihirap at mga nangangailangan upang magbayad sa kanila ng zakat nguni't walang mahanap na sinuman.

Ang pagbabayad ng Zakat ay nag- papayabong sa mga nararamdamang pagmamahal, pagkakaisa at nagpa- paunlad sa pagkakaisa ng komuni- dad. Dahil ang mga tao ay likas na may isang pag-uugali na magustuhan ang mga tao na gumagawa sa kanila ng kabutihan, ang mga miyembro ng lipunan ng mga Muslim ay nagig- ing malapit na tulad ng mga bloke ng isang gusali, tinutulungan ang bawat isa. Ang mga krimen tulad ng pag- nanakaw at panloloob ay may posibi- lidad na maalís sa ilalim ng ganitong mga kalagayan.

Inihalintulad ng Islam ang mga taong gumugugol ng kanilang kayamanan gayundin ang naghahanap ng ikalulugod ng Allah sa isang butil na tumubo sa pitong busil na may isang daang mga butil sa bawat busil, kung saan ito ay dumami ng hanggang pitong daang beses.



Pag-aayuno

Hinahangaan nating lahat ang mga taong may pagpipigil sa kanilang mga sarili at pag-iwas mula sa pagkain, o mula sa pag-ubos ng ilang uri ng pagkain, upang mapanatili ang mabuting kalusugan o mabawasan ang timbang o pagsunod sa payo ng mga manggagamot. Lagi nating tinuturing na malaking tagumpay ang kanilang kakayahan na kontrolin ang kanilang mga ninanais.

Kapag nag-aayuno ang mga Muslim ay nakakamit nila ang mas malaking layunin kaysa dito. Sa pamamagitan ng pagsasagawa ng isang pag-aayuno, ay sinasanay nila ang kanilang sarili na pigilin ang kanilang mga gawi at mga hinahangad at sumunod sa ipinag-utos ng Allah, ang pinakamahusay na Hukom.

Ang pag-aayno (Siyam o sawm sa Arabik) ay ika-apat na haligi ng Islam. Ang isang taong nag-aayuno ay kailangang umiwas mula sa pagkain, pag-inom, at anumang sekswal na gawain sa kanyang asawa mula sa madaling-araw hanggang sa paglubog ng araw, sa panahon ng buwan ng Ramadan, kung saan ito ang ika-siyam na buwan sa Islamikong kalendaryong Lunar.

Ipinaalam sa atin ng Qur'an na ang pag-aayuno ay ipinag-utos sa mga naunang nasyon, sa magkakaibang panahon. Gayunpaman ang layunin sa likod nito ay magkapareho: upang maging matuwid, magkaroon ng takot sa Allah at lubos na pagpapasakop sa Kanya:

“O kayong mga nananampalataya, ang pag-aayuno ay ipinag-utos sa inyo tulad na ito ay ipinag-utos sa mga nauna sa inyo, upang inyong panatilihin ang takot sa Allah.”



Minsang sinabi ng Propeta ng Islam (saw) na ang isang taong nag-aayuno ay hindi kailanman makikinabang mula sa kanyang pag-aayuno kung hindi niya babaguhin ang paraan ng kanyang pamumuhay at maging isang mabuting tao pagkatapos ng pag-aayuno.

Kapag napaglabanan ng isang Muslim ang sekswal na pagnanasa sa pamamagitan ng pag-iwas mula sa mga ito sa loob ng ilang oras sa isang araw, siya ay magiging amo ng kanyang sarili – ang kakayahang pigilin ang kanyang sarili at umiwas sa mga pagnanasa na ipinagbabawal sa lahat ng kalagayan. Ito ang dahilan kung bakit sinabi ni Propeta Muhammad (S) na ang isang tao ay hindi makikinabang mula sa kanyang pag-aayuno kung hindi niya aayusin ang kanyang pamamaraan at maging isang mas mabuting tao pagkatapos mag-ayuno. Kanyang sinabi, “Ang isang tao na hindi humihinto mula sa mapanlinlang na salita at gawain (habang nag-aayuno), dapat niyang malaman na ang Allah ay hindi nangangailangan ng kanyang pag-iwas sa pagkain at pag-inom.” (Al-Bukhari: 1804).

Ang matinding pagkagutom at pagkauhaw na nararanasan ng mga Muslim habang nag-aayuno ay nagbibigay-daan upang mabatid nila ang mga matinding epekto ng nasabing mga pasakit sa mga mahihirap at mga nangangailangan na pinagkaitan ng mga pangunahing pangangailangan sa buhay sa loob ng mahabang panahon at dumaan sa matinding pagkagutom at pagkauhaw. Ang pakiramdam na ito ay nagbibigay sa kanila ng pinakamalaking dahilan upang tumulong sa mga nangangailangan.



Sa pamamagitan ng pag-uutos sa mga Muslim na mag-ayuno, ang Islam ay naglalayong paalalahanan ang mga tagasunod nito sa kahirapan ng pagkagutom at pagkauhaw na nararanasan ng mahihirap at nangangailangan.

Ang Peregrinasyon o Pagbisita sa Bahay ng Allah (*Hajj*)

Kasama sa karamihan ng mga relihiyon ang bahagi ng isang espirituwal na paglalakbay kung saan ang tapat na mananampalataya ay taimtim na humihingi ng tulong sa kanilang Tagapaglikha at ipahahayag ang kanilang pagmamahal sa Kanya. Gayunpaman, sa lahat ng mga paglalakbay sa mundo, ang taunang peregrinasyon ng mga Muslim sa Makkah ay tumutukoy sa laki at saklaw nito. Taun-taon, mahigit sa tatlong milyong mga Muslim ang nagsasama-sama sa Makkah kung saan sila nagtitipon sa isang maliit na lugar upang magsagawa ng mga ritwal ng peregrinasyon o ng paglalakbay.

Ano ang Ganap na Peregrinasyon o Paglalakbay sa Islam?

Ang Hajj, ang taunang peregrinasyon o paglalakbay ng mga Muslim sa Makkah, ito ay ika-lima sa haligi ng Islam. Ang tungkuling ito ay dapat na isagawa ng bawat Muslim na may malakas na pangangatawan at may kakayahang pinansyal, isang beses sa kanyang buhay.

Ito ay isang pambihirang paglalakbay kung saan isinasantabi ang mga pagkakaiba ng antas sa lipunan, nasyonalidad, lahi, pananamit at kayamanan. Ang lahat ng mga manlalakbay ay nagsusuot ng iisang kulay na damit at iisa ang binibigkas, na may isang masigasig na puso, ang parehong mga salita na nagpapakita ng tunay na ugnayan sa pagitan ng tao at ng kanyang Nag-iisang Panginoon. Ang mga salitang ito ay nakasalin sa mga sumusunod: "Narito ako na naglilingkod sa Iyo. O Nag-iisang Panginoon, narito ako na naglilingkod sa Iyo. Walang itatambal sa Iyo. Narito ako na naglilingkod sa Iyo. Ang lahat ng papuri at lahat ng kabutihan ay nauukol sa Iyo. Ang lahat ng kapangyarihan ay tanging sa Iyo at wala Kang katambal. "

Sa kabila ng iba't-ibang ritwal na isinasagawa ng mga Muslim sa panahong ito ng paglalakbay para sa pananampalataya at ang iba't-ibang mga panalangin na kanilang binibigkas, ang lahat ng ito ay nangangahulugan ng ating pag-alala sa Allah, upang magkaroon ng takot sa Kanya, ipakita ang pangangailangan natin sa Kanya at upang humingi ng tawad at gantimpala mula sa Kanya. Si Propeta Muhammad (s) ay minsang nagsagawa ng, "Pag-ikot sa Ka'bah at paglalakad sa pagitan ng mga burol ng As-Safa at Al-Marwah na ipinag-utos lamang upang alalahanin ang Allah." (Ibn Abi Shaybah: 15334).

Ang taong naglalakbay sa Makkah na may layunin sa pagsasagawa ng peregrinasyon o hajj ay nagpapalit ng kanyang damit at nagsusuot ng dalawang piraso ng simpleng damit upang ipahayag ang kanyang pagpapasakop sa Allah at upang maramdaman ang pagiging pantay sa kapwa manlalakbay sa kabila ng kanilang kaibahan sa makamundong katayuan.

A close-up photograph of a pair of hands, likely belonging to a woman, gently cupping a small, blue, paper-cut house. The house has a simple design with a chimney on the right side and four square windows arranged in a 2x2 grid. The hands are positioned with the fingers slightly curled, supporting the house from below. The background is a neutral, light-colored surface.

Ang Pamilya sa Islam

Ang pagkakaisa ng pamilya ay nanganganib sa maraming mga kadahilanan, at minsan ang isang pamilya ay binubuo ng isang grupo ng mga tao na walang kaugnayan sa isa't-isa na may maraming susi ng iisang bahay.

Sa kasamaang palad, karamihan sa mga kalalakihan sa kasalukuyan ay nais na iwasan ang kanilang mga tungkulin sa pag-aalaga sa isang asawa o mga anak. Sa halip, binabaling nila ang kanilang sarili sa pagpapakasaya at tinutupad ang kanilang pansariling pagnanasa ng walang pananagutan.

Kahit na ang kalakarang ito, ay mas nakikita sa kasalukuyan kaysa sa dati, ito ay laging tinatanggap ng ilang mga tao mula sa simula ng kasaysayan. Ang ganitong kalakaran ay ang bunga ng pagsasawalang kibo upang ipagpatuloy ang pansariling interes na nagmumula sa pagwawalang bahala sa mga masasamang epekto nito, na nakatakda sa tao at sosyodad.

Sa kadahilanang ito, na ang Islam ay nagbibigay ng sukdulang pansin sa pamilya, sa alituntunin nito, gayundin sa mga karapatan at tungkulin ng bawat miyembro. Dahil itinuturing ng Islam ang pamilya bilang sentro ng kamalayan, edukasyon at pag-unlad, na ang katapatan sa lipunan ay makakamit lamang kung ang pamilya ay itinatag na may isang mabuting pundasyon.

Ang pagmamalasakit na ito ay makikita sa hindi mabilang na probisyon, kabilang ang mga sumusunod:

1



Pinahahalagahan sa Islam ang alituntunin ng pag-aasawa na kinakailangan sa pagbuo ng isang pamilya.

- Ang pag-aasawa ay isa sa pinaka-mahalagang gawain sa Islam at bumubuo sa isa sa mga kaugalian ng mga Sugo ng Allah. Nang ang ilan sa mga kasamahan ng Propeta (s) ay naglayon na hindi mag-asawa at tuluyang itataga ang kanilang mga sarili sa pagsamba, patuloy na panalangin at pag-aayuno, sila ay kanyang pinayuhan at nagsabi, "Nagsasagawa ako ng pag-aayuno at pinuputol ko ito; Nagsasagawa ako ng kusang-loob na panalangin sa gabi at natutulog; at nag-asawa. Samakatuwid, ang sinuman na hindi sumunod sa aking kaugalian ay hindi kabilang sa aking mga tunay na tagasunod." (Al-Bukhari: 4776).
- Habang nagpapa-alala sa mga tao ng hindi mabilang na mga biyaya na ipinagkaloob sa kanila ng Allah, ang unang bagay na tinukoy ng Qur'an ay ang pagmamahal at kalambingan na itinakda ng Allah sa pagitan ng mag-asawa. Tulad ng nakasaad sa Qur'an, "Kabilang sa Kanyang mga palatandaan ay ang paglikha Niya ng asawa para sa iyo, na iyong kauri upang makamit mo ang katahimikan sa kanila, at naglagay Siya ng pagmamahal at habag sa pagitan ninyo..." (30:21).

- Iniutos ng Islam sa mga tagasunod nito na gawing madali ang pag-aasawa at nangako ng dakilang tulong sa mga naghahangad na bantayan ang kanilang kalinisang-puri. Sinabi ni Propeta Muhammad (s), «May tatlong mga tao na tiyak na tutulungan ng Allah.» Kabilang sa tatlong ito, ay kanyang binanggit ang «isang taong nagnanais na mag-asawa upang mapanatili ang kanyang kalinisang puri» (At-Tirmidhi: 1655).
- Nag-uutos ito sa mga batang kalalakihan na mag-asawa, dahil ang pag-aasawa ay tamang daan ng pagkilos para sa kanila upang tulungan sila na pigilin ang kanilang masidhing pagnanasang sekswal at upang matagpuan ang katahimikan sa kanilang mga asawa.

“

Sa paraan ng pagpapaalala sa mga tao sa mga hindi mabilang na mga biyaya na pinagkaloob ng Allah sa kanila, ang isa sa pangunahing mga bagay na binanggit ng Qur'an ay ang pagmamahal at kalambingan na itinalaga ng Allah sa pagitan ng mag-asawa.

2




Ito ay nagpapakita ng paggalang sa bawat miyembro ng pamilya, sa kalalakhian at kababaihan.

Binigyan nito ang mga magulang ng malaking tungkulin na palakihin ang kanilang mga anak. Sinabi ni Propeta Muhammad (s), “Bawat isa sa inyo ay tagapag-alaga at may pananagutan para sa mga taong nasa kanyang pangangalaga. Ang pinuno ay isang tagapangalaga ng kanyang mga nasasakop at may pananagutan sa kanila; ang isang asawang lalaki ay tagapangalaga ng kanyang pamilya at may pananagutan sa kanila; ang isang babae ay tagapangalaga ng tahanan ng kanyang asawa at may pananagutan dito; at ang isang tagapaglingkod ay tagapangalaga ng pag-aari ng kanyang pinuno at may pananagutan dito.” (Al-Bukhari: 853)



Binalaan ng Islam ang mga mananampalataya laban sa pagiging marahas o walang galang sa kanilang mga magulang sa anumang paraan, kahit na isang salita na walang paggalang sa kanila.

4



Ang Islam ay nag-uutos sa mga magulang na pangalagaan ang karapatan ng kanilang mga anak at pilitin sila na gumugol sa kanila ng pantay at pakitunguhan sila ng tama sa lahat ng kala-gayan.

Sinabi ni Propeta Muhammad (s), “Ang isang tao na pinabayaan ang nasa kanyang pangangalaga ay tiyak na magkakasala.” (Abu Dawood: 1692). Tungkol sa paggugol sa anak na babae at pag-aalaga sa kanila, ay kanyang sinabi, “Sinumang nangangalaga sa alinman sa mga batang ito at inaalagaan sila nang mabuti, sila ay magsisilbing isang panangga sa kanya laban sa Impiyerno.” (Al-Bukhari: 5649)


3



Hinihikayat nito ang mga bata na bigyan ng karangalan ang kanilang mga magulang at itinagubilin sa kanila na magpakita ng paggalang at pagpapahalaga sa kanila, alagaan sila at ipakita sa kanila ang angkop na pagsunod hanggang sa kanilang kamatayan.

Hindi mahalaga kung gaano man kalaki ang mga bata, sila ay may nakaatang na tungkulin na sumunod sa kanilang mga magulang at magpakita ng kabutihan sa kanila. Tunay na itinuturing ng Qur'an na ang pagsunod sa isang magulang ay isang mahalagang gawain ng pagsamba at nagbigay ng babala sa mga mananampalataya laban sa hindi paggalang sa kanilang mga magulang, kahit na ang pagsasabi ng isang kawalang-galang na salita sa kanila. Sinabi ng Qur'an, “Ang inyong Nag-iisang Panginoon ay nag-uutos na walang ibang dapat sambahin maliban sa Kanya, at dapat kang magpakita ng kabutihan sa iyong mga magulang. Maging ang isa o silang dalawa ang maabot ang katandaan kasama mo, huwag mong sabihin ang ‘Ufh!’ sa kanila dahil sa galit at huwag maging malupit sa kanila, nguni’t magsalita sa kanila ng mahinahon at may kabutihang loob” (17:23).

5



Inuutusan nito ang mga Muslim na panatilihin ang pagkakaisa ng magkakapamilya.

Kasama sa mga kamag-anak na ito ang mga tiyuhin at tiyahin (sa partido ng ama at ina) at kanilang mga anak. Sa katunayan, ay binibigyang halaga ng Islam ang pagpapanatili ng ugnayan ng pamilya, at isa sa pinaka kapuri-puring gawain, nagbigay ng babala laban sa pagputol ng ugnayan at itinuturing ito na isang pangunahing kasalanan. Sinabi ng Propeta (s), “Ang isang tao na pumutol sa ugnayan ng magkakamag-anak ay hindi makakapasok sa Paraiso” (Muslim: 2556).



Mga Kababaihan sa Islam

Mula

Mula sa telebisyon hanggang sa mga paskilan o pabalat ng pahayagan, ang katawan ng mga kababaihan ay karaniwang ginagamit bilang dekorasyon, at kadalasang nagsisilbi bilang mga pangsekswal na bagay upang ipang-akit sa paningin ng mga kalalakihan.

Habang tayo ay kasalukuyang nakikitungo sa mapagsamantalang kulturang ito, sa nakalipas na panahon ang mga kababaihan ay itinuturing na isang tunay na ari-arian na binibili at ibinibenta tulad ng mga kalakal.

Ang mga kababaihan, na matagal nang nagdurusa sa pang-aapi at diskriminasyon, ay hindi nakipaglaban para sa kanilang kalayaan upang muling mapagsamantalahan at mabawasan ang halaga na nag-uuri sa kanila bilang mga tagapang-akit sa sekswal lamang.

Nang dumating ang Islam sa loob ng mahigit 1,400 taon na ang nakalilipas, nagkaroon ito ng pag-aalsa laban sa hindi patas na pagtrato sa mga kababaihan. Nagbigay din ito ng mga batas at detalyadong mga probisyon upang pangalagaan ang kanilang mga karapatan at kalagayan, na nagbibigay sa kanila ng pagkakataon na magkaroon ng isang marangal at masayang buhay.

Ang isa sa pinakamahabang kabanata ng Qur'an ay pinamagatang "Ang mga Kababaihan" dahil sa ganap na mga probisyon o panustos na ibinibigay nito sa kanila. Sa Qur'an, nagbigay sa atin ang Allah ng mga kasaysayan tungkol sa ilang matuwid na kababaihan, at pinangalanan din ang isa sa mga kabanata ng Qur'an na Maria, ang ina ni Hesus, sumakanya nawa ang kapayapaan..

Dumating ang Islam upang baguhin ang maling pananaw tungkol sa kababaihan, at hinikayat ang mga kalalakihan na ituring sila bilang mga tao tulad ng paglikha sa kanila nang Allah at nilayon na sila ay maging tao, at hindi bilang mga kalakal. Hinihikayat nito ang mga kalalakihan na tingnan ang mga kababaihan bilang mga karamay sa buhay, hindi mga isang-gabing katambal; at isaalang-alang ang mga ito bilang pinagmumulan ng pagmamahal, awa at kapayapaan at katahimikan, at hindi bilang pisikal na seksuwal na mga bagay.



Bagama't marami ang nag-akusa sa Islam na pinahihirapan ang mga kababaihan at nilabag ang kanilang mga karapatan, at inaangkin na hindi ito tumutugma sa ating kasalukuyang panahon at sibilisasyon, nakita natin na daan-daang libo ang mga nagbalik-loob sa kanila sa Islam. Sa bansang Britanya, 75 porsiyento sa kanila ay mga babae. (Richard Peppiatt, "Kababaihan at ang Islam: Ang paglaki at pagtaas ng bilang ng mga nagbabalik-loob", Ang Malaya, Linggo 6 Nobyembre 2011).



Mga Halimbawa ng Mga Probisyon sa Paggalang sa mga Kababaihan sa Islam

- Ibinigay nito sa kanila ang karapatang pumili ng kanilang mga asawa at binigyan sila ng malaking tungkulin sa pagpapalaki sa mga anak. Sinabi ng Propeta (saw), «Ang isang babae ay tagapangalaga ng tahanan ng kanyang asawa at may pananagutan para dito» (Al-Bukhari, 853).
- Ibinibigay nito sa kanila ang karapatan na panatilihin ang kanilang mga pangalan sa pagkadalaga. Sa Islam, ang isang babae ay hindi binabago ang kanyang apelyido sa kanyang asawa pagkatapos ng kasal, na pangkaraniwan sa maraming bahagi ng mundo; sa halip, pinananatili niya ang karangalan ng pagpapanatili sa kanyang unang pangalan, at gayundin ang kanyang malayang pagkatao.
- Ito ay nagtatatag sa kabuuang pagkakapantay-pantay sa pagitan ng mga kalalakihan at kababaihan sa maraming bagay kabilang ang lahat ng mga transaksyon sa pananalapi. Ang Propeta (s) ay nagsabi, «Ang mga kababaihan ay ang kalahating kambal ng mga kalalakihan» (Abu Dawud: 236).

- Binigyan nito ng tungkulin ang asawang lalaki na gumugol sa mga babaeng may karapatan sa kanyang suporta, tulad ng kanyang asawa, ina at anak na babae, at hindi niya dapat ipaalala sa kanila ang kanyang mga tulong.
- Ang Islam ay nagbigay sa kanila ng karapatan na magmana, naglaan sa kanila ng pantay na pagbabahagi sa mga kalalakihan, kung saan nag-iiba-iba ayon sa mga kadahilanan kasama ang kanilang relasyon, mga obligasyon sa pananalapi, at iba pa. Totoo na ang bahagi ng pamana ng mga kababaihan ay mas mababa kumpara sa mga kalalakihan, ngunit hindi ito ang buong katotohanan; ang mana ng isang babae ay para lamang sa kanya, ngunit ang isang lalaki na nagmana ng salapi ay sinisingil sa pangangalaga ng kanyang buong pamilya. Mayroon ding mga kaso kung saan ang mga

kababaihan ay nagmamana ng mas marami o higit pa kaysa sa mga lalaki. Sa ganitong paraan, ang Islam ay isang komprehensibo at mahusay na balanseng sistema.

- Ang Islam ay nagbigay kahulugan sa kahalagahan ng pagtulong sa kababaihan na nangangailangan ng suporta, kahit na di nila ito kamag-anak. Iniingganyo din nito ang mga tagasunod nito na lumahok sa ganito karangal na gawain, inihahalintulad ito sa isang napakagandang gawain sa paningin ng Panginoon. Ang Propeta (s) ay nagsabi, “Ang tao na nangangalaga ng balo o mahirap na tao ay gaya ng isang mandirigma na lumalaban para sa landas ng Panginoon, o gaya ng isang nagsasagawa ng pagdarasal buong gabi na walang kapaguran at patuloy na nag aayuno na hindi tumitigil” (Al-Bukhari:5661).

Ang Islam ay Nagbigay Halaga na ang Kababaihan ay Mabigyan ng Ibayong Pangangalaga




Ang Ina: May lalaki na nagtanong minsan sa Propeta (s) “O Sugo ng Diyos, kanino ko ipakikita ang aking lubos na kabutihan?” “Sa iyong ina,” sagot niya. Ang lalaki ay nagtanong ulit, “At kanino pa?” ang Propeta (s) ulit ay tumugon, “Sa iyong ina.” Ang lalaki ay nagtanong pa ulit, “At kanino pa?” Ang Propeta (s) ay sumagot ulit, “Sa iyong ina.” At nagtanong ulit ang lalaki, “At kanino pa?” At sa iyong ama” (Al-Bukhari: 5626).



Ang anak na Babae: Ang Propeta (s) ay nagsabi, “Sinuman ang merong tatlong anak na mga babae at siya ay nanatiling mapagpasensya sa kanila, tinutustusan sila at dinadamitan sila mula sa kanyang salapi, sila ay magiging panangga niya sa Impyerno sa Araw ng Paghuhukom” (Ibn Majah, 3669).



Ang Asawa: Ang Propeta (s) ay nagsabi, “Ang pinaka mabuti sa inyo ay yaong pinakamaganda ang pagtrato sa kanilang mga asawa, at ako ang pinaka mabuti sa pagtrato sa aking mga asawa” (At-Tirmidhi, 3895).



“Ang ugnayan sa pagitan ng mga kalalakihan at mga kababaihan sa Islam ay hindi nakasalalay sa isang pakikibaka sa pagitan nila. Sa halip, ito ay kapuri-puri, ang bawat isa sa kanila ay lunas o kabuuan sa kakulangan ng bawat isa sa pagnanais na bumuo ng Islamikong lipunan.

Walang Lugar sa Islam ang Hidwaan o Kumpitensya sa Pagitan ng mga Kasarian

Walang puwang sa Islam ang pag-aaway ng di magkaparehong kasarian; hindi na kailangan ang kumpetensya para sa makamundong paglalaban sa pagitan nila; o may pangangailangan na maglunsad ng pag atake sa sinuman sa kanila sa pagtangkang hamakin, saktan, ipahiya, o hanapan ng kasalanan ang isa sa kanila.

Ang lalaki ay hindi posibleng makipag-away sa kanyang kabiya, ang marangal na Propeta (s) ay nagsabi sa isang tradisyon na ang kababaihan ay ang kabiya ng kalalakihan. Sa madaling salita, ang relasyon ng babae at lalaki ay binibigyang puri, ang bawat isa ay nagpupuno sa kakulangan ng bawat isa sa paghubog ng isang pamayanang Muslim.

Ang Qur'an ay naglarawan sa bawat isa na sila ay tumatayo bilang 'Pantakip o balabal' sa bawat isa, na nagpapakita ng napakagandang imahe ng isang perpektong pisikal, emosyonal at mental na pagsasama: “Sila ay pantakip o balabal para sa iyo at ikaw sa kanya” (2: 187).

Samakatuwid, ang anumang unang nakikita ng lalaki sa babae na kahinaan ay sa katotohanan isang uri ng lakas na wala siya, at kinakailangan ng pamilya. Katulad din, na kung ano sa babae ang inaakalang kahinaan ng lalaki ay maaring isa sa mga kinakailangan na hindi nababagay sa kanya, na hindi maikakaila o maisasantabi ng lipunan.

Ang babae at lalaki ay magkakaiba sa pamamagitan ng isang hene (gene), at nilikha na may makabuluhang pangangatawan at sikolohikal na pagkakaiba sa pagitan nila.

Nang ang ilang kalalakihan ay naghangad ng ibang karapatan na binigay ng Islam at ang kababaihan ay naghangad sa mga karapatan na binigay sa kalalakihan, ang susunod na berso ay inihayag: “Wag ninyong pag imbutan ang mga bagay na ipinagkaloob ni Allah sa iba nang higit sa inyo. Sa kalalakihan ay mayroong bahagi sa anumang kanilang kinita, (gayundin naman) sa mga babae ay mayroong bahagi sa anumang kanilang kinita, datapuwa't kayo ay humingi kay Allah ng Kanyang biyaya. katotohanang si Allah ay may ganap na kaalaman sa lahat ng bagay.” (4:32). Ang Islam ay nagparangal sa parehong kasarian, at nagtalaga sa bawat isa ng magkaibang mga katangian at tungkulin na kung saan ay dapat na pagsumikapan nila na makamtan ang biyaya ng Panginoon at malugod ang Panginoon sa kanya. Hindi ito nagbibigay ng pagpabor sa kahit anong kasarian; bagkus ay, naglalayon itong ipalaganap ang kapakanan ng bawat isa sa kabuuan para sa lipunan at nakararami.



Mga kalalakihan →

← **Mga kababaihan**

Ang Relasyon sa Pagitan ng Babae at Lalaki

Ang pamayanan ng mga tao sa nagdaang mga panahon, ay nagsikap at tinanggap sa di mabilang na pamamaraan ang mga alituntunin sa mga relasyon sa pagitan ng lalaki at babae kagaya ng parusa, batas, kaugalian at tradisyon. Ang pamayanan ng mga tao ay nabibilang sa malawak na nasasakupan, na ang iba ay tinatanggap ang paghuhubad sa publiko at ang iba ay tinatanggap ang paglalagi ng kababaihan sa kanilang mga tahanan dahil sa pangambang sila ay maabuso.

Ang karamihan sa pamayanan ay nagsasabi na may mga batas na kailangan para pamahalaan ang relasyong ito upang ang buhay ng mga tao ay di maging paurong papunta sa kawalang hiyaan, na di naiiba sa nangyayari sa mga hayop.

Ang Uri ng Relasyon sa Pagitan ng Kalalakihan at Kababaihan sa Islam.

Ang relasyon sa pagitan ng kalalakihan at kababaihan sa Islam ay hindi pinamamahalaan sa dikta ng batas ng tao na halata namang limitado sa pangkasaysayan at heograpika na mga kadahilanan. Sa katotohanan, ang batas na namamahala sa ganitong relasyon sa Islam ay komprehensibo o ganap at nababagay sa lahat ng panahon at lugar, gaya ng inihayag ng Panginoon sa Banal na Qur'an at itinuro ni Propeta Muhammad (s) sa mga tao.

Ang uri nito at lawak ay nagkakaiba-iba depende sa relasyon ng kalalakihan sa kababaihan.



Ang karamihan sa pamayanan ay nagsasabi na may mga batas na kailangan para pamahalaan ang relasyong ito upang ang buhay ng mga tao ay di maging paurong papunta sa kawalang hiyaan, na di naiiba sa nangyayari sa mga hayop.

Ang katungkulan ng kalalakihan sa kababaihan ay napapabilang sa categoryang ito.

1. Asawang Lalaki

Inilalarawan ng Diyos ang bawat asawa na isang 'balabal' para sa isat-isa, na nagpapakita ng isang mahusay na larawan ng isang perpektong pisikal, emosyonal at mental na pagsasama: "Sila ay mga balabal o pantakip para sa iyo at ikaw para sa kanila" (2: 187).

2. Mahram

Ang *mahram* ng isang babae (pang maramihan. *mahaarim*) ay isang kamag-anak na lalaki na hindi pinapayagang mapangasawa niya sa anumang oras sa kanyang buhay. Kabilang dito ang kanyang: ama, lolo, anak, kapatid na lalaki, kapatid na lalaki sa ama o ina, tiyuhin sa ina at ama, anak na lalaki ng kanyang lalaking anak at ang anak na lalaki ng kanyang babaeng anak. Ang isang babae ay hindi kailangang ganap na nakatakip sa harap ng mga lalaking nabanggit na kamag-anak, at maaaring magpakita sa harap nila sa pananamit na karaniwan niyang sinusuo, ngunit hindi lalagpas sa mga limitasyon ng pagiging disente.

3. Di-mahram

Ang isang di-mahram ay isang lalaki na maaaring mapangasawa ng isang babae at sa gayon ay dapat niyang takpan ang sarili sa kanyang presensya. Sa ibang salita, siya ay isang lalaki na hindi kabilang sa categoryang *mahram* na nakasaad sa itaas.

Hinggil sa categoryang ito, ang Islam ay naglatag ng maraming mga alituntunin at pamantayan na namamahala sa relasyon ng isang Muslim na lalaki sa mga kababaihan sa pagsisikap na protektahan ang karangalan ng mga tao at harangin ang lahat ng paraan na humahantong sa masama. Alam ng Manlilikha ng sangkatauhan kung ano ang pinakamainam para sa atin. Ang Qur'an ay nagsabi, "Hindi ba nalalaman ng sinumang Tagapaglikha ang Kanyang mga nilikha? At Siya ang Lubos na Mabait, ang Nakababatid." (67:14)

Bakit Inuutusan ng Islam ang mga Kababaihan na Magsuot ng Hijab sa Harap ng mga Lalaki na Di-Mahram?

- Upang maipagpatuloy nila ang kanilang mga buhay sa lipunan at mga tungkulin sa iba't ibang mga pang-aham at pang-akademikong larangan habang iniingatan ang kanilang kahinhinan.
- Ang bawasan ang tukso upang linisin ang lipunan sa isang banda, at pangalagaan ang karangalan ng mga kababaihan sa iba.
- Upang hikayatin ang mga lalaking makakakita na kontrolin ang kanilang mga sarili nang higit pa at sa gayon ay ituring sila bilang sibilisado at edukadong mga tao, at hindi bilang mga pisikal na bagay na pagnanasaan ng sekswal ng mga lalaki, na ang halaga ay nakatali sa kanilang hitsura at sekswal na pang-akit.

Mga Panuntunan sa Pamamahala ng Relasyon sa Pagitan ng Isang Lalaki at isang Babae na Maaaring Magpakasal

1. Pagpapababa ng Tingin

Iniuutos ng Diyos sa mga kalalakihan at kababaihan na ibaba ang kanilang paningin at iwasan ang pagtingin sa anumang bagay na maaaring humantong sa sekswal na pagpukaw. Sa katunayan, ang pag-iwas sa mahalay na tingin ay humahantong sa kahinhinan at nakakatulong na pangalagaan ang karangalan ng mga tao, samantalang ang mahalay na tingin ay karaniwang naghahatid ng daan sa mga kasalanan. Ang Qur'an ay nagsabi, "Sabihin sa mga naniniwalang lalaki na kanilang ibaba ang kanilang paningin (sa mga bawal na bagay) at pangalagaan ang kanilang maseselang bahagi ng katawan. Iyan ay higit na dalisay para sa kanila. Katotohanan, si Allah ay Lubos na Nakababatid sa kanilang mga ginagawa. At sabihin sa mga naniniwalang babae na kanilang ibaba ang kanilang mga paningin (sa mga bawal na bagay) at manatiling malinis..." (24:30-31).

2. Ang Pagiging Mahinhin at Pagkamagalang sa Pakikitungo sa isa't isa

Itinuturo ng Islam na kapag nakikitungo sa isang di-kaugnay na miyembro ng ibang kasarian na walang kaugnayan at maaaring mapangasawa sa trabaho at pag-aaral, at sa lahat ng larangan ng buhay para sa bagay na iyon, ang mga lalaki at babae ay dapat na gawin ito ng may kagandahang-asal at kahinhinan at iwasan ang anumang mga salita o kilos na maaaring humantong sa sekswal na pagpukaw.

3. Ang Pagsusuot ng Hijab (ang disentang estilo ng damit na pang-Muslim)

Iniuutos ng Diyos sa mga kababaihan, ngunit hindi sa mga lalaki, na magsuot ng hijab sapagkat ang mga kababaihan ay partikular na nagtataglay ng natural na kagandahan at atraksyon na madaling nakakatukso sa mga lalaki sa mga makasalanang gawain kaysa sa kabaligtaran. Dahil sa kadahilanang ito, sa buong kasaysayan, mula noong sinaunang mga panahon hanggang sa araw na ito, ang mga kababaihan ay mas madalas na napagsasamantalan at nagagamit upang masiyahan ang mga pagnanasa ng mga lalaki, at hindi ang kabaligtaran.



Ang *hijab* ng isang babae ay dapat matakpan ang lahat ng kanyang katawan maliban sa mukha at mga kamay. Sinasabi ng Qur'an, "...Hindi nila dapat ipakita ang kanilang kagandahan at mga palamuti maliban sa kung ano ang karaniwan na nakalitaw ..." (24:31).



A close-up photograph of a fresh salad served on a dark, possibly ceramic, plate. The salad is composed of several types of leafy greens, including bright green arugula and some darker purple-tinged leaves. It is garnished with sliced red tomatoes, a wedge of orange, and a piece of white mushroom. The background is a rustic wooden surface.

Islamikong mga Tuntuning Pandiyeta

Ang

Ang unang tanong ng mga nagsasaliksik sa Islam na kadalasang tinatanong ay: Bakit ipinagbabawal ng Islam ang pagkonsumo ng alak at baboy?

Ang unang tanong ng mga nagsasaliksik sa Islam na kadalasang tinatanong ay: Bakit ipinagbabawal ng Islam ang pagkonsumo ng alak at baboy?

Upang sagutin ito, isang mahalagang paglilinaw ang dapat gawin:

Pinapayagan ng Qur'an ang mga Muslim na gamitin o kainin ang lahat ng bagay sa lupa para sa kanilang sariling kapakinabangan at katotohanang sinasabi na nilikha ng Diyos ang lahat ng bagay sa mundo para sa kapakinabangan ng tao (2:29).

Kabilang dito, siyempre, ang pagkain at inumin. Samakatuwid, lahat ng bagay ay pinahihintulutan para sa pagkonsumo ng tao maliban sa anumang bagay na isinasaalang-alang ng Qur'an na labag sa batas dahil sa likas na karumihan nito, mga panganib sa kalusugan o nakalalasing na mga epekto. Marahil ay interesado kang malaman ang tungkol sa pagbabawal ng baboy at alak sa Islam.

Ang Baboy

Ang Qur'an ay malinaw na nagpahayag na ang laman ng mga baboy ay ipinagbabawal kahit na ang baboy ay hindi kilala ng mga Arabo noong panahong inihayag ang Qur'an. Ang pagbabawal na ito ay inilapat din sa mga Hudyo na ang banal na aklat, ang Lumang Tipan, ay malinaw na ipinahayag ang pagbabawal dito. Maraming mga teologo ang nakakita ng katibayan na nagpapahiwatig na ang baboy ay ipinagbabawal din sa Kristiyanismo, bilang ebedensya ng mga sumusunod na talata:

Marcos 5: 11-13; Mateo 7: 6; 2 Pedro 2:22; at Lucas 11: 13-16.

Bakit hindi tayo maaring subukin ng Allah sa pamamagitan ng pagbabawal sa atin sa ilang uri ng mga pagkain matapos na payagan tayong kainin ang karamihan sa kanila? Sa katunayan, ginagawa ito ng Allah upang subukan ang ating pananampalataya at pagsunod sa Kanya, tulad ng pagsubok Niya kay Adan, sumakanya nawa ang kapayapaan, sa pamamagitan ng pagbabawal sa kanya na kumain mula sa isang natatanging puno matapos siyang payagan na kainin ang lahat ng uri ng pagkain sa Paraiso.



Bakit hindi tayo maaaring subukan ng Diyos sa pamamagitan ng pagbabawal sa atin na kainin ang ilang mga uri ng pagkain matapos na pahintulutan tayong kainin ang karamihan sa mga ito? Sa katunayan ay ginagawa ito ng Diyos upang subukan ang ating pananampalataya at pagsunod sa Kanya, tulad ng pagsubok Niya kay Adan (as) sa pagbabawal sa kanya na kumain mula sa isang puno pagkatapos na pinahintulutan siya sa lahat ng uri ng pagkain sa Paraiso.

Mga Nakalalasing

Ang isa sa mga pinakamahalagang bagay na maaaring gawin ng pamahalaan upang labanan ang mga epidemya at sakit ay gumawa ng mga regulasyon upang mapangalagaan ang kalusugan at buhay ng mga tao. Ang anumang depekto hinggil dito ay nakasalalay sa mga masasamang epekto sa parehong indibidwal at lipunan.

Ang mga mapaminsalang epekto ng alak ay napakarami at dokumentadong mabuti. Ayon sa Global Status Report on Alcohol and Health analyzes na inilathala ng World Health Organization (WHO), noong Pebrero 11, 2011, ang alkohol ay nagsasanhi sa higit pang mga pagkamatay sa buong mundo kaysa sa pinagsamang mortality rates (mga dami ng namamatay) ng AIDS, tuberculosis at karahasan. Ang dami ng namamatay mula sa alkohol ay halos tatlong beses na mas mataas kaysa sa lahat ng digmaan, malawakang pagpatay at terorista sa parehong taon. Bukod pa dito:




Sa buong mundo, 320,000 kabataan na may edad na 15-29 taon ay namamatay taun-taon mula sa mga sanhi na may kaugnayan sa alkohol, na 9% sa kabuuan ng namamatay sa mga edad na ito.




Sa isang pag-aaral sa Amerika ay nasa 700,000 na mga mag-aaral sa unibersidad ay sinasalakay bawat taon ng iba pang mga mag-aaral na labis na nakainom.




Ang isang ulat na inilabas noong 2001 ay nagpakita na ang 80% ng marahas na krimen na ginawa ng mga kabataan sa Estonia ay may kaugnayan sa pang-aabuso sa alak.



Alkohol ang sanhi sa isang-kapat (1/4) ng lahat ng homisidyo (pagpatay ng kapwa) sa buong mundo.



Ang WHO ay nananawagan nang paulit ulit sa mga estado na gumawa ng mas striktong mga batayan para mabawasan o mawala ang mga pangyayari na dulot ng pagkonsumo ng alkohol.



Sa karaniwang taon sa Great Britain lamang

- Halos isang milyong karahasan ay nakadikit sa alkohol, at nasa kalahati ng lahat ng karahasan ay itinuturing na konektado sa alkohol ayon sa mga biktima.
- Halos nasa pitong milyon ang naipapasok sa ospital na naaaksidente at mga emergency na mga pangyayari ay tinataya na nektado sa alkohol, at nasa bilang na 650 milyon british pounds sterling (Euro) bawat taon ay naaatang sa mga nagbabayad ng buwis.
- Sa kabuuan, ang nagiging kabayaran sa mga karahasan na konektado sa alkohol sa mga nagbabayad ng buwis ay nasa pagitan ng 8 hanggang 13 bilyong euro bawat taon.



Ano ba ang Panuntunan ng Qur'an sa mga Inuming Nakalalasing



Ang Islam ay hindi naghintay o nag-abang sa pag-uulat ng World Health Organization upang tuklasin ang hindi mabuting dulot ng alkohol sa isang nilikha o kumunidad, dahil ang Diyos na Tagapaglikha ng sangkatauhan, ang higit na nakababatid kung ano ang higit na mabuti para sa kanila at sa kumunidad.

Dumating ang Islam sa mga Arabo sa panahon na halos hindi pa sila nahuhulasan, at noong ang lahat ng klase ng alkohol ay nagbibigay ng pinakamahalagang luwalhati at kasiyahan. Katotohanan, ang mga arabo ay pinupuri at ipinagayabang ang paginom ng alak.

Ang Qur'an ay tinatrato ang bagay na ito sa lohikal at obhetibong paraan. Habang kinikilala nito ang mangilan-ngilang dulot na benepisyo, na nagbibigay ng pansamantalang ginhawa mula sa pagkabalisa at depresyon, ito ay nagbibigay din ng panganib sa sikolohikal, pag-uugali at kalusugan ng indibidwal at ng sosyodad. Ayon sa Qur'an, "Tinanong kayo tungkol sa pag-iinom at pag-susugal. Sabihin, 'May malaking pinsala at kasalanan sa dalawang ito, kahit na meron itong ilang benepisyo sa tao.....'" (2:219)

Binigyang diin din ng Qur'an ang pagbabawal dito sa ibang talata, na nagsasaad na ito ay kasuklam-suklam na gawain ni Shaytan upang maghasik ng pag-aaway at pagkapoot sa mga mananampalataya at upang ilayo at tumalikod sila sa kanilang mga tungkulin at responsibilidad. Bilang pagtugon sa Banal na Kautusan sa talata na nagbabawal sa mga nakalalasing, "Hindi ninyo ba maiiwasan ang mga ito?" (5:90-1), Ibinuhos ng mga Muslim ang lahat ng mga natirang inuming nakalalasing sa lansangan ng Madeenah at nagsisisi at nagsasabi na "Kami ay talagang iiwas na sa mga ito."



Kasalanan at Pagsisisi

Ang


Ang pilosopiya ng tama at mali ay nagdadala ng isa sa mga pangunahing problema sa intelektwal sa maraming relihiyon, na lahat ay nagkakaiba-iba ng paraan sa pagharap sa kamalian, pagkakasala, at pagsisisi.

Tinitingnan ng Islam ang likas na katangian ng tao na nilikha ng Diyos na may pagkahilig patungo sa mabuti at masama. Hindi nito tinuturing ang kalikasan ng tao bilang tunay o natural na mabuti. Ipinapahayag nito na ang lahat ng mga tao ay nagkakamali, nakakagawa ng mga kasalanan at, gayundin na, may pananagutan sa kanilang mga desisyon at pagpili:

- Ang Qur'an ay nagsasaad ng malinaw, simple at maayos na mga tuntunin na ang kasalanan ay indibidwal at gayon din sa pagsisisi, na walang ganoong bagay bilang isang pagkasilang na kasalanan o orihinal na kasalanan, at na walang tao na maaaring magpatawad ng mga kasalanan. Sa halip, ang mga tao ay ipinanganak na walang kasalanan. Ang kasalanan ni Adan (as) ay personal na kasalanan at siya lamang ay bumaling sa Diyos at humingi ng kapatawaran nang direkta mula sa Kanya. Gayundin, ang kasalanan ng bawat isa sa mga inapo ni Adan ay personal din at ang pintuan sa pagsisisi ay bukas sa lahat. Ang makatarungan at malinaw na pang-unawa ng pagsisisi sa Islam ay naghihiikayat sa bawat tao na magsumikap na humarap sa Diyos at hindi mawalan ng pag-asa. Sa ganitong paraan, ang Islam ay nagtataglay ng lahat na may pananagutan sa kanyang sariling mga kasalanan at hindi nagtataglay ng sinumang may pananagutan sa mga kasalanan na ginawa ng ibang tao. Ito ang

tunay na konsepto ng kasalanan at pagsisisi sa lahat ng mga propeta ng Diyos na nagturo sa kanilang sariling mga tao. Tulad ng sinasabi ng Qur'an (53: 36-41), "Hindi ba niya nabalitaan kung ano ang nasa mga kalatas ni Moises, at ni Abraham na iginalang ang kanyang pangako, na walang tagapagdala ng isang pasanin ang magpapasan ng pasanin ng iba, at ang taong iyon ay magkakaroon lamang ng kung saan siya ay nagsusumikap, at ang kanyang pagsusumikap ay tiyak na mahahayag sa kabilang buhay?"

- Ang pagsisisi, na isa sa mga napaka mahalagang uri ng pagsamba at isa sa mga magkakaibang paraan ng paghahangad na maging malapit sa Diyos, ay hindi limitado sa iilang tao na isasantabi ang iba. Ang Islam ay nagtuturo na para makapagsisi, ang isang tao ay dina kailangang ng isang espesyal na lugar, at ikumpisal ang kasalanan sa ibang tao, o hingin ang kanyang permiso para gawin ito. Sa halip, ito ay uri ng pagsamba sa pagitan ng Diyos at ng Kanyang alipin. Ang mga



Sa islam, ang lahat na kinakailangang gawin upang magsisi ng isang tao ay ang agarang pagtalikod sa kasalanan, taos-pusong pagsisisi sa pagkakasalang ito at ang tapat na pagpapasya na hindi na ito muling gagawin. Kung ang pagkakasala ay kasangkot ang karapatan ng ibang tao, kung gayon ay dapat niyang ibalik ang mga karapatang ito sa kanila.

pangalan ng Diyos na nabanggit sa Qur'an na kasama ng iba pa, At Tawwab (ang nagpapatawad sa mga bumabaling sa Kanya), Ar Raheem (ang Pinakamahabagin), at Qaabil-ut-tawb (ang tumatanggap ng pagsisisi). Binanggit ang mga katangian ng mga matutuwid na makakapasok sa Paraiso, ang Qur'an ay nagsaad na isa sa kanilang mga katangian, ay na kapag sila ay nagkakasala, sila ay nagmamadali na humingi ng kapatawaran mula sa Panginoon. Gaya ng nakasaad sa Qur'an (3: 135), "... at sila na, matapos na sila ay makagawa ng kasalanan sa kanilang mga sarile, ay maaalala ang Panginoon at humihingi ng kapatawaran sa nagawang kasalanan,-- sino pa ba ang nagpapatawad ng kasalanan maliban sa Panginoon?—at wag ipagpatuloy ang paggawa ng mga kamalian."

Upang magsisi sa Islam, ang isang tao ay dapat na ihinto ang kasalanan kaagad, magsisi ng taos sa puso sa nagawang kasalanan at sinserong resolbahin na dina magawa ulit ang kasalanan. Kung ang kasalanan ay napapaloob sa karapatan ng tao, kung gayon ay ibabalik niya ang karapatan nila. At pag nagawa niya ulit ang


kasalanan, ang kanyang pag hingi ng kasalanan ay di naapektuhan noong una, o siya ay pananagutin sa dati niyang kasalanan. Ito ay nangangahulugan lang na siya ay nakagawa ulit ng ibang kasalanan na nangangailangan ng paghingi ng kapatawaran muli.

Sa Islam ay hinihimok tayo na mamuhay ng balanseng buhay, gawin ang makakaya na ma iangat ang mga sarile, pagsumikapan na maging perpekto, layuanang mga pagkakamali at intindihin ang likas sa mga tao, na kadalasan na nagpapahina sa atin, at minsan, siyang naglilihis mula sa tamang tinatahak. Ang isang tao, sa kabila ng lahat ng pagsubok- maging ito man ay kabanalan at kabutihan o di kabanalan at pagwawalang bahala- wag mawalan ng pag-asa; bagkus, lagi tayong babalik sa Panginoon at hilingin ang Kanyang kapatawaran.

Ang Qur'an ay nagsasaad na ang kaibahan sa pagitan ng matutuwid at ng iba ay na kapag ang matutuwid ay nagkakasala naaalala agad nila ang Panginoon at nagbabalik loob sa Kanya, samantalang ang iba ay nagpapatuloy sa kanilang mga kasalanan at di ito ina aalintana. (7:201-202)



Sa Islam, ay walang ganong bagay tulad ng likas o orihinal na kasalanan. Sa halip, ang lahat ng tao ay ipinanganak na walang kasalanan at walang anumang orihinal na pagkakasala mula sa kung sinuman.

A close-up photograph of a male scientist in a white lab coat and safety goggles, holding a test tube with blue liquid. The background is blurred, showing laboratory equipment.

Meron Nga Bang Pagkakaiba / Salungat Sa Pagitan Ng Relihiyon at Rason o Pangangatwiran?

Napapagkamalan ng iba ang paniniwala na ang relihiyon ay salungat sa rason at siyensya dahil ang tingin nila sa relihiyon ay ilusyon, haka-haka at hindi makatotohanan ang paniniwalang pinag uugatan, samantalang ang Siyensya at Pilosopiya ay resulta at saligan ng sistematikong kaalaman. Subalit, matapos ang masusing pagsusuri, naging malinaw na ang pananaw o paniniwala na ito ay walang maipakita na kumpleto o sapat na basehan.

Napapagkamalan ng iba ang paniniwala na ang relihiyon ay salungat sa rason o pangangatwiran at siyensya dahil ang tingin nila sa relihiyon ay ilusyon, haka-haka at hindi makatotohanan ang paniniwalang pinag uugatan, samantalang ang Siyensya at Pilosopiya ay resulta at saligan ng sistematikong kaalaman. Subalit, matapos ang masusing pagsusuri, naging malinaw na ang pananaw o paniniwala na ito ay walang maipakita na kumpleto o sapat na basehan.



Katotohanan na marami ang relihiyon na tumatanggi sa mga rason sa lahat o kaya ay sumasalungat minsan, sapagkat ang kanilang basehan ay mga haka-haka at hindi makatotohanang paniniwala at malinaw na sumasalungat sa Siyensya.

Mali din naman na lahatin o sabihin na sa pangkalahatan ay ganito ang lahat ng paniniwala nang wala man lamang pagbibigay konsiderasyon sa mga pangunahin at makabuluhang pagkaka iba meron ang bawat panig bilang pag respeto sa kanilang mga pinagmulan, tema, kaparaanan at ebidensya.

Isang masusing pagtingin sa Qur'an – Ang pangunahing saligan ng Islam – ay nagpapakita na ang Islam ang nagbigay ng estado sa ating karunungan na hindi mapantayan sa ibang pananampalataya. Ang isang tao na nag aral ng Qur'an ay hindi nangangailangan ng kapangyarihan sa isang masusing obserbasyon upang mapatunayan na ang Qur'an ay nanghihiikayat at nananawagan sa mambabasa na pag isipan. Napapaloob sa teksto na gusto nating talakayin, "Hindi mo ba gagamitin ang iyong katalinuhan?" ng mahigit na labing tatlong beses.

“

Sinumang nag-aaral ng Qur'an ay tunay na hindi nangangailangan ng kapangyarihan ng tamang pagmamasiid upang matuklasan na tinatawag nito ang mga nagbabasa nito na intindiing mabuti at pagmuni-munihan.

Ang mga tagubilin mula sa Qur'an upang gamitin natin ang ating isipan ay makikita sa di-mabilang na mga aspeto tulad ng mga sumusunod:

1 Tinukoy sa Qur'an ang mga tao na may bukas na isipan, malaya sa anumang anyo ng paniniil, pagmamataas, takot at kawalan ng alam. Pinatunayan nito ang kahalagahan sa paniniwala sa Diyos na may maayos na kaisipang lohika at di mabilang na mga makatwirang patunay o ebidensya. Isang talata, bilang halimbawa ay nagsasabi, "Sila ba ay nilikha mula sa wala, o sila ba ang mga Tagapaglikha? O sila ba ang naglikha sa kalangitan at kalupaan? Katotohanan, wala silang pananampalataya" (52:35-36).




2 Tinalakay dito ang mga ebidensya ng mga katunggali at binalewala ang mga di- mapatunayang mga pahayag at argumento. Ang Qur'an (2:111) ay nagsabi, "Sabihin mo, Ibigay mo ang mga patunay kung nagsasabi ka ng totoo."




3 Pinulaan nito yaong mga tumanggi na gamitin nila ang kanilang mga isipan, at inilarawan sila na mga walang pakiramndan dahilan sa pag balewala nila sa mga sinyales na kanilang nakita o narinig sa kanilang paligid na mag gagabay sa kanila upang makapag desisyon ng tama at makapili. Sa Qur'an (22:46) ay nasasaad, "Hindi ba sila nakapaglakbay? At wala ba silang mga puso na makaka-unawa o mga tainga na makaririnig? Sapagkat hindi ang kanilang mga mata ang bulag, kundi ang mga puso sa kanilang mga dibdib."



4 Hindi lamang nito hinimok ang mga tao na gamitin ang kanilang isipan at pakiramdam at pagrespeto dito, bagkus nagbabala pa sa mga kahinaan ng isipan dahil sa natural na katangian ng tao na maaaring mapunta sa maling konklusyon at minsan ay sumalungat pa sa katotohanan bilang resulta ng mga ninanais, takot o pagkakaloko.





“

Naniniwala ang mga Muslim na walang sinuman sa mga nilikha ng Allah ang maaaring sumalungat sa relihiyon na Kanyang iniatas para sa sangkatauhan. Bakit ang isang tao ay natatakot na magtanong at gamitin ang kanilang kaisipan at pangangatwiran?

Mga Balakid sa Malinaw na Kaisipan Ayon sa Qur'an

- **Bulag na Pananampalataya:** Namang mga paniniwala at kagawian at negatibong pag-iisip ay maaaring makaapekto sa katwiran at nagpapahirap na tanggapin ang katotohanan. Ang ilan ay pinipigilan na gamitin ang kanilang isipan dahil sa nakatandaan na nilang kagawian o nakasanayan na nila ang ganoong pananampalataya at gawain. Ang Qur'an (2:170) ay malinaw na nagsabi tungkol sa mga naghahanap ng katotohanan subalit napigilan ng mga bulag na pagsunod sa mga tradisyon: "Samantalang sila ay sinabihan na 'Sundin ang mga ipinag-utos ng Panginoon' at sinabi nila 'Nay, sinusunod namin ang pamamaraan ng aming mga ninuno.' Ano! Kahit na ang kanilang mga magulang ay ignorante at walang patnubay."
- **Katigasan ng Ulo at Pagmamataas:** Ang tao ay maaaring mahimok sa katotohanan subalit tatangi na tanggapin ito upang mapangalagaan ang kanyang interes, mula sa selos o resulta ng pagdaramdam sa kung saan ito nagsimula. Ang Qur'an (27:14) ay nagsaad "ipinagkait sa kanila ang mga sinyales dahil sa hindi pagkakapareho, pagmamataas at kahit pa ang kanilang mga puso ay kumbinsido sa kanilang katotohanan."
- **Pagsunod sa mga Ninanais:** Maaring alam ng isang tao ang katotohanan, subalit walang lakas ng loob na sundin ito dahil sa kanyang mga kagustuhan. Ang Qur'an (7:175-176) ay nagbigay sa atin ng halimbawa ng isang tao na biniyayaan ng kaalaman; subalit, imbis na isabuhay ito, namuhay

siya ayon sa dikta nito, kanya itong pinabayaan upang masunod ang kanyang kagustuhan. Nagpakalunod siya sa kanyang mga naisin at kagustuhan hanggang sa hindi niya na kayang magdesisyon ng tama.

Ang Qur'an ay palagian tayong tinatawag upang gamitin ang ating isipan sa lahat ng pagkakataon, upang magtanong, sumunod, at sumagot at pag-isipan ang mga kamangha-manghang pangyayari sa ating sarili, sa ating kalawakan at pagkakalikha sa kabuuan ng walang naunang mga maling akala, ideya o maling paniniwala.

Tanging ang tao na takot sa katanungan at kaisipan ang nagtatago sa mga bagay na kokontra sa kanyang sarili. Katotohanan, ang tunay na relihiyon ay kinakailangan na magmula sa Diyos na Siyang lumikha sa tao at nagbigay dito ng kakayahan na mangatwiran. Walang kakayanan ang nilikha ng Diyos gumawa ng pagsalungat sa relihiyon na Kanyang ipinag-utos sa sangkatauhan. Hindi kinakailangan, kung ganun, ang takot upang magtanong, at gamitin ang kaaisipan at katwiran. Bilang pagtitibay ng Qur'an (7:54), "sa Kanya ang paglikha at sa Kanya ang pag-utos. Kaluwalhatian sa Diyos, Panginoon ng sanlibutan!"

”

Ang Qur'an ay palagian tayong tinatawag upang gamitin ang ating isipan sa lahat ng pagkakataon, upang magtanong, sumunod, at sumagot at pag-isipan ang mga kamangha-manghang pangyayari sa ating sarili, sa ating kalawakan at pagkakalikha sa kabuuan ng walang naunang mga maling akala, ideya o maling paniniwala.



Islam Ang Relihiyon Ng Kapayapaan

Sa likod ng mga nakasanayan, ang ilan ay namamangha na matuklasan na ang kapayapaan ay nagtataglay ng espesyal na posisyon sa Islam. Katunayan, ang isang Muslim ay inuulit parati ang salitang *As-Salaam* (kapayapaan) at nauunawaan ang kahulugan nito ng maraming ulit sa isang araw.

A *As-Salaam* (ang pinagmumulan ng kapayapaan) ay isa sa mga Pangalan ng Diyos; Tinawag na 'Tahanan ng Kapayapaan' ang Paraiso; Ang mga Muslim ay nagbabatian gamit ang pagbati ng kapayapaan (*As-salaamu'alaykum*, 'ang kapayapaan ay mapasaiyo; at nagtatapos ang kanilang panalangin sa pag uulit ng dalawang beses sa salitang ito. Islam ang katawagan o pangalan ng Pananampalataya ng mga Muslim, at ito ay nangangahulugan ng Kapayapaan.



Ang Islam ay nanawagan sa lahat ng tagasunod nito na itaguyod ang kapayapaan at kaalinsunod nito ay ang pagrespeto sa karapatan ng kahit na pinaka mahina na hayop. Si Propeta Muhammad (s) minsan ay nagbanggit na ang isang babae ay itatapon sa impyerno dahil sa paggutom sa isang pusa na kanyang itinali, ni hindi niya binigyan ng pagkain o pinalaya upang makakain (Muslim:2242).

Ang relihiyon ay nagbigay ng magandang halimbawa sa kanyang pagsasabatas na nag uutos ng pag sunod sa pagrespeto sa karapatang pantao at makapamuhay kasama ang iba kahit pa magkakaiba ng relihiyon at paraan ng pag iisip. Si Propeta Muhammad (s) ay nag babala sa lahat na huwag gumawa ng kamalian sa hindi Muslim, manakit, o ang pilitin sila na magtrabaho ng higit sa kanilang kakayanan, na si Propeta

Muhammad (s) ang kanilang makaka tunggali sa araw ng paghuhukom at makiki-usap para sa mga hindi Muslim (Abu Dawud, 3052).

Sa katunayan, ang kapayapaan na ipinanawagan ng Islam ay ang nagbibigay sa bawat isa ng kanilang angkop na karapatan at pinipigilan ang mga mapang-api na angkinin ang pag aari ng iba. Hindi nito itinataguyod ang huwad na kapayapaan o nagkukunsinti sa mga magnanakaw na makuha ang anumang bagay na kanilang naisin sa hindi makatarungang paraan at mag aalok ng kaunting tulong sa mga biktima sa pamamagitan ng pagbibigay ng kaunting bahagi.



Minsang nagbabala si Propeta Muhammad (saw) na siya mismo ay magiging kalaban sa Araw ng Paghuhukom, para sa mga nakagawa ng kasalanan sa mga di-Muslim, naminsala sa kanila o pinilit sila na magtrabaho ng higit sa kanilang kakayanan, at dahil dito sila ay makikiusap sa mga di-Muslim sa nagawang ito.

Kakaunti lamang ang mga nagsusumikap na maghanap ng katotohanan at tingnan o aralin ng may malawak na pananaw, at sa likod ng mga propaganda, sinusuri at pinag-iisipan ang mga impormasyon mula sa mga pangunahing mapagkukunan, at saka huhusgahan ang mga bagay ng may bukas at patas na pag-iisip.

Sa harap o unahan mo ay mayroong mga interesanteng katotohanan na kailangang suriin.

Sa kasalukuyan ang Islam ang pinakamabilis na lumalagong relihiyon sa mundo :

Ayon sa PEW Research Center, isang hindi kumikitang ahensya sa Amerika na nakabase sa Washington D.C., sa kasalukuyan ang Islam ay lumalaganap sa isang kahanga-hanga bilis sa buong mundo mula sa Amerika patungong Europe, Africa at Asia. Ang lahat ay nangyayari sa kabila ng kakulangan ng mga mapagkukunan, kahinaan ng mga Muslim at ng mga maruming kampanya na inilunsad ng ilang istasyon sa telebisyon na nagtatangkang sirain ang imahe ng pananampalataya ng mga Muslim. Gayunman, ay sinasalungat natin ito, ang Islam ay hindi kumalat sa pamamagitan ng pamimilit, kundi sa pamamagitan ng malalim na paniniwala na may kinalaman sa isang pansariling pagpili?

Ang interes ng mga tao sa pananampalatayang Islam ay angkop sa paninindigan ng mga Muslim na pangalagaan ang mga karapatan ng iba at ang paggalang na ipinakita nila sa kanilang mga kultura at mga pansariling pagpili at kaugalian. Hindi ito dahil sa isang tulong na ginawa ng mga Muslim sa kanila; sa halip, ito ay dahil sa kanilang pangunahing pagpapatupad ng isang alituntunin na malinaw na binigyang-diin sa Qur'an, katulad sa taludtod 2: 256: "Walang sapilitan sa relihiyon. Ang tamang patnubay ay ginawang malinaw na makikilala mula sa kamalian ... "

Pinipilit Ba Ang Mga Tao Na Yakapin Ang Islam?

Ang tao ay madalas na gumamit ng lakas upang igiit ang kanyang opinyon at ibigay ang kanyang sariling mga interes. Sa katunayan, ang kasaysayan ay puno ng ganitong uri ng pagkatao mula sa isang malawak na hanay ng mga relihiyon at mga doktrina.

Ang kasaysayan ay nagpapatotoo sa mga kasuklam-suklam na kalupitan, ang mga katutubong mamamayan ng Amerika na nagdusa sa mga kamay ng kanilang mga mananakop na taga-Europa. Si Bartolomé de las Casas, isang mananalaysay noong ika-16 na siglo, ang taga repormang panlipunan at pari, na sumaksi sa gayong mga kalupitan, ay isinulat na, "Tunay, na ang mga Espanyol ay karaniwang kina-aawaan lamang ang mga kababaihan at mga bata, ito ay humantong sa paglipol ng lahat ng mga lalaking nasa wastong edad, na karaniwan nilang isinasailalim sa pinakamalupit at pinaka-kasuklam-suklam at makahayop na pang-aalipin na ginawa ng tao sa kanyang mga kapwa-tao, na sa katunayan ay trinato sila ng mas masahol pa sa mga hayop."

Isang Maikling Salaysay ng Pagkasira ng Indya (Middlesex: Penguin Books Ltd. 1992), p.9.

Ano ang ginagawa ng mga Muslim kapag pinamunuan nila ang mga bagong lupain?

Pinamunuan ng mga Muslim ang Andalusia (mga Muslim sa Espanya) sa loob ng 781 taon, mula 711 CE hanggang 1492 CE:



Sa panahong ito, ang Andalusia ay ang sentro ng sibilisasyon sa mundo, at walang isang Kristiyano ang pinilit na yakapin ang Islam. Iningatan ng mga Muslim ang mga karapatan ng mga Kristiyano na umokupa ng mga pangunahing posisyon sa lupain ng Muslim at ang kanilang kalakalan ay lumago. Ganoon pa man ay marami sa mga kawalan ng katarungan na ipinataw sa mga Hudyo noon ay tinanggal. Sa katunayan, ang kasaysayan ay hitik ng mga ganitong kaso.

Nang ang hukbong sandatahan ng Espanya, sa ilalim ng pamumuno ng katolikong pinuno na si Ferdinand II ng Aragon at Isabela I ng Kastile, na ang kasal ay humantong sa pagsasama ng Kastile at Aragon, dahil dito nabuo ang Kaharian ng Espanya, ibinalik nila ang buong Espanya sa alituntunin ng Kristiyano. Dahil dito, ay pinigilan nila ang lahat ng paghahayag sa Islam at itinatag ang pagsisiyasat ng Espanya, isang hukuman na pumatay sa mga Muslim na natuklasang palihim na nagsasanay ng kanilang relihiyon.

Ang mga Muslim ay pinatalsik at sapilitang pinalayas sa kanilang mga tahanan. Gayunpaman, kapansin-pansin na ang mga Hudyo na pinalayas kasama ang kanilang mga Muslim na kapitbahay ay sumama sa mga lupain ng mga Muslim, kung saan natagpuan nila ang ligtas na silungan at isang disentang buhay.

Pinamunuan ng mga Muslim ang bansang Ehipto sa loob ng mahigit na 1,400 taon, ang panahon kung kailan pinananatili nila ang estado ng mga katutubong Ehipto.



Ang Ehipto ay naging isang Muslim na bansa mula sa panahon ng unang pagsisimula ng Islam, nang si 'Amr ibn al-'Aas, isa sa mga kasamahan ni Propeta Muhammad (s), ay nagdala ng pananampalataya sa bansa. Hindi lamang iningatan ni 'Amr ibn al-'Aas ang pananampalataya ng mga katutubong Ehipto at mga banal na lugar para sa kanila, kundi iniligtas din sila mula sa pag-uusig at pag-agaw na kanilang pinagdusahan sa mga kamay ng mga Romano dahil sa pagtanggap ng ibang pangkat ng mga Kristiyano. Sa pamamagitan ng mga panuntunan ng mga Muslim sa Ehipto, ay nabawi ng mga katutubo ang kanilang kalayaan sa relihiyon, at sa kasalukuyan ay umabot na sa mahigit na limang milyon ang mga Muslim sa Ehipto.

Pinamunuan ng mga Muslim ang bansang Indiya ng humigit-kumulang sa isang libong taon, sa panahon na ang 80 porsiyento ng mga mamamayan ng Indiya ay hindi Muslim:



Sa panahon ng pamumunong ito ng mga Muslim, ay pinangalagaan nila ang karapatan ng mga tagasunod ng ibang pananampalataya, hinayaan silang malayang isabuhay ang kanilang relihiyon, at inalis ang pang-aapi sa anumang relihiyon na nasasakop.

Ang Islam ay umabot sa may pinaka malaking populasyon ng mga Muslim na bansa sa ngayon na walang digmaan o hukbo:



Ang Indonesia ay isa sa may pinakamalaking populasyon na bansa na may pinaka-maraming Muslim, na may humigit sa 250 milyong mga mamamayan, 87% ay mga Muslim. Ang Islam ay ipinakilala sa Indonesia sa pamamagitan ng mga negosyanteng Muslim noong ika-16 na siglo ng Hegira. Ang pagbabalik-loob ng mga mamamayan ay naganap ng wala ni isa man sa sundalong Muslim o dayuhang gobyerno sa Indonesia.



Ang Islam at ang Masamang Pag-uugali ng Ibang Muslim

Bakit

“Bakit may kaibahan sa pagitan ng Islam at kilos ng mga Muslim?” maaaring naitatanong ninyo ito sa inyong mga sarili. Ang Islamikong turo ay hinihimok ang mga Muslim na sundin ang mabubuting pag-uugali, magtatag ng mga sibilisasyon na kapaki pakinabang sa sangkatauhan at magpalaganap ng kapayapaan sa mundo. Subalit, may ilang mga halimbawa ng mga Muslim na malayo sa ganitong katuruan. Matatawag ba ang mga Muslim na ito na tagasunod ng totoong relihiyon?

B

“Bakit may kaibahan sa pagitan ng Islam at kilos ng mga Muslim?” maaaring naitatanong ninyo ito sa inyong mga sarili. Ang Islamikong turo ay hinihimok ang mga Muslim na sundin ang mabubuting pag-uugali, magtatag ng mga sibilisasyon na kapaki pakinabang sa sangkatauhan at magpalaganap ng kapayapaan sa mundo. Subalit, may ilang mga halimbawa ng mga Muslim na malayo sa ganitong katuruan. Matatawag ba ang mga Muslim na ito na tagasunod ng totoong relihiyon?

Hinihikayat namin kayo na bigyan ng konsiderasyon ang mga sumusunod:

- Hindi lahat ng kumikilala sa kanilang mga sarili bilang Muslim o lumaki bilang Muslim ay nagsasabuhay at sumusunod sa lahat ng katuruang Islamiko. Katotohanan, maraming Muslim sa buong mundo ang nagpapabaya sa maraming mga katuruan ng Islam; ang malala pa dito ang ilang Muslim ay walang alam sa Islam maliban sa pangalang ito.
- Ang indibidwal na pagkakamali ng isang tao ay hindi dapat na isisi sa kanyang relihiyon o sektang kinaaaniban. Ito ay mali, halimbawa, kung ating i-uugnay ang pananakop ni Hitler sa kanyang relihiyon, o ang sabihin na ang Kristyanismo ay bayolente dahil si Hitler ay Kristiyano o kaya ang mga Atheist ay mga mamamatay tao dahil si Joseph Stalin na isang Atheist ay pumatay ng maraming tao.

“

Sa anumang mga pangyayari ang kamalian ng mga tao ay hindi dapat iniuugnay sa kanilang mga relihiyon o mga sekta o pangkat.

- Ang lahat ay nagpapatotoo sa kadakilaan at pagiging henyo ng ilang mga mabubuting modelo at kanilang tunay na pagsabuhay sa katuruan ng Islam at sa ispiritu ng kapayapaan, siyensya, at pag-unlad kung saan ang kasaysayan ay nagmumula sa ibat-ibang panig ng mundo, mula sa hangganan ng India sa Silangan hanggang Espanya sa Kanluran. Katunayan, ang maraming impluwensya ng mga mabubuting modelo na ito ay nananatiling nakikita sa atin sa kasalukuyan at nagsisilbing liwanag na gumagabay sa pagtahak sa landas ng kasalukuyang sibilisasyon. Meron ding mga mabubuting huwaran sa antas ng mga bansa na nagtataguyod sa pagpapanatili ng lumalagong kapayapaan ng pag-unlad ngayon, bilang karagdagan sa magkakaibang indibidwal na modelo sa lahat ng larangan ng Agham at ibang bansa sa buong mundo.
- Walang matinong tao ang tatanggi sa modernong medisina at pipigilan ang sarili sa pag-papagamot dahil lamang sa nakarinig siya ng kuwento ng mga hindi mabuting Doktor. Sa parehong sitwasyon, walang magulang na pipigilan ang anak sa pagpasok sa paaralan dahil lamang sa mga eskwelahan o Guro na inabuso ang kanilang propesyon. Kaya’t ang Islam ay marapat lamang na husgahan sa kadakilaan at lawak ng prinsipyo, hindi sa ilang mga Muslim na may hindi kaaya-ayang pag-uugali.

Higit na nakakagulat na sa likod ng mga maling propaganda laban sa Islam, maraming tao mula sa ibat-ibang dako ng mundo ang nakaka-unawa sa totoo at orihinal na mensahe ng Islam at patuloy sa pagyakap dito.

“

Walang matinong tao ang tututol sa pag-aaral at pipigilan ang kanilang mga anak mula sa pagpasok sa paaralan ng dahil lamang sa nalaman niya na ang ilang mga paaralan o mga guro ay umabuso sa marangal na propesyong ito.

Panibagong Pananaw


Ilang beses ka bang nag alinlangan sa pagdesisyon o nawalan o nalipasan ng oportunidad na ngayon ay pinag-sisisihan mo?

Ang pinakadakilang karangalan ng tao ay nakasalalay sa kanyang kalayaan at abilidad na magpasya para sa kanyang sariling kapakanan nang walang takot o pag-aalinlangan.

Kung ang pagpapakita ng matibay na paninindigan sa harap ng mga pagsubok at balakid ay isang anyo ng kata-pangan, para aminin na ikaw ay nagkamali kapag ang kato-tohanan ay naging malinaw, ay isang malaking laban, dahil ito ay tagumpay laban sa walang kabuluhan at sa sarili, at ang positibong epekto nito ay kadalasang agarang nakikita sa isang sarili at pagkatao.

Katulad na lamang nang pagkakataon na binigay mo sa iyong sarili upang malaman ang katuruan ng Islam mula sa saligan nito, huwag kang mag alinlangan na tumigil at pag isipan ang iyong nabasa.

Kung iyong naunawaan ang kagandahan ng relihiyong ito subalit kinakailangan mo pa ng mas malawak na pagsasa-lik sik upang higit itong maunawaan at ang buting maidudu-lot nito, may mga natatanging babasahin na sumasaklaw sa aralin na ito, at may mga maaring mapagtanungan at makakapagpaliwanag nito sa iyo.





Kami ay natutuwa na binasa mo ang buong libro, at kami ay umaasa na ito ay nagdulot ng masidhing mga katanungan o pinasigla ang ilan sa iyong haka-haka tungkol sa mga bagay na pinagkakasunduan at hindi pinagkakasunduan. Kami ay mas labis na masisiyahan na marinig ang iyong palagay o opinyon, o mga katanungan o mga pagtutol at ipinapangako namin na bibigyan ng matinding pansin ang iyong katugunan.

Para sa karagdagang impormasyon tungkol sa Islam:




THISISLAM.net



Ibahagi mo
sa amin ang
karanasan mo

info@modern-guide.com



- Interesado ka ba na magsaliksik pa tungkol sa ipinapakita ng media bilang kontrobersyal na relihiyon?
- Naisip mo ba kung bakit marami ang yumayakap sa Islam? At kung bakit ito ang isa sa pinakamabilis na dumami na paniniwala?
- Naisip mo din ba ang ibang kultura at kung paano naaapektuhan ng kanilang pananampalataya ang kanilang pamumuhay at pananaw sa buhay?
- Nais mo bang magkaroon ng malinaw na pag-unawa sa relihiyong Islam sa pamamagitan ng pagbabasa ng tama at hindi kulang o sobra na impormasyon?

Kung, 'Oo' ang sagot mo sa mga katanungang ito, kung gayon, isinulat namin ang aklat na ito para sa iyo.

